

TRUTH
CENTERED
TRANSFORMATION

Modyul 5



ANG HALAGA NG PERA

Gabay para sa Pasiliteytor

Truth Centered Transformation—Modyul 5: Ang Halaga ng Pera v3.2. Copyright ©2018^{SEP} Reconciled World, Phoenix, Arizona, United States of America. www.reconciledworld.org

Ang araling ito ay magagamit sa ilalim ng patakaran ng lisensya ng Creative Commons Attribution–ShareAlike 3.0. Ikaw ay pinapahintulutan at hinihimuk na iangkop, kopyahin, ipamahagi at magpahatid ng araling ito sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon:

Pagpapatungkol – Dapat mong kilalanin ang araling ito sa pamamagitan ng paglalagay ng mga sumusunod na pangungusap: Karapatang Magpalathala © 2018. Inilathala ng Reconciled World (www.reconciledworld.org) sa ilalim ng tuntunin ng lisensya ng “*Creative Commons Attribution-ShareAlike 3.0.*” Para sa mga karagdagang impormasyon, bisitahin at tingnan ang www.creativecommons.org.

Di-Pangkomersyal – Huwag gamitin ang araling ito sa pangnegosyong mga pamamaraan.



Kung ikaw ay interesadong isalin sa ibang wika ang materyal na ito, makipag-unayan sa info@tctprogram.org.

Lahat ng mga talata o siping ginamit sa araling ito, malibang nilathala ang bersyong ginamit ay hango mula sa Banal na Bibliya, “*Magandang Balita Biblia*,” (MBB) 2005 sa Matandang Tipan at 2012 para sa Bagong Tipan.

Ang Ingles na bersyong naman nito ay gumamit ng mga talata o sipi na mula sa, New International Version®, NIV®. Na may “Copyright ©1973, 1978, 1984, 2011” ng Biblica, Inc.TM. At pinahintulutang gamitin ng Zondervan. Lahat ng pang daigdigang karapatan ay inaangkin ng www.zondervan.com. Ang “NIV” o “New International Version” ay tatak-pangkalakal na nairihistro sa opisina ng “Patent at Trademark” sa Amerika ng Biblica, Inc.TM.

Bago Magsimula

Natatanging Tala para sa Pasiliteytor ng 'Ang Halaga ng Pera' Modyul

Sa manwal na ito ay may mga debosyon at araling inilakip. Ang mga debosyon ay dapat gamitin sa pasimula ng mga aralin bilang karaniwang bahagi ng aralin.

Sa pagkokontexto para sa iyong lugar, isaalang-alang ang sumusunod na mga bagay:

- Kilalanin ang karaniwang mga hamon na kinahaharap tungkol sa pagbibigay at/o pag-iikapu
- Kilalanin ang uri ng lingwaheng pananalapi o uri ng pera na ginagamit sa iyong lugar:
 - Bilang o numerong ginamit sa halaga ng pera
 - Peso ang ginamit sa manwal na ito ngunit maaari mo itong baguhin upang maging angkop sa inyong pananalapi



Panuto para sa Pasiliteytor: *Maglaan ng panahon upang iangkop ang mga numero sa badyet upang maging makatotohanan o malapit sa reyalidad na ginagalawan ng mga tao sa iyong pinaglilingkuran. Isang halimbawa na gawa sa 'Excel' ang inilakip para sa araling ito upang madali itong maintindihan.*

Paghahanda para sa Pagpapasilita ng isang Aralin

1. Basahing lahat ang **Gabay para sa Pasiliteytor** nang mabuti at nang maraming ulit kung maaari. Guhitan o gumawa ng mga tala sa gilid ng mga pahina upang madaling maalala ang mahahalagang mga katotohanan.
2. Tingnan ang **Pangunahing mga Ideya** mula sa unahan bawat aralin upang iyong malaman kung ano ang mga aralin na dapat matutunan ng mga kalahok sa pagtatapos ng bawat aralin.
3. Basahin ang lahat ng mga **talata o sipi** mula sa **Biblia** bago pa man magpasilita. *[Ang mga ito ay inilakip na sa bawat aralin – idinagdag ng nagsalin]*
4. Markahan ang mga **kakailanganin o gagamiting mga materyal** para sa bawat aralin at **magpakopya o magpa-imprenta ng mga Talaan ng Kalahok** at **lumikha ng mga tulong sa pag-aaral o "visual aids" na gagamitin** sa aralin.
5. Pakasiguruhin na alam na alam mo ang bawat aktibidad sa mga aralin tulad ng: (dula, palaro, at mga visual aids). Maaari mo itong insayuhin kasama ang iyong pamilya o mga kaibigan.
6. Maglaan ng oras para **manalangin** upang ihanda ng Diyos ang mga kalahok, at upang marinig ng mga kalahok ang nais ng Diyos na kanilang malaman, at upang tulungan ka ng Diyos sa iyong pagpapasilita ng araling ito. **Tandaan na tanging sa pamamagitan lamang ng Diyos at Kanyang lakas na ating masasaksihan ang pagbabago sa buhay ng mga tao.**

Paano Gamitin ang Gabay para sa Pasiliteytor

1. **Mga Ideya at mga Materyal:** Ang bawat aralin ay nagsisimula ng ganitong seksyon.
 - a. **Pangunahing mga Ideya** – Maraming mga magagandang ideya sa bawat aralin, at dapat itong malinaw na maunawaan ng bawat kalahok sa pagtatapos ng bawat aralin. Magandang tanungin ang sarili kung sa iyong bang palagay ay maalala ng mga kalahok ang pangunahing mga ideya pagkatapos mong ipasilita ang aralin. **Palagi ang maglaan ng panahon upang muling aralin ang mga Pangunahing mga Ideya** upang matulungan silang matandaan ang mga ito.

- b. **Mga Materyal** – Ang mga espisipikong mga kinakailangang gagamiting mga bagay ay nakalista sa bawat aralin, ganun din ang mga makakatulong sa pag-aaral (visual aids), at ang Talaan ng Kalahok (Student’s Note). Ang Gabay na ito para sa Pasiliteytor ay nagpapahiwatig kailan gagamitin ang mga sumusunod:
- Talaan ng Kalahok – Makakakita ka ng isang “icon” sa kanang bahagi ng pahina tulad nito kapag  gagamitin ang isang bahagi nito.
 - Tulong sa Pagpapasilita – Makakakita ka ng “icon” sa kaliwang bahagi ng pahina na tulad nito  kapag ang isang tulong sa pagpapasilita ay gagamitin.
 - Tanging sa Gabay ng Tagapagpasilita lamang makikita (wala ito sa Talaan ng Kalahok). Ito ay mahahalagang Katotohanan na dapat bigyan ng diin. - [dagdag ng nagsalin]



Seksyon 1: Debosyonal na mga Aralin

Debosyonal na Aralin # 1:

Biblikal na Pananaw Patungkol sa Pera

Unang Bahagi

Pangunahing mga Ideya

- HINDI dapat maging pokus o tuon ang pera
- Kailangan nating magtrabaho ng maigi upang makapaglaan nang sapat na halaga para sa pangangailangan ng ating pamilya at makapagbigay din sa mga mahihirap

Gagamiting Materyal

- Talaan ng Kalahok: Debosyonal na Aralin # 1 (bigyan ng isang kopya ang bawat kalahok)

Panimula



TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO

- Ano ang ilang sa mga talata mula sa Biblia patungkol sa pera na alam mo?
- Anong mga prinsipyo ang ating matututunan mula sa mga talatang iyon?
- Sa iyo bang palagay ay may malasakit ang Diyos sa kung paano nating gamitin ang pera?
- Mas espiritwal ba ang pagiging mayaman o ang pagiging mahirap?

Ang Bibliya ay may maraming masasabi patungkol sa pera. Sa katotohanan nga, doble ang dami ng mga talata patungkol sa pera kaysa sa pinagsamang paksa tungkol sa pananampalataya at panalangin. Maliwanag para sa Diyos, na Kanya itong iniisip na isang mahalagang paksa. Ang pera ay may kakayahang matulungan o pabagsakin tayo. Sapagkat ito ay isang bagay na ating palagiang pinakikitunguhan. Kailangan nating matutunan paano gamitin ang pera sa paraang kalugod-lugod sa Diyos.

Hindi Dapat Nating Maging Pokus o Tuon Ang Pera



TALAKAYAN SA MALILIIT NA MGA GRUPO

Panuto para sa Pasiliteytor: Ipamahagi ang Talaan ng Kalahok: Debosyonal na Aralin # 1. Sa maliit na mga grupo na may 3-4 na miyembro, gawin ang unang kalahating bahagi ng aralin, at pagkatapos ay mag-ulat.

Basahin ang Mateo 6:19-24; 33

Ang siping ito ay bahagi ng “Ang Sermon sa Bundok.” Dito ang Panginoong Jesus ay nangungusap sa Kanyang mga disipulo, na Kanyang sinasabi sa kanila ang tungkol sa buhay sa Kaharian ng Diyos.

Mateo 6:19-24; 33 ¹⁹“Huwag kayong mag-impok ng mga kayamanan dito sa lupa; dito’y may naninirang insekto at kalawang, at may nakakapasok na magnanakaw. ²⁰Sa halip, mag-impok kayo ng kayamanan sa langit; doo’y walang naninirang insekto at kalawang, at walang nakakapasok na magnanakaw. ²¹Sapagkat kung saan naroroon ang iyong kayamanan, naroroon din ang iyong puso.” ²²“Ang mata ang ilaw ng katawan. Kung malinaw ang iyong paningin, mapupuno ng liwanag ang iyong buong katawan. ²³Ngunit kung malabo ang iyong paningin, mapupuno ng kadiliman ang iyong buong katawan. At kung ang ilaw mo’y madilim, ikaw nga ay tunay na nasa kadiliman.” ²⁴“Walang aliping makakapaglingkod sa dalawang panginoon, sapagkat kapopootan niya ang isa at iibigin ang ikalawa, paglilingkuran nang tapat ang isa at hahamakin ang ikalawa. Hindi ninyo maaaring paglilingkuran nang pareho ang Diyos at ang kayamanan. ³³Ngunit higit sa lahat ay bigyang-halaga ninyo ang kaharian [ng Diyos] at ang pamumuhay nang ayon sa kanyang kalooban, at ibibigay niya sa inyo ang lahat ng mga bagay na ito.”

- Ano ang ating matututunan mula sa mga talatang ito tungkol sa pera?
- Ano ang ibig sabihin ng “paglingkuran ang kayamanan” o ang pera?
 - *Hayaang ang pera ang manguna sa atin. Tayo ay makontrol ng pera, sa pamamagitan ng pagsisikap na makuha ito o mabalisa tayo tungkol dito o palagi ang pagsisikap na magkaroon pa nang higit nito.*
- Ibig sabihin ba nito na hindi natin dapat isipin ang tungkol sa pera?
 - *Hindi, dapat din natin isipin ang pera ngunit huwag nating payagang kontrolin tayo nito. Kailangan nating maging marunong o matalinong katiwala.*
- Ano ang ibig sabihin ng “mag-impok ng mga kayamanan sa langit?” Paano natin ito magagawa?
- Paano natin masasabi na ang katuruan ng ating Panginoong Jesus ay kaka-iba sa atin?
- Ano ang sinasabi ng siping ito patungkol sa kung saan dapat natin itaon ang ating pokus?

Basahin ang **I Timoteo 6:6-11** *“6 Sa katunayan, may malaki ngang pakinabang sa relihiyon kung ang tao’y marunong masiyahan. 7 Wala tayong dinalang anuman sa sanlibutan, at wala rin tayong madadalang anuman pag-alis dito. 8 Kaya, dapat tayong masiyahan kung tayo’y may pagkain at pananamit. 9 Ang mga nagnanasang yumaman ay nahuhulog sa tukso at nasisilo sa bitag ng masasama at mga hangal na hangarin na nagtutulak sa kanila sa kamatayan at kapahamakan. 10 Sapagkat ang pag-ibig sa salapi ay ugat ng lahat ng kasamaan. Dahil sa paghahangad na yumaman, may mga taong nalalayo sa pananampalataya at nasasadlak sa maraming kapighatian. 11 Ngunit ikaw na lingkod ng Diyos, umiwas ka sa mga bagay na ito. Sikapin mong mamuhay nang matuwid, maka-Diyos, may pananampalataya, pag-ibig, pagtitiis at kaamuan.”*

- Anong pag-uugali ang dapat mayroon tayo patungkol sa pera?
 - *Kung meron na tayong sapat para sa damit at pagkain, dapat na tayong maging kuntento.*
- Bakit mapanganib ang magpokus sa pera o mahal in ito?
 - *Mas madaling magkasala o matukso na gumawa ng mali makakuha o kumita lamang ng pera.*
 - *Mahirap maging mapagbigay kapag minamahal natin ang pera.*
 - *Mas madaling kaligtaan ang Diyos, ang Kanyang mga gawain, at magmahal ng iba kung lagi nating pinagsisikapang magkaroon ng higit na maraming pera.*

PAG-UULAT

Gaya ng nakita natin mula sa mga talata, hindi dapat natin mahalin ang pera o habulin ito sa buhay. Kapag tayo ay namatay ay hindi naman natin madadala ang ating pera o anumang bagay. Ang mahalagang bagay ay hindi kung magkano ang mayroon tayo, kundi kung tayo ay isang Kristiano at paano natin ginugol ang ating buhay dito. Ang ating pokus sa buhay na ito ay hindi sa pagkamal ng maraming pera kung posible. Ang ating atensyon ay dapat sa paraan nang pamumuhay na nagbibigay dangal sa Diyos.

Mabuti ang Trabaho

TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO

Minsan ay napagkakamalian nating unawain ang itinuturo ng Bibliya tungkol sa pera at ating pinaniniwalaan na ang pera at trabaho ay parehong di-mabuti. Kailangan nating magtrabaho ng maigi, ngunit hindi sa kadahilangang nais lamang nating kumita ng maraming pera para sa ating personal na pangangailangan. Ito ay kasakiman. Ang Biblia ay nagbibigay sa ating ng iba pang mga kadahilanan bakit kailangan nating magtrabaho ng maigi upang kumita ng pera.

Basahin ang **II Tesalonica 3:6-15** *“6 Mga kapatid, iniuutos namin sa inyo sa pangalan ng Panginoong Jesu-Cristo na layuan ninyo ang sinumang kapatid na tamad at ayaw sumunod sa mga turo na ibinigay namin sa inyo. 7 Alam naman ninyo na dapat ninyong tularan ang aming ginawa. Hindi kami naging tamad nang kami’y kasama pa ninyo. 8 Hindi kami nakikain kaninuman nang walang bayad. Nagtrabaho kami araw-gabi upang hindi makabigat kaninuman sa inyo. 9 Ginawa namin ito hindi dahil sa wala kaming karapatan sa inyong*

tulong, kundi upang kayo'y bigyan ng halimbawang dapat tularan. ¹⁰ Nang kami ay kasama pa ninyo, ito ang itinuro namin sa inyo, “Ang ayaw magtrabaho ay hindi dapat kumain.” ¹¹ Binanggit namin ito dahil nabalitaan naming may ilan sa inyong ayaw magtrabaho, at walang inaatupag kundi ang makialam sa buhay ng may buhay. ¹² Sa pangalan ng Panginoong Jesu-Cristo, mahigpit naming iniuutos sa mga taong ito na sila'y maghanapbuhay nang maayos at huwag umasa sa iba. ¹³ Mga kapatid, huwag kayong magsasawa sa paggawa ng mabuti. ¹⁴ Maaaring mayroon sa inyo diyan na hindi susunod sa sinasabi namin sa sulat na ito. Kung magkagayon, tandaan ninyo siya at huwag kayong makisama sa kanya, upang siya'y mapahiya. ¹⁵ Ngunit huwag naman ninyo siyang ituring na kaaway; sa halip, pagsabihan ninyo siya bilang kapwa mananampalataya.”

Labis na naguluminahan ang Apostol Pablo sa balitang kanyang natanggap na may mga miyembro na mula sa Tesalonica na hindi nagtatrabaho.

- Anong pag-uugali mayroon si Pablo tungo sa pagtatrabaho?
- Bakit n'ya piniling magtrabaho, sa halip na gamitin niya ang kanyang buong panahon sa pagsasanay sa mga miyembro ng iglesia?
- Ano ang sinasabi ni Pablo na dapat mangyari sa sinumang hindi magtatrabaho nang maigi?

Basahin ang **I Timoteo 5:8** “Ang sinumang hindi kumakalinga sa kanyang mga kamag-anak, lalo na sa mga kabilang sa kanyang pamilya, ay tumalikod na sa pananampalataya, at mas masama pa kaysa sa isang di-mananampalataya.”

- Ano ang sinasabi ni Pablo patungkol sa pagpupuno ng pangangailangan ng kayang pamilya?
- Sa inyong palagay, bakit gumamit si Pablo ng marahas na pangungusap laban sa di-pagpupuno ng pangangailangan ng kanyang pamilya?
 - Si Pablo ay nangusap ng marahas laban sa mga hindi nagpupuno sa pangangailangan ng kanyang sariling pamilya. Hindi tayo nilikha ng Diyos na walang gagawin sa pangangailangan ng ating pamilya, sa halip ay ginawa natin itong ating pangsariling responsibilidad. Hindi tinutukoy ng Diyos ang mga nagsisipag sa pagtatrabaho ngunit walang sapat na kinikita, sa halip ang kanyang tinutukoy ay yaong mga tamad o yaong mga tao na ginugugol ang kanilang buhay sa ibang bagay na kanilang kinaliligtaan ang pangangailangan ng kanilang sariling pamilya.

Basahin ang **Efeso 4:28** “Ang magnanakaw ay huwag nang magnakaw; sa halip, magtrabaho siya nang marangal para sa sariling ikabubuhay at makatulong sa mga nangangailangan.”

- Ano ang sinasabi ni Pablo patungkol sa pagtatrabaho?
- Bakit natin kinakailangang magtrabaho?
 - Hinihimuk ni Pablo ang mga taga-Efeso na magtrabaho upang makatulong din sa mga nangangailangan.

Bilang mga anak ng Diyos, tayo ay tinawag upang magtrabaho ng maigi gamit ang ating mga kakayahan, at upang tayo'y kumita para sa ating sarili at para na rin sa mga nangangailangan, sila man ay ang ating manggagawa o ang mga mahihirap. Habang ang pagmamahal sa pera ay di-maganda, ang kumita ng pera para sa pamilya at para sa ibang tao ay nagdadala ng dangal sa Diyos.

Basahin ang **Genesis 2:2** “Tinapos niyang likhain ang lahat ng ito sa loob ng anim na araw, at siya'y nagpahinga sa ikapitong araw.”

- Sino ang unang manggagawa o nagtrabaho?
- Ano ang ibig sabihin para sa atin nang halimbawa ng pagtatrabaho ng Diyos?
 - Ang Diyos ang unang naging manggagawa o nagtrabaho. Ang Bibliya ay nagsasabi na tayo ay nilikha sa imahen ng Diyos. Ibig sabihin nito ay nilikha tayo na may kakayahang gumawa

o magtrabaho rin. Nabibigyan natin ng karangalan at naluluwalhati natin ang Diyos kapag ating sinusunod ang Kanyang halimbawa.

Basahin ang **Genesis 2:15, 18** ^{“15} *Inilagay ng Panginoong Yahweh ang tao sa halamanan ng Eden upang ito’y pagyamanin at pangalagaan.* ¹⁸ *Matapos gawin ang lahat ng ito, sinabi ng Panginoong Yahweh, “Hindi mabuti na mag-isa ang tao; bibigyan ko siya ng isang angkop na makakasama at makakatulong.”*

- Sa anong dahilan inilagay ng Diyos ang tao (si Adan) sa hardin?
- Sa anong dahilan nilikha ng Diyos ang babae (si Eva)?
 - *Inilagay ng Diyos ang tao (sina Adan at Eva) sa hardin upang magtrabaho at alagaan ito. Pagkatapos, sa talatang 18, sinabi ng Diyos na hindi mabuti na mag-isa ang tao (si Adan pa lamang) sa kanyang trabaho at Kanyang nilikha ang babae (si Eva) na maging isang malakas na makakatulong. Ibig sabihin nito ay nilikha ang dalawa (sina Adan at Eva o ang lalaki at babae) na maging manggagawa o magsipagtrabaho, bagaman sa bahagyang magkaibang paraan at magkaibang papel o tungkulin.*

Basahin ang **Exodo 20:8-10** ^{“8} *“Lagi mong tandaan at ilaan para sa akin ang Araw ng Pamamahinga.* ⁹ *Anim na araw kang magtatrabaho, at tapusin mo ang dapat gawin.* ¹⁰ *Subalit ang ikapitong araw ay para kay Yahweh na iyong Diyos; ito ay Araw ng Pamamahinga. Sa araw na ito’y huwag magtrabaho ang sinuman sa inyo; kayo, ang inyong mga anak, mga aliping lalaki o babae, ang inyong mga alagang hayop, ni ang mga dayuhang nakikipamayon sa inyo.”*

- Ilang araw tayo marapat magtrabaho o gumawa?
- Ilang araw tayo marapat magpahinga?
 - *Hindi dapat nating gugulin ang ating mga araw na walang ginagawa o ginawa at magtrabaho tayo sa lahat ng araw upang kumita na hindi nagpapahinga ng isang araw sa isang linggo. Nang ibinigay ng Diyos ang kautusang ito, Siya’y nangungusap sa mga tao na ang hanap buhay ay ang may kinalaman sa Agrikultura. Kahit na minsan, na ang ating ilang mga araw ay tila бага wala masyadong trabaho at may mga araw naman na di na tayo magkamayaw sa dami ng ginagawa, kailangan pa rin nating bigyan karangalan ang Diyos sa kung paano natin ginugugol ang ating mga araw o panahon.*

PAGMUMUNI-MUNI

Maglaan ng 2 minuto ngayon upang matahimik na paka-isipin ang tungkol sa mga tanong na ito:

- Sumusunod ka ba sa ipinag-uutos ng Diyos kaugnay sa pagtatrabaho o sa paghahanap-buhay?
- Anong mga pagbabago, kung meron, ang kailangan mong gawin?

KASAMA ANG ISANG KAPAREHA

Talakayin ang sumusunod na mga tanong na isinasa-alang-alang ang sariling mga buhay at manalangin para sa isa’t-isa. Ang mga tanong ay nakalista sa ibaba.

Hindi dapat nating maging pokus o tuon ang pera:

- Minamahal ko ba ang pera? Palagian ko bang iniisip paano magkaroon ng maraming pera?
- Kuntento na ba ako sa kung ano ang mayroon ako?
- Nag-iipon o nag-iimpok ba ako ng kayamanan sa langit o sa mundo?

Mabuti ang trabaho:

- Lagi ba akong nagtatrabaho ng maigi?
- May kakayahan ba akong punan o suportahan ang aking pamilya?
- Sino ang mga nangangailangan sa aking komunidad? Paano ko matutulungan sila, bilang indibidwal at/o bilang isang grupo?



Debosyonal na Aralin # 2:

Biblikal na Pananaw Patungkol sa Pera

Ikalawang Bahagi

Pangunahing Mga Ideya

- Ang Diyos ay nangakong pupunan ang ating pangangailangan. Kung tayo ay nagkukulang sa ating pangunahing pangangailangan, kailangan nating makita kung ano ang dahilan nito.
- Kailangan nating pamahalaan ang pera o kinikita, nang mabuti

Gagamiting Materyal

- Talaan ng Kalahok: Debosyonal na Aralin # 2 (bigyan ng isang kopya ang bawat kalahok)

Panimula

TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO

Atin nang natutunan na hindi natin dapat maging pokus ang pera, at dapat tayong magtrabaho ng maigi upang magkaroon ng sapat na kita para sa ating pamilya at makapagbigay din sa mga mahihirap.

- Ano pa ang sinasabi ng Bibliya tungkol sa pera?
- Ano ang ilan sa mga pangako ng Diyos sa Bibliya na hinihimuk sa atin kapag tayo ay nagtatrabaho upang mapunan ang pangangailangan ng pamilya at makapagbigay sa mga mahihirap?

Tingnan naman natin paano nangako ang Diyos punan ang ating pangangailangan, at ano ang inaasahan ng Diyos sa ating pamamahala ng ating mga kinita o pera.

Panuto para sa Pasiliteytor: Ipamahagi ang mga Talaan ng Kalahok: Debosyonal na Aralin # 2. Basahin muna ang **Mateo 6:25-33** ng sama-sama at sagutin ang tanong ng sama-sama. Pagkatapos ay ipabasa sa bawat grupo ang mga talata at ipabuod sa kanila ang pangunahing ideya na kanilang natagpuan sa talata o mga talata. Kung may panahon pa ay maaari nilang tingnan pa ang iba pang mga talata at ibuod ito. Kung wala kang kopya ng Talaan ng Kalahok, ibigay sa mga grupo ang mga talata -- huwag ang pangunahing ideya.

Ang Diyos ay nangakong pupunan ang ating pangangailangan

Basahin ang **Mateo 6:25-33** ²⁵ “Kaya’t sinasabi ko sa inyo, huwag kayong mabalisa tungkol sa inyong kakainin at sa [inyong iinumun] upang kayo’y mabuhay o kaya’y tungkol sa susuutin ng inyong katawan. Hindi ba’t ang buhay ay higit na mahalaga kaysa pagkain at ang katawan kaysa damit? ²⁶ Masdan ninyo ang mga ibon. Hindi sila nagtatanim ni umaani man o kaya’y nagtitipon sa kamalig, ngunit pinapakain sila ng inyong Ama na nasa langit. Hindi ba’t higit kayong mahalaga kaysa mga ibon? ²⁷ Sino sa inyo ang makakapagpahaba ng kanyang buhay nang kahit isang oras sa pamamagitan ng kanyang pagkabalisa? ²⁸ “At bakit kayo nababalisa tungkol sa pananamit? Isipin ninyo kung paano tumutubo ang mga bulaklak sa parang; hindi sila nagtatrabaho ni gumagawa ng damit. ²⁹ Ngunit sinasabi ko sa inyo, kahit si Solomon sa kanyang karangyaan ay hindi nakapagdamit nang singganda ng isa sa mga bulaklak na ito. ³⁰ Kung dinadamitan ng Diyos ang damo sa parang, na buhay ngayon, at kinabukasan ay iginagatong sa kalan, kayo pa kaya? Kay liit ng inyong pananampalataya sa kanya! ³¹ “Kaya’t huwag kayong mag-alala na baka kayo kapusin sa pagkain, inumin o damit. ³² Hindi ba’t ang mga Hentil ang nababahala tungkol sa mga bagay na ito? Alam na ng inyong Ama na nasa langit na kailangan ninyo ang lahat ng ito. ³³ Ngunit higit sa lahat ay bigyang-halaga ninyo ang kaharian [ng Diyos] at ang pamumuhay nang ayon sa kanyang kalooban, at ibibigay niya sa inyo ang lahat ng mga bagay na ito.”

Ano ang ipinapangako ng siping ito?

Sa mga talatang ito ay ating makikita na ang Diyos ay nangakong pupunan ang ating pangangailangan kung ating S'yang uunahin.

TALAKAYAN SA MALILIIT NA MGA GRUPO

Ang Bibliya ay nagkakaloob din ng mga kadahilanan bakit natin nakikita na wala tayong sapat na pera. Atin tingnan ang mga ito ngayon.

Mga dahilan bakit natin nakikita ang ating sarili na walang sapat na pera:

- **Katamaran – Kawikaan 10:4, 13:4; 24:30-34** “10:4 *Ang kamay na tamad ay tiyak na magdarahap, ngunit magbubunton ng yaman ang kamay na masinop.*”; 13:4 “*Ang tamad ay nangangarap ngunit hindi natutupad, ang hangarin ng masikap ay laging nagaganap.*”; 24:30-34 “³⁰ *Napadaan ako sa bukid at ubasan ng isang tamad at mangmang.* ³¹ *Ito'y puno ng matinik na damo, at gumuho na ang bakod nito.* ³² *Ang nakita ko'y pinag-isipan kong mabuti at may nakuha akong magandang aral.* ³³ *Kaunting tulog, bahagyang idlip, sandaling pahinga at paghalukipkip,* ³⁴ *samantalang namamahinga ka ang kahirapa'y darating na parang armadong magnanakaw upang kunin ang lahat ng iyong kailangan.*”
 - **Kailangan nating masiguro na tayo ay nagtatrabaho ng maigi o nagsusumikap tayo at hindi walang ginagawa.**
- **Kawalan ng Kakuntentuhan / Kasakiman – Kawikaan 28:25** “*Ang taong gahaman ay lumilikha ng kaguluhan, ngunit ang nagtitiwala kay Yahweh, uunlad ang kabuhatan.*”
 - **Hindi ipinangako ng Diyos na tayo ay yayaman sa halip ay Kanyang ipinangako ang kapunuan sa ating pangangailangan. Mayroon ba tayong kakulangan o hindi lamang tayo kuntento sa lahat na ibinigay na nang Diyos sa atin?**
- **Maibigin sa Kalayawan – Kawikaan 21:17; 23:20-21** “21:17 “*Ang taong maluho at mahilig sa alak ay di yayaman, bagkus sa hirap siya'y masasadlak.*”; 23:20-21 “²⁰ *Huwag kang makikisama sa mga lasenggo at sa masiba sa pagkain.* ²¹ *Pagkat sila'y masasadlak sa kahirapan, at darating ang panahong magdadamit ng basahan.*”
 - **Ang mga ito ay maaring maliliit na kalayawan lamang tulad ng sigarilyo, alak, pagkain, at iba pa. Tingnan kung paano mo ginugugol ang iyong pera — ito ba ay ginagamit sa kalayawan o sa mga bagay na iyong ganap na kinakailangan?**
- **Kadamutan – Kawikaan 11:24** “*Ang taong mapagbigay ay lalong yumayaman, ngunit naghihirap ang tikom na mga kamay.*”
 - **Ikaw ba ay mapagbigay gaya nang ipinag-uutos ng Diyos? Sinabi ng Diyos sa atin sa Kanyang salita na kung di tayo magbibigay ay hindi N'ya tayo pagpapalain. S'ya ay nagbibigay sa atin gamit ang kaparehong sukat na ating ginamit sa pagbibigay [at kalimitan ay higit pa ang ibinibigay ng Diyos sa atin kaysa sa ating ibinigay – (personal na karanasan ng nagsalin)].**
- **Kamangmangan - Kawikaan 3:13-16** “¹³ *Mapalad ang isang taong nakasumpong ng karunungan, at ang taong nagsisikap, unawa ay nagtatamo.* ¹⁴ *Higit pa sa pilak ang pakinabang dito, at higit sa gintong lantay ang tubo nito.* ¹⁵ *Sa alinmang alahas ay higit ang karunungan, at walang kayamanang dito ay maipapantay.* ¹⁶ *Mahabang buhay ang dulot ng kaalaman, may taglay na kayamanan at may bungang karangalan.*”
 - **Sikapin nating patuloy na matuto o mag-aral. Paano natin ito magagawa? – [mula sa nagsalin]**
- **Pagsuway sa Diyos – Kawikaan 28:13** “*Ang nagkukubli ng kanyang sala ay hindi mapapabuti, ngunit kahahabagan ng Diyos ang nagbabalik-loob at nagsisisi.*”, **II Cronica 24:20** “*Dahil dito, lumukob ang Espiritu ng Diyos kay Zacarias na anak ng paring si Joiada. Tumayo siya sa harap ng bayan. Sinabi niya, “Ito ang sinabi ng Diyos: ‘Bakit ninyo nilalabag ang mga utos ni Yahweh? Bakit ninyo ipinapahamak ang inyong mga sarili. Sapagkat itinakwil ninyo siya, itinakwil din niya kayo!’”*”
 - **Paano natin ipinapakita na ang ating buhay ay sumusunod sa Diyos? [mula sa nagsalin]**



PAG-UULAT

Panuto para sa Pasiliteytor: *Hingin ang natutunan ng bawat grupo. Pakasiguruhin na malinaw sa lahat ang anim na dahilan bakit natin nakikita ang ating mga sarili na walang sapat na pera.*

Isa pang kadahilanan bakit natin nakikita ang ating sarili na walang sapat na pera ay ang **kawalan ng katarungan**. Manalangin na tayo’y tulungan ng Diyos. Ang Diyos ay kaibigan ng mga naaapi at ng mga taong nakakaranas ng kawalan ng katarungan.



Kung iyong nararamdaman na wala kang sapat na pera at iyong pinagtatakanan bakit hindi ito pinupunan ng Diyos o sa iyong pakiramdam ay hindi pinupunan ng Diyos ang iyong pangangailangan na Kanya namang ipinangakong ibigay, kailangan mong suriin ang iyong buhay sa mga erya na nakalista sa itaas. Hilingin sa Diyos na ipakita sa iyo paano ka naging may sala sa mga bagay na ito. Iyong pagsisihan ito at hilingin S’yang patawarin ka at hilingin ding ipakita o ituro sa iyo paano mo ito babaguhin.

- Sa iyong pananaw, alin sa mga dahilan ito ang karaniwan sa iyong komunidad? Bakit?
- Mayroon bang mga paraan upang maiwasan natin ito sa ating sariling buhay?
- Mayroon pa bang ibang mga dahilan na iyong naiisip?
- Paano natin mahihimuk ang isang pamilya na ang Diyos ay nangakong pupunan ang kanilang pangangailangan?

Pamamahala ng Ating Pera o Kinita

TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO

Basahin ang **Mateo 25:14-30** ¹⁴ “Ang paghahari ng Diyos ay maitutulad sa isang taong maglalakbay. Kaya’t tinawag niya ang kanyang mga tauhan at ipinagkatiwala sa kanila ang kanyang ari-arian. ¹⁵ Binigyan niya ng salaping ginto ang bawat isa ayon sa kanilang kakayahan. Binigyan niya ang isa ng limanlibong salaping ginto, ang isa nama’y dalawang libong salaping ginto, at ang isa pa ay isanlibong salaping ginto. Pagkatapos nito, siya’y umalis. ¹⁶ Kumilos agad ang tumanggap ng limanlibong salaping ginto at ipinangalakal iyon. Kumita siya ng limanlibong salaping ginto. ¹⁷ Gayundin naman, ang tumanggap ng dalawang libong salaping ginto ay kumita pa ng dalawang libong salaping ginto. ¹⁸ Ngunit ang tumanggap ng isanlibong salaping ginto ay humukay sa lupa at itinago ang salaping ginto ng kanyang panginoon. ¹⁹ “Pagkaraan ng mahabang panahon, bumalik ang panginoon ng mga tauhang iyon at sila’y pinag-ulat. ²⁰ Lumapit ang tumanggap ng limanlibong salaping ginto at sinabi, ‘Panginoon, ito po ang limanlibong salaping ginto na iniwan ninyo sa akin. Heto naman po ang limanlibong salaping ginto na tinubo nito.’ ²¹ “Sinabi sa kanya ng panginoon, ‘Magaling! Tapat at mabuting lingkod! Halika, samahan mo ako sa aking kagalakan. Naging tapat ka sa kaunting halaga, kaya gagawin kitang tagapamahala ng malaking halaga.’ ²² “Lumapit din ang tumanggap ng dalawang libong salaping ginto at ang sabi, ‘Panginoon, ito po ang iniwan ninyo sa aking dalawang libong salaping ginto. Heto naman po ang dalawang libong salaping ginto na tinubo nito.’ ²³ “Sinabi ng kanyang panginoon, ‘Magaling! Tapat at mabuting lingkod! Naging tapat ka sa kaunting halaga, kaya’t pamamahalaing kita sa malaking halaga. Samahan mo ako sa aking kagalakan!’ ²⁴ “Lumapit naman ang tumanggap ng isanlibong salaping ginto at sinabi, ‘Alam ko pong kayo’y mahigpit at pinipitas ninyo ang bunga ng hindi ninyo itanim at inaani ninyo ang hindi ninyo inihasik. ²⁵ Natakot po ako, kaya’t ibinaon ko sa lupa ang inyong salaping ginto. Heto na po ang inyong salapi.’ ²⁶ “Sumagot ang kanyang panginoon, ‘Masama at tamad na lingkod! Alam mo palang pinipitas ko ang bunga ng hindi ko itanim at inaani ko ang hindi ko inihasik, ²⁷ bakit hindi mo na lamang inilagay sa bangko ang aking salapi! Kahit paano’y may tinubo sana ito! ²⁸ Kunin ninyo sa kanya ang isanlibong salaping ginto at ibigay sa may sampung libong salaping ginto. ²⁹ Sapagkat ang mayroon ay bibigyan pa, at magkakaroon ng sagana; ngunit ang wala, pati ang kakaunting nasa kanya ay kukunin pa. ³⁰ Itapon ninyo sa kadiliman sa labas ang walang silbing taong iyan! Doo’y mananangis siya at magngangalit ang kanyang mga ngipin.’”



Sa talinghagang ito ay itinuturo ng Diyos sa atin ang tungkol sa pagiging mabuting katiwala sa lahat nang ipinagkaloob sa atin. Ang Isang Taong Manglalakbay sa kwento ay ang Diyos at ang perang Kanyang iniwan sa Kanyang mga alipin ay tulad ng pera at talento na kanyang ibinigay sa ating lahat.

- Ang lahat ng tao ba ay nakatanggap ng pareparehong halaga ng pera?
- Ano ang nangyari sa unang dalawang tao?
- Ano ang nangyari sa huling tao? Bakit galit ang May-Ari sa taong ito?
- Ano ang ibig sabihin ng kwentong ito para sa iyo?



Hindi lahat sa atin ay binigyan ng pareparehong halaga ng pera o talento. At hindi tayo huhusgahan ng Diyos ayon sa kung magkano ang ibinigay sa atin. Sa halip ay kung paano natin ginamit ang ibinigay sa atin. Kanyang inaasahan na atin itong gagamitin nang may katalinuhan at kailanman ay hindi sa patapon na paraan o ating sasayangin ang Kanyang mahalagang regalo sa atin. Inaasahan ng Diyos na ating gagamitin ang perang Kanyang ipinagkaloob sa atin para sa ating pamilya (**I Timoteo 5:8**) at para rin sa mga mahihirap (**Efeso 4:28**).

KASAMA ANG ISANG KAPAREHA

Talakayin ang sumusunod na mga tanong na isinasa-alang-alang ang sariling buhay at pagkatapos ay manalangin para sa isa't-isa.



- Palagian ba nating ginugugol ang ating pera o kinita ng may karunungan?
- Paano tayo magiging mas matalino patungkol sa ating pera o kinikita?

Debosyonal na Aralin # 3:

Pangkaraniwang Pinagkakamalian sa Pamamahala ng Pera

Unang Bahagi

Pangunahing Mga Ideya

May mga pangkaraniwang pinagkakamalian nagagawa sa pamamahala ng pera. Maaari nating matutunan ang mga ito upang maiwasan. Ang mga pagkakamaling ito ay:

- Hinding-hindi ako nag-iisip tungkol sa pera!
- Kung meron ako, bakit hindi ko gagastusin o gagamitin ito!
- Wala akong sapat na pera!
- Hindi na ako makapag-hintay, kailangan ko nang manghiram o mangutang!

Gagamiting Materyal

- Talaan ng Kalahok: Debosyonal na Aralin # 3 (bigyan ng isang kopya ang bawat kalahok)

Panuto para sa Pasiliteytor – *Ito ay isinulat na dalawang maikling debosyonal na aralin – Ang Una at Ikalawang Bahagi. Ganun pa man, kung ikaw ay gumagawa ng 3-araw na pagsasanay, maaari mo itong pagsamahin para sa kakaibang mas mahabang debosyon.*

Panimula

TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO

- Ano-ano ang ilan sa mga pangunahing prinsipyo tungkol sa pera ang atin nang mga natutunan [o muling ipina-alala sa atin] – mula sa nagsalin?

Ngayon ay ating titingnan ang 4 sa 8 pangkaraniwang pinagkakamalian sa pamamahala ng pera.

- Sa iyong palagay, anu-ano ang ilan sa mga ito?

Pagkakamali 1: Hinding-hindi ako nag-iisip tungkol sa pera!

TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO

Basahin ang **Lucas 12:42-47** ⁴²“Sumagot ang Panginoon, “Sino nga ba **ang tapat at matalinong katiwala?** Sino ang katiwalang pamamahala ng kanyang panginoon sa kanyang sambahayan upang **magbigay sa ibang mga alipin ng kanilang pagkain** sa takdang oras?” ⁴³Pinagpala ang aliping madaratnang **gumaganap ng tungkulin** pag-uwi ng kanyang panginoon. ⁴⁴Sinasabi ko sa inyo, pamamahala siya ng kanyang panginoon sa lahat ng ari-arian nito. ⁴⁵Ngunit kung sasabihin ng aliping iyon sa kanyang sarili, ‘Matatagalan pa ang pag-uwi ng aking panginoon,’ bubugbugin niya ang mga kapwa niya aliping lalaki at babae, at siya’y kakain, iinom at maglalasing, ⁴⁶darating ang kanyang panginoon sa araw na hindi niya inaasahan at sa oras na hindi niya alam. Buong lupit siyang paparusahan ng kanyang panginoon, at isasama sa mga suwail. ⁴⁷“Ang aliping **nakakaalam ng kalooban ng kanyang panginoon** ngunit nagpapabaya, o ayaw tumupad sa ipinapagawa nito ay paparusahan nang mabigat.”

- Ano ang inaasahan ng Panginoon na gawin ng Kanyang alipin?
 - Inaasahan ng Panginoon na ang Kanyang alipin ay magiging handa, na kanyang maigi at may katalinuhan na mapangalagaan ang mga bagay at mga tao sa ilalim ng kanyang responsibilidad, at kumilos o magtrabaho na ayon sa Kanyang kalooban.

Ang Diyos ang nagmamay-ari ng lahat ng bagay. Ang pera na tayo ay mayroon ay regalo na mula sa Diyos. Kanya itong ibinigay upang gamitin ang mga itong may katalinuhan, na ating kinikilala na ang mga ito’y sa Diyos at Kanyang inaasahan na ating pagpaplanuhan paano ito pamamahalaan.

Pinagkakamalian 2: Kung meron ako nito, bakit hindi ko gagastusin ito!



TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO

Panuto para sa Pasiliteytor: Ipamahagi ang Talaan ng Kalahok: Debosyonal na Aralin # 3. Ipabasa ng sabay sabay ang mga talata para sa unang dalawang pinagkakamalian at talakayin.

Basahin ang **Kawikaan 21:20** *“Ang bahay ng matalino’y napupuno ng kayamanan, ngunit lahat ay winawaldas ng taong mangmang.”*

- Paano isinasalarawan ng kawikaang ito ang isang taong kanyang winawaldas ang lahat ng meron s’ya?
 - o Siya’y mangmang
- Ano ang ginagawa ng isang taong matalino?
 - o Siya’y nag-iipon o nag-iimpok ng pagkain at langis.
- Ano ang ating matututunan mula sa kawikaang ito?
 - o Hindi natin dapat gastusin ang lahat ng mayroon tayo, sa halip ay dapat tayong mag-iipon para sa oras na tayo ay kukulangin.

Basahin ang **Mangangaral 2:10-11** *“¹⁰Wala akong ginustong hindi ko nakuha. Ginagawa ko ang lahat nang aking magustuhan. Nalulugod ako sa aking mga ginagawa at iyon ang pinakagantimpala ng aking mga pinagpaguran. ¹¹Pagkatapos, inisip kong mabuti ang mga ginawa ko at ang pagod na aking pinuhunan. Nakita kong ang lahat ay pawang walang kabuluhan; tulad lang ito ng paghahabol sa hangin.”*

- Paano ginamit ng taong ito ang kanyang pera?
- Ito ba ay nagpasiya o nagpaligaya sa kanya?
 - o Ang Mangangaral ay may maraming di maubos-ubos na pera na kanyang magagastos ngunit hindi niya natagpuan ang kaligayahan dito.

Talakayin:

- Ano ang mangyayari kung lagi nating gagastusin ang pera sa bawat pagkakataon na matanggap natin ito?
- Nakaranas ka na ba na magkulang dahil ginastos mo ang iyong pera sa isang bagay o mga bagay na hindi mo naman kailangan kaagad sa taong ito? Anong halimbawa ang maaari mong maibahagi?
- Mayroon ka bang binili na gustong gusto mo at pagkatapos ay iyong nadiskubre na hindi ito nagdagdag ng kasiyahan para sa iyo?
- Paano mo maiiwasan ang pagkakamaling ito?

Pinagkakamalian 3: Wala Akong Sapat na Pera!



TALAKAYAN SA MALILIIT NA MGA GRUPO

Panuto para sa Pasiliteytor: Hatiin ang mga kalahok sa grupo na may 3-4 na miyembro. Ipabasa sa bawat grupo at kanilang talakayin ito at kanilang ibuod ang nakitang pangunahing ideya.

Basahin ang **Filipos 4:11-12** *“¹¹Hindi ko sinasabi ito dahil sa kayo’y pinaghahanapan ko ng tulong. Natutunan ko nang masiyahan, maging anuman ang aking kalagayan. ¹²Alam ko kung paano maghikahos; alam ko rin kung paano managana; natutunan ko na ang sikreto kung paano masiyahan sa anumang kalagayan sa buhay, ang mabusog o ang magutom, ang managana o ang maghirap.”*

- Ano ang ibig sabihin ng pagiging kontento?
- Sa anong mga kundisyon sinabi ni Pablo na s’ya’y naging kontento o nasiyahan?
- Ikaw ba ay kontento sa kung ano ang meron ka?
- Kung ikaw ba ay kontento na, ibig sabihin ba nito ay hindi mo na kailangan maiging magtrabaho upang higit na kumita? Tingnan ang **Kawikaan 23:4-5** at **Kawikaan 24:33-34**.

Kawikaan 23:4-5 *“⁴Huwag mong pagurin ang sarili sa pagpapayaman; pag-aralan mong umiwas doon. ⁵Sapagkat madaling mawala ang kayamanan, ito’y simbilis ng agila sa paglipad sa kalawakan.”*

Kawikaan 24:33-34 ³³*Kaunting tulog, bahagyang idlip, sandaling pahinga at paghalukip, ³⁴samantalang namamahinga ka ang kahirapa'y darating na parang armadong magnanakaw upang kunin ang lahat ng iyong kailangan.*"

- *Kailangan nating maging maingat sa pagsagot nito. Hindi tayo dapat maging tamad, sa halip at dapat tayong magtrabaho ng maigi para mapunan natin ang pangangailangan ng ating pamilya. Ipina-aalala sa atin ng "Kawikaan 24" na kung tayo ay tamad ay hindi malayo na tayo ay maghirap at magkulang. Ganun pa man, kailangan din nating maging maingat na hindi natin makakaligtaan ang ating pamilya at mga responsibilidad sa iglesia dahil sa ating pagsisikap na kumita ng pera, lalo na, ang yumaman. Ipinaaalala sa atin ng "Kawikaan 23" na hindi tayo dapat mahumaling na yumaman.*

Ang pagiging kuntento ay mahalaga sa pagkakaroon ng kasiyahan sa buhay. Ang unang hakbang upang matagpuan ang pagiging kuntento ay ang matutunan na maging mapagpasalamat sa Diyos sa Kanyang ibinigay sa atin. Gaya ng sabi ni Apostol Pablo, na kanyang natutunang maging kuntento, kaya, maaari rin nating matutunan na maging kuntento sa lahat ng uri ng kundisyon at sitwasyon sa buhay.



Pinagkakamalian 4: Hindi na ako makapaghintay, kailangan ko nang manghiram o mangutang!



TALAKAYAN SA MALIIT NA MGA GRUPO

Basahin ang **Kawikaan 22:7** *"Ang mahirap ay nasa kapangyarihan ng mayaman, ang nangangailangan ay alipin ng nagpapahiram."*

- Ano ang mga problema na naka-akibat sa pangungutang?
- Ano ang mga bagay na binibili ng mga tao sa pamamagitan ng pangungutang?
- Ano pa ang isang paraan upang mapasa-atin ang ating ninanais?
 - *Mag-ipon o mag-impok*

Minsan ay may nagugustuhan tayo at gusto nating nakuha agad iyon, kaya tayo ay manghihiram ng pera upang mabili ito. Halimbawa, ang isang pamilya ay bumili ng TV at iba pang mga bagay gamit ang pangungutang. Hindi ito isang mabuting gamit ng pangungutang. **Ang pangungutang ay isang patibong.** Kailangan nating maging pasinsyoso at mag-ipon para sa mga bagay na ating kinakailangan. **Ang pangungutang ay kinagamit lamang sa mga pambihirang panahon ng krisis o di kaya ay ang pagbili ng mga bagay na magdadala ng karagdagang kita. [o ang pangungutang na mayroon kang sapat na pagkukunan ng lingguhan o buwanang pambayad nito hanggang sa matapos itong bayaran – mula sa nagsalin].** Kailangan din nating masiguro na makatuwiran ang inuuutang at ang pinapatong na interest dito at mayroon ka ring malinaw na eskedyul ng pagbabayad at mapagkukunan ng pambayad upang masiguro na ito'y masusunod at mababayaran. Maging pasinsyoso at maghintay hanggang kaya mo nang bilhin ang iyong nagugustuhan. Ating matututunan ang marami pang bagay tungkol sa pangungutang sa mga natitirang mga aralin.



PAG-UULAT

KASAMA ANG ISANG KAPAREHA



Kasama ang isang kapareha, isaalang-alang ang bawat isang pinagkakamalian at manalangin para sa isa't-isa.

- Alin sa apat na ito na ikaw ay nahihirapan ng higit?
- Paano ka makakagawa ng mga hakbang upang maiiwasan ang mga pagkakamaling ito?

Manalangin para sa bawat isa na maiiwasan ang mga pangkaraniwang pinagkakamalian sa pamamahala ng pera.

Debosyonal na Aralin # 4:

Pangkaraniwang Pinagkakamalian sa Pamamahala ng Pera

Ikalawang Bahagi

Pangunahing Mga Ideya

May mga pangkaraniwang pinagkakamalian nagagawa sa pamamahala ng pera. Maaari nating matutunang maiwasan ang mga ito.

Ang mga pinagkakamaliang ito ay:

- Sana ay mas marami akong pera gaya ng iba!
- Mahirap lang ako para makapagbigay!
- Lagi akong nababalisa tungkol sa pera!
- Gumagastos at kumikita ako ng pera sa paraang hindi nagbibigay dangal sa Diyos!

Gagamiting Materyal

- Talaan ng Kalahok: Debosyonal na Aralin # 4 (isang kopya para sa bawat maliliit na grupo)

Panimula



TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO

- Ano-ano ang unang 4 na pangkaraniwang pinagkakamalian ng tao sa pamamahala ng pera?
 - *Hinding-hindi ako nag-iisip tungkol sa pera*
 - *Kung meron ako, bakit hindi ko gagastusin ito!*
 - *Wala akong sapat na pera!*
 - *Hindi na ako makapaghintay, kailangan ko nang manghiram o mangutang!*
- Isalarawan paano nakaka-apekto sa ating pag-gastos ang ating natutunan mula ng nakaraang debosyonal na aralin.

Ngayon ay atin namang titingnan ang 4 pang pangkaraniwang pinagkakamalian ng tao sa pamamahala ng kanilang pera o kinikita.

Pinagkakamalian 5: Sana ay mas marami ang pera ko gaya ng iba

TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO

Basahin ang **Exodo 20:17** at **Lucas 12:15**.

Exodo 20:17 *“Huwag mong pagnanasaang maangkin ang sambahayan ng iyong kapwa: ang kanyang asawa, mga alilang lalaki o babae, mga baka, asno o ang anumang pag-aari niya.”*

Lucas 12:15 *“At sinabi niya sa kanilang lahat, “Mag-ingat kayo sa lahat ng uri ng kasakiman; sapagkat ang buhay ng tao ay wala sa dami ng kanyang kayamanan.””*

- Ano ang ibig sabihin ng “pag-iimbot o pagkakaroon ng pagnanasang maangkin” ang anuman?
- Saan dapat natin bantayan ang ating mga sarili laban sa kung ano? Bakit?

Basahin ang **Mangangaral 5:10** *“Ang gahaman sa salapi ay walang kasiyahan at ang sakim sa kayamanan ay hindi masisiyahan sa kaunting pakinabang. Ngunit ito man ay walang kabuluhan [o isang palaisipan].”*

- Ang taong nagmamahal sa pera ay nakakaramdam ba na meron siyang sapat na pera?

Huwag nating pahintulutang pumasok sa iyong puso ang kasakiman at pagnanasa nang kung anong mayroon ang iba. Ang pagmamahal sa pera ay nangangahulugang na kahit na magkano o gaano na kayaman ang isang



tao ay lagi siyang nakakaramdam na kailangan pa niya nang mas marami. Lagi tayong maiinggit sa kanila na mayroong marami kaysa sa atin. Ang kasinungalingan ni Satanas ay nagsasabi na ang pera at ari-arian ay magdadala ng kasiyahan. Halimbawa – “Kung ako lamang ay may motorsiklo, kotse o pareho nito, ang aking buhay ay magiging dakila.” Ang mga ari-ariang mga bagay ay hindi magdadala ng kasiyahan. Maaari nitong bigyan tayo ng mabuting pakiramdam sa sandaling panahon, ngunit, magsisimula tayong maghangad o gustuhin ang iba o higit pa.

- Mayroon ka bang binili na gustong-gusto mong magkaroon? Ano na ang iyong naging pakiramdam makalipas ang anim na buwan?
- Mayroon ka bang nagugustuhang magkaroon sa mga nakalipas na panahon? Paano mo maihihinto ang magnasang magkaroon pa nang higit pa at matutong makuntento sa kung ano ang mayroon ka ngayon?

Pinagkakamalian 6: Mahirap Lang Ako Para Makapagbigay

TALAKAYAN SA MALILIIT NA MGA GRUPO

Panuto para sa Pasiliteytor: *Hatiin ang mga kalahok sa grupo na may tig- 3-4 na miyembro. Ipamahagi ang talaan ng kalahok: Debosyon 4. Ipabasa ang mga talata ng isang pinagkakamalian, talakayin ito at ibuod ang pangunahing ideya na nakita.*



Basahin ang **II Corinto 8:1-5** “Mga kapatid, nais naming malaman ninyo ang ipinakitang kagandahang-loob ng Diyos sa mga iglesya sa Macedonia. ² Dumanas sila ng matinding kahirapan at ito’y isang mahigpit na pagsubok sa kanila. Ngunit sa kabila ng kanilang paghihikahos, masayang-masaya pa rin sila at bukás ang palad sa pagbibigay. ³ Sila’y kusang-loob na nagbigay, hindi lamang sa abot ng kanilang kaya, kundi higit pa. Alam ko ito sapagkat ⁴ mahigpit nilang ipinakiusap sa amin na sila’y bigyan ng pagkakataong makatulong sa mga kapatid na nangangailangan, ⁵ at higit pa sa inaasahan namin. Ibinigay nila ang kanilang sarili, una sa Panginoon, at pagkatapos ay sa amin, ayon sa kalooban ng Diyos.”

- Ano ang sinasabi ng mga talatang ito tungkol sa pagbibigay sa panahon ng kakulangan?
- Paano natin mahihimuk ang bawat isa sa kabila ng kanilang sirkumstansya o sitwasyon ng kawalan?

Pagpapalain ka ng Diyos kapag ikaw ay nagbigay.

Basahin ang **Malakias 3:10-12** ¹⁰“Dalhin ninyo nang buong-buo ang inyong mga ikasampung bahagi sa tahanan ng Diyos upang matugunan ang pangangailangan sa aking tahanan. Subukin ninyo ako sa bagay na ito, kung hindi ko buksan ang mga bintana ng langit at ibuhos sa inyo ang masaganang pagpapala. ¹¹ Hindi ko rin hahayaang salantain ng mga balang ang inyong mga pananim at mamumunga na nang sagana ang inyong mga ubasan. ¹² Dahil dito’y sasabihin ng lahat ng bansa na kayo’y mapalad sapagkat napakainam manirahan sa inyong lupain,” sabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat.”

- Ano ang sinasabi ng siping ito, na dapat nating gawin?
- Ano ang ipinangako ng Diyos sa tutupad nito?

Ito ang **nag-iisang pagkakataon sa biblia na sinabi ng Diyos sa atin na subukin natin S’ya**. Kanyang sinasabi na kung tayo ay magpapasya na ating dalhin ang ating ikapu nang buong-buo ay Kanya tayong pagpapalain. Paulit-ulit na ipinapa-alala sa atin ng bibliya na sa kaparehong sukat ng ating pagbibigay ay ibabalik ito sa atin. *[Kalimitan, kung hindi palagi, ay higit pa ang ibinibigay ng Diyos sa atin kumpara sa ating ibinigay sa Kanya] – (mula sa nagsalin).*



Pinagkakamalian 7: Lagi Akong Nababalisa Tungkol sa Pera

TALAKAYAN SA MALILIIT NA MGA GRUPO

Basahin ang **Mateo 6:25-34** ²⁵ “Kaya’t sinasabi ko sa inyo, huwag kayong mabalisa tungkol sa inyong kakainin at sa [inyong iinumun] upang kayo’y mabuhay o kaya’y tungkol sa susuutin ng inyong katawan. Hindi ba’t ang buhay ay higit na mahalaga kaysa pagkain at ang katawan kaysa damit? ²⁶ Masdan ninyo ang mga ibon. Hindi sila nagtatanim ni umaani man o kaya’y nagtitipon sa kamalig, ngunit pinapakain sila ng inyong Ama na nasa langit. Hindi ba’t higit kayong mahalaga kaysa mga ibon? ²⁷ Sino sa inyo ang makakapagpahaba ng kanyang buhay nang kahit isang oras sa pamamagitan ng kanyang pagkabalisa? ²⁸ “At bakit kayo nababalisa tungkol sa pananamit? Isipin ninyo kung paano tumutubo ang mga bulaklak sa parang; hindi sila nagtatrabaho ni gumagawa ng damit. ²⁹ Ngunit sinasabi ko sa inyo, kahit si Solomon sa kanyang karangyaan ay hindi nakapagdamit nang singganda ng isa sa mga bulaklak na ito. ³⁰ Kung dinadamitan ng Diyos ang damo sa parang, na buhay ngayon, at kinabukasan ay iginagatong sa kalan, kayo pa kaya? Kay liit ng inyong pananampalataya sa kanya! ³¹ “Kaya’t huwag kayong mag-alala na baka kayo kapusin sa pagkain, inumin o damit. ³² Hindi ba’t ang mga Hentil ang nababahala tungkol sa mga bagay na ito? Alam na ng inyong Ama na nasa langit na kailangan ninyo ang lahat ng ito. ³³ Ngunit higit sa lahat ay bigyang-halaga ninyo ang kaharian [ng Diyos] at ang pamumuhay nang ayon sa kanyang kalooban, at ibibigay niya sa inyo ang lahat ng mga bagay na ito. ³⁴ “Kaya nga, huwag ninyong alalahanin ang bukas; sapagkat ang bukas ang mag-aalala sa sarili niya. Sapat na ang inyong mga suliranin sa bawat araw.”

- Ano ang sinasabi ng Diyos patungkol sa pagkabalisa?
- Bakit sinabi ng Diyos na hindi natin kailangan maging balisa?
- Ano sa halip ang dapat nating paka-isipin?
- Paano natin mapipigilan ang ating pagkabalisa o maihihinto ang pagiging balisa?
- Mayroon bang panahon na kailangan dapat tayo ay maging balisa?

Ibig ba ng Diyos na maging balisa tayo tungkol sa pera. Habang kailangan nating maging matalino at maingat sa paggamit natin ng pera, hindi dapat natin pahintulutang mabalisa tayo tungkol sa pera. Hilingin sa Diyos na ingatan ang iyong pag-iisip mula sa pagkabalisa at sikaping bigyan S’ya ng karangalan sa anumang ibinigay sa atin.

PAG-UULAT

Pinagkakamalian 8: Gumagastos at kumikita ako ng pera sa paraang hindi nagbibigay karangalan sa Diyos!

TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO

Basahin ang **Ezekiel 22:12-14** ¹² “May nagpapaupa naman upang pumatay ng kapwa, at mayroon pang nagpapatubo nang malaki kung magpautang. Ako’y lubusan na ninyong kinalimutan. ¹³ “Ngayon, paparusahan ko kayo dahil sa inyong pagnanakaw at pagpatay. ¹⁴ Tingnan ko lang kung matatagalan ninyo ang gagawin ko sa inyo. Akong si Yahweh ang maysabi nito at ito’y gagawin ko.”

- Ano ang sinasabi ng mga talatang ito na mga maling paraan kumita lang at gumastos ng pera?
- Ano ang kahihinatnan ng hindi pagbibigay ng karangalan sa Diyos sa paraang kumita at gumastos ng pera?

Ang Bibliya ay nagsasabi sa atin na ating bigyan karangalan ang Diyos sa lahat ng bagay na ating ginagawa at kasama na rito ay ang paraan paano tayo kumita at gumastos ng pera. Hindi dapat tayo manuhol o kunin ang di sa atin sa pamamagitan ng manunuhol, pangdaraya at iba pang masamang paraan; dahil ating aanihan anuman ang ating itinanim.

KASAMA NG ISANG KAPAREHA – Kasama ng isang kapareha, isaalang-alang ang apat pang pinagkakamalian.

- Alin sa apat pang ito higit kang nahihirapang iwasan?

- Paano mo magagawa ang mga hakbang upang maiiwasan ito?
- Ano ang mga praktikal na pagbabago ang handa kang gawin upang kumita at gumastos ng pera?

Manalangin para sa bawat isa tungkol sa mga pagbabagong nais mong gawin upang maiiwasan ang mga pagkakamaling ito.

Debosyonal na Aralin # 5:

Ang Pagbibigay at ang Pag-iikapu

Pangunahing Mga Ideya

- Nais ng Diyos na tayo ay maging mapagbigay.
- Kahit na ang mahirap ay dapat magbigay.
- Mahalaga na tayo ay magkaroon ng tamang motibo sa pagbibigay.

Gagamiting Materyal

- Talaan ng Kalahok: Debosyon 5 (1 kopya para sa bawat maliliit na mga grupo)

Panimula

TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO

- Ano ang sumasagi sa iyong isipan kapag pinag-uusapan ang tungkol sa pagbibigay at pag-iikapu?
- Ano ang nagmomotiba sa inyo na maging mapagbigay sa iba? O sa iyong iglesia?
- Ano ang biblikal na konsepto patungkol sa pagbibigay?

Atin bang pinagnanakawan ang Diyos?

TALAKAYAN SA MALILIIT NA MGA GRUPO

Panuto para sa Pasiliteytor: Hatiin ang mga kalahok sa maliliit na mga grupo na may 3-4 na miyembro. Ipamahagi ang talaan ng kalahok: Debosyon 5.

Basahin ang **Malakias 3:8-12** ⁸“Ang tanong ko nama’y, matuwid bang pagnanakawan ng tao ang Diyos? Hindi! Ngunit pinagnanakawan ninyo ako. Sa paanong paraan? Sa mga ikasampung bahagi at mga handog. ⁹Isinumpa ko kayong lahat sapagkat ako’y pinagnanakawan ng buong bansa. ¹⁰Dalhin ninyo nang buong-buo ang inyong mga ikasampung bahagi sa tahanan ng Diyos upang matugunan ang pangangailangan sa aking tahanan. Subukin ninyo ako sa bagay na ito, kung hindi ko buksan ang mga bintana ng langit at ibuhos sa inyo ang masaganang pagpapala. ¹¹Hindi ko rin hahayaang salantain ng mga balang ang inyong mga pananim at mamumunga na nang sagana ang inyong mga ubasan. ¹²Dahil dito’y sasabihin ng lahat ng bansa na kayo’y mapalad sapagkat napakainam manirahan sa inyong lupain,” sabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat.”

- Paano pinagnakawan ng mga Israelita ang Diyos?
- Ano ang kahihinatnan ng pagnanakaw sa Diyos?
- Ano ang sinabi ng Diyos na mangyayari kung hindi natin ibibigay o ihahandog o ibabalik sa Kanya ang ating buong ikapu?
- Ano ang ibig sabihin ng buong-buong ikasampu?
- Napagnanakawan din ba natin ang Diyos?

Ang mga talatang ito ang **natatanging pagkakataon** na naisulat sa Bibliya na **sinasabi ng Diyos na ating subukin S’ya**. S’ya ay gumamit ng malalim at mabigat na pananalita upang isalarawan ang Kanyang nararamdaman tungo sa mga Israelita sa kanilang di-pagbibigay sa Kanya ng kanilang ikapu. Ang kanilang di-pagbibigay ng kanilang ikapu ang naging dahilan ng kanilang kahirapan.

Masaganang Pagbibigay sa Kabila ng Kanilang Matinding Kahirapan

TALAKAYAN SA MALILIIT NA MGA GRUPO

Basahin ang **II Corinto 8:1-4** *“Mga kapatid, nais naming malaman ninyo ang ipinakitang kagandahang-loob ng Diyos sa mga iglesya sa Macedonia. ² Dumanas sila ng matinding kahirapan at ito’y isang mahigpit na pagsubok sa kanila. Ngunit sa kabila ng kanilang paghihikahos, masayang-masaya pa rin sila at bukás ang palad sa pagbibigay. ³ Sila’y kusang-loob na nagbigay, hindi lamang sa abot ng kanilang kaya, kundi higit pa. Alam ko ito sapagkat ⁴ mahigpit nilang ipinakiusap sa amin na sila’y bigyan ng pagkakataong makatulong sa mga kapatid na nangangailangan,”*



- Mayayaman ba o mahihirap ang mga miyembro sa iglesya sa Macedonia?
- Magkano o gaano kalaki ang kanilang ibinigay?
- Anong pag-uugali ang mayroon sila patungkol sa pagbibigay?
- Ano ang ating matututunan mula sa iglesiang ito?

Ang iglesya sa Macedonia ay binubuo ng labis na mahihirap na mga miyembro. Karamihan sa atin, kung hindi lahat sa atin ay hindi labis na mahihirap. Maaaring wala tayo nang halaga na ninaais nating magkaroon ngunit hindi naman tayo labis na mahirap. At ganun pa man ay **nagbigay sila at nagbigay sila higit sa kanilang kakayahan.** Isang malaking hamon ito sa atin! **Kadalasan, tayo ay nagbibigay sa kung ano ang labis sa atin. Hindi lang iyon, nagmaka-awa rin sila kay Pablo na payagang silang magbigay.**

- Ganito rin ba ang ating pag-uugali?
- Mayroon ba tayong malalim na pagnanasa at pananabik na makapagbigay o nagbibigay tayo na may mabigat na damdamin?

Ang Maluhong Kaloob ng Balo

TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO

Basahin ang **Marcos 12:41-44** *“⁴¹ Naupo si Jesus sa tapat ng hulugan ng mga kaloob sa Templo, at pinagmasdan ang mga naghuhulog ng salapi. Napansin niyang maraming mayayaman ang naghuhulog ng malalaking halaga. ⁴² Lumapit naman ang isang biyudang dukha at naghulog ng dalawang salaping tanso. ⁴³ Tinawag ni Jesus ang kanyang mga alagad at sinabi sa kanila, “Sinasabi ko sa inyo, ang inihandog ng biyudang iyon ay higit na marami kaysa sa inihulog nilang lahat. ⁴⁴ Sapagkat ang lahat ay nagkaloob ng bahagi lamang ng kanilang kayamanan, ngunit ang ibinigay ng babaing iyon, bagama’t siya’y dukha, ay ang buo niyang ikinabubuhay.””*



- Magkano o gaano kalaki ang ibinigay ng balo?
- S’ya ba ay mahirap o mayaman?
- Ano ang naging reaksiyon ni Jesus?

Kadalasan ay ating iniisip na dahil tayo ay mahirap ay hindi na natin kinakailangang magbigay pa sa iba. Hindi ito totoo. Hindi pinigilan ng ating Panginoong Jesus ang balo sa kanyang maluhong pagbibigay. Hindi N’ya siya sinabihan na, “Huwag na po, mahirap lang kayo, itago n’yo na po yan para sa inyong sarili.” Sa halip ay Kanyang Pinuri s’ya sa kanyang maluhong pagbibigay.



Magbigay ng Marami at Masaya

TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO

Basahin ang **II Corinto 9:6-7** *“⁶ Ito ang ibig kong sabihin: ang nagtatanim ng kakaunti ay aani ng kakaunti, at ang nagtatanim ng marami ay aani ng marami. ⁷ Ang bawat isa’y dapat magbigay ayon sa kanyang pasya, maluwag sa loob at hindi napipilitan lamang, sapagkat iniibig ng Diyos ang nagbibigay nang may kagalakan.”*

- Paano tayo magbibigay?

- Ano ang ibig sabihin ng “*ang nagtatanim ng kakaunti ay aani ng kakaunti, at ang nagtatanim ng marami ay aani ng marami*”?

Ang Diyos ay nagbibigay ng utos sa atin na magbigay. At hindi mahalaga kung tayo ay mayaman o mahirap. Lahat ay kailangang magbigay. Kung hindi tayo magbibigay gaya ng ipinag-uutos ng Diyos, inilalarawan ito ng Diyos bilang isang pagnanakaw sa Kanya. Ganun pa man, sa ating pagbibigay ay ating makikilala ang mga pagpapala ng Diyos. Kanya tayong binibigyan gamit ang parehong panukat na ating ginagamit sa pagbibigay sa Diyos. Kung tayo ay maramot sa pagbibigay sa Kanya, S’ya rin ay magiging maramot sa atin, ngunit kung tayo ay magbibigay ng marami, marami rin ang Kanyang ibibigay sa atin. **Ang mga pagpapala na ating tinatanggap mula sa Kanya ay maaaring may kinalaman sa pera, ngunit maaari din ito’y: kasiyahan, kapayapaan, ang pagiging kuntento, ang masayang pamilya o ang pagkakaroon ng kayaman sa langit.**

- Ano ang dapat nating maging dahilan sa pagbibigay?

Kailangan nating maging maingat na kaya tayo nagbibigay ay upang may ibigay din sa atin ang Diyos. Kung ganito nga ang ating dahilan ay hindi ito pagbibigay—ito ay tulad ng pagpapahiram o pagpapautang sa isang tao. Ayaw ng Diyos na ating pahiramin S’ya ng pera. Ang nais ng Diyos ay magbigay tayo sa Kanya. At nasa Diyos na, kung susuklian N’ya ang ating pagbibigay, *[hindi natin kayang pantayan ang ibinigay, ibinibigay, at ibibigay pa ng Diyos sa atin – mula sa nagsalin]*. Ang ilan ay naloko sa paniniwala o pag-iisip na kung sila’y magbibigay ng marami ay marami rin silang tatanggapin mula sa Diyos. Ngunit nakikita ng Diyos ang ating puso; Alam N’ya kung ano ang ating ini-isip. Maaari N’ya rin tayong pagpalain sa iba’t-ibang paraan at panahon. Ang ating motibo sa pagbibigay ay dapat laging dahil nais nating ibalik sa Diyos ang ating pasasalamat sa lahat ng Kanyang ibinigay na sa atin. Nais ng Diyos na tayo ay maging masiyahan sa pagbibigay, at hindi upang humanap ng ipapalit ng Diyos sa ating ibinigay.

KASAMA ANG ISANG KAPAREHA

Talakayin ang katuruang ito kasama ang isang kapareha. Isa-alang-alang:

- Ikaw ba ay nagbibigay sa Diyos nang nararapat? Bakit o bakit hindi?
- Ano ang kakaiba mong gagawin ngayon, ayon sa iyong natutunan tungkol sa pagbibigay at pag-iikapu?

Manalangin para sa isa’t-isa tungkol sa mga bagay na nais mong gawin na kakaiba, at pagsisihan anumang pag-uugali na naka-apekto sa iyo ng pagkakaroon ng tamang motibo sa pagbibigay.

Seksyon 2: Pangunahing mga Aralin

Aralin 1: Pagpapalano ng Pagbabadyet

Pangunahing Ideya

- Mahalaga na gumawa ng plano para sa ating pera

Gagamiting Mga Materyal

- Tulong sa Pagpapasilita: Poster ng Gastusin (1)
- Tulong sa Pagpapasilita: Laro ng Pagbabadyet at Pangungutang na mga kard – ang dami ng kopya na dapat ipaimpreta ayon sa panuto
- Tulong sa Pagpapasilita: Larawan ng Bahay na Walang Laman (1)
- Talaan ng Kalahok: ‘Budget Game Planner’ (1 kopya kada grupo)
- Dais o ‘Dice’
- Extrang papel at pang sulat upang sulatan ng kabuuhan para sa indibidwal o grupo

Panimula

TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO

- Sa iyong palagay, saan at kailan gumagastos ang karamihan sa iyong komunidad?
- Paano naaapektuhan ng utang o pangungutang ang mga pamilya sa iyong komunidad?

Laro ng Pagbabadyet at Pangungutang – Unang Taon

LARO PARA SA MALAKING GRUPO

Ngayon ay maglalaro tayo ng isang laro patungkol sa paggastos ng pera, at paano natin planuhin ang paggastos.

Panuto para sa Pasiliteytor: *Hilingin ang mga kalahok na kanilang hatiin ang kanilang bilang sa anim na grupo. Mayroon lamang sapat na magagamit na materyal para sa anim na grupo sa larong ito. Maglaro ayon sa sumusunod na balangkas o ‘outline.’*

Tayo ay magsisimula sa inyong pagtanggap ng pera na para kayong kumita sa inyong pananim mula sa inyong sinasaka at inyo nang inani at ipinagbili at ngayon ay may kakayahan kang gumastos sa anumang iyong maibigan. At sa loob ng taon ay makakaharap mo ang sumusunod na mga gastusin.



Ipaskil ang Poster ng Gastusin – Tulong sa Pagpapasilita. I-highlight ang hilera ng random na gastusin at ilarawan paano ito pupunan.

Ang ‘Random na Gastusin’ ay lahat ng mga gastusin na ating nagagawa sa bawat buwan na kalimitang hindi inaasahan tulad ng gamot, kasal, at libing. Para malaman kung magkano ang iyong ibabayad dito ay inyong **bobolihin ang ‘dice’ at magbabayad kayo ng 500** ulit sa anumang numerong lumabas. Sa totoong buhay ay kinakailangan mo rin mag-isip tungkol sa pamumuhunan at pagbibigay/pag-iikapu. Pareho itong mahalaga, ngunit upang maging simple ang ating laro, hindi na natin ito isasama sa ngayon.

Sa ating pagsisimula ng laro, ikaw/kayo ay nagkaroon ng magandang taon sa pagsasaka at iyong naibenta ang iyong mga pananim sa halagang **PHP. 125,000.00**. Ito lamang ang tanging kikitain mo sa loob ng isang taon. Ang bigas ay ok naman ngunit ito ay sapat lamang sa loob ng 9 na buwan, kaya kailangan mong bumili ng extrang bigas para sa tatlong buwan na natitira.

Bigyan ang bawat grupo ng **PhP. 125,000.00**. (50,000.00 – 1; 25,000.00 – 2; 5,000.00 – 4; 2,500.00 – 1; 500.00 – 4; 250.00 – 2)

Ngayon ay pupunta ka/kayo sa bayan para mag ‘shopping’ o mamili.



Ipakita sa kanila ang larawan ng ‘Bahay na Walang Laman’ – Tulong sa Pagpapasilita

Gaya ng iyong makikita, ang iyong bahay ay walang laman; ang mayroon ka lamang ay ang pangkaraniwang mga bagay – basahan, iilang mga kaldero at kawali at ilang mga pirasong damit. Ang iyong bubungan ay may butas na din kaya tumutulo sa tuwing umuulan.



Panuto para sa Pasiliteytor: *Ipakita sa kanila ang mga bagay sa ibinibenta sa merkado (mga kard para sa laro mula sa Tulong sa Pagpapasilita) at tanungin sila kung sino ang may gustong bumili at ano ang kanilang gustong bilhin. Pahintulutan silang bumili anuman ang kanilang maibigan o magustuhan. Kapag tapos nang makapamili ang lahat, ipaliwanag sa kanila na ang tindahang ito ay bukas sa buong taon, at sa anumang pagkakataon ay maaari silang bumili anuman ang kanilang magustuhan.*

Upang matulungan sila sa paglalaro nito ay ating kukwentahin muna ang normal o pangkaraniwang buwanang gastusin. Ito ang halaga na dapat bayaran sa bawat buwan, hindi pa kasama ang ‘Random’ o mga biglaang Gastusin.’ Gaya nang inyong nakikita, buwan-buwan ay kailangan mong magbayad ng PhP. 3,000.00 para sa pagkain, PhP. 250.00 para sa kuryente, at PhP. 500.00 para sa iba pang kailangan pang kusina. Ang kabuuhan nito ay PhP. 3,750.00.

Dagdag pa rito ay kailangan din magbayad buwan-buwan ng kung ano man ang iyong binili sa pamamagitan ng pangungutang.

Ito ang kabuuhan ng iyong mga gastusin na dapat mong bayaran buwan-buwan maliban pa sa ‘Random na Gastusin.’

Para sa bawat grupo, kwentahin ang kanilang ‘normal’ na buwanang gastusin. Isulat ang kabuuhan para sa bawat grupo at ilagay ito sa kanilang harapan para madali nilang matandaan ito.

Ngayon ay ating simulan ang ating unang taon.

Maglaro para sa Unang taon (ang buod ay nakasulat sa susunod na pahina):

1. *Pahintulutan ang unang grupo na bolahin ang ‘dice’ at pagkatapos ay kunin sa kanila ang kabuuhan ng kanilang ‘normal’ na gastusin + ‘random’ na gastusin.*
2. *Gawin din ito sa iba pang mga grupo.*
3. *Ipaliwanag na ngayon ay Enero. Magpatuloy gawin ang # 1 hanggang sa huling buwan ng Disyembre, gamit ang bawat pag-ikot bilang buwan gaya ng sumusunod:*
 - a. *Pagdating ng Pebrero ay kailangan nilang magbayad ng Matrikula para sa dalawang anak sa halagang PhP. 4,000.00 sa kada anak. Kaya ang bawat isa/grupo ay kailangang magbayad ng kani-kanilang “normal” na gastusin + PhP. 8,000.00 bayaring pang-eskwelahan + “random” na gastusin. Kung ibig tanggalin ang anak sa skul ay maaari etong gawin.*
 - b. *Ang mga buwan ng Marso at Abril ay katulad ng buwan ng Enero*
 - c. *Sa buwan ng Mayo, ang mga o inyong mga anak ay magsisimula na ng kanilang panibagong taong pang-eskwelahan o school year. Kaya kailangang magbayag ng Matrikula at bumili rin ng uniporme at mga aklat. Dahil dito ay kailangang magbayad ng dagdag na PhP. 5,000.00 kada anak.*

- d. Pagdating ng Hunyo, kailangan namang bumili ng pataba at binhi kaya kailangang magbayad ng bawat grupo ng karagdagang PhP. 15,000.00 sa kanilang buwanang “normal” at “random” na gastusin.
- e. Ang mga buwan ng Hulyo, Agosto, at Setyembre ay katulad ng Enero.
- f. At para sa buwan ng Oktubre, Nobyembre, at Disyembre, kailangan bumili ng bigas dahil sapat ang inani. Kailangan bumili ng karagdagang bigas na PhP. 1,500.00 kada buwan.

Kung mayroong magkakaroon ng ‘Utang,’ tingnan ang panuto tungkol sa utang na nasa ibaba.

Panuto sa Utang:

Kung hindi mo mababayaran ang iyong buwanang gastusin, mayroon dalawang mapagpipilian. Maaari mong ibenta ng maaga-aga ang iyong magiging ani sa susunod na taon sa halagang PhP. 105,000.00; o mangutang.

Ipalawanang na sa pangungutang, kalimitan ay malaki ang ‘interest’ o patong na idinaragdag sa nautang. Sinasayang lamang ang pera, lalo na sa pangungutang ng wala sa lugar. Ito ay tinatawag nating ‘Halaga ng Pangungutang.’ Pero para sa layunin ng ating paglalaro ay hindi na natin kwekwentahin ang patong sa inutang sa bawat buwan; tanging ang patong na lang sa unang buwan.

Kung kanilang napili ibenta nang maaga ang kanilang susunod na ani ay bigyan sila ng PhP. 105,000.00.

Kung gusto naman nilang mangutang ay bigyan sila ng kard ng pangungutang o ‘loan card.’ Sa kard ng pangungutang, isulat kung magkano ang kanilang gustong utangin at dagdagan ito ng 10% at ang bilang ng mga buwang natitira sa taon. Halimbawa, kung sila ay nangutang sa buwan ng Agosto, ay may limang buwan na lamang na natitira (Agosto hanggang Disyembre).

Buod ng Laro	
Enero	= normal na gastusin + random na gastusin
Pebrero	= normal na gastusin + random na gastusin + PhP. 8,000.00
Marso	= normal na gastusin + random na gastusin
Abril	= normal na gastusin + random na gastusin
Mayo	= normal na gastusin + random na gastusin + PhP. 10,000.00
Hunyo	= normal na gastusin + random na gastusin + PhP. 15,000.00
Hulyo	= normal na gastusin + random na gastusin
Agosto	= normal na gastusin + random na gastusin
Setyembre	= normal na gastusin + random na gastusin
Oktubre	= normal na gastusin + random na gastusin + PhP 1,500.00
Nobyembre	= normal na gastusin + random na gastusin + PhP 1,500.00
Disyembre	= normal na gastusin + random na gastusin + PhP 1,500.00

PAGMUMUNI-MUNI SA MALAKING GRUPO

Sa dulo ng laro, kwentahin kung ano ang pagkaka-utang ng bawat isa/grupo o kung walang utang.

- Ano ang nangyari sa larong ito?
- Mayroon bang nagkaroon ng utang? Sa iyong palagay, bakit?
- Ano ang pakiramdam na may utang?
- Mayroon bang nagplano o nagbalak na gastusin ang kanilang pera – paano ito nakatulong?
- Ano ang gagawin mong kakaiba sa susunod na pagkakataon?

Tala: Sa larong ito ay may sapat na pera upang mabili ang anumang pangangailangan sa natitirang pera!

Laro sa Pagbabadyet at Pangungutang – Ikalawang Taon

Ngayon ay maglalaro tayo para sa sunod na taon at mananatili kayo sa inyong grupo. Gagamitin nating ang parehong mga numero tulad ng sa unang taon; ang pagkakaiba lamang ay maaari mong gamitin ang ‘planner’ kung nais n’yo.

Ipalawanag ang sumusunod – Upang matagumpay nating mapamahalaan ang pera, kailangan natin ng plano. Gaya ng inyong nakikita, kailangan n’yong maglaan ng PhP. 3,000.00 (30araw x 100.00 para sa pagkain), PhP. 250.00 para sa Kuryente, PhP. 500.00 para sa tubig, at PhP. 500.00 para sa iba pang kailangan pang-kusina.

Ngayon ay kailangan pa nating idagdag ang ‘Random’ na Gastusin.

Ang kabuuhan na nito ay PhP. 7,000.00. (Isulat ito sa pisara o sa isang malaking pirasong papel) gaya ng makikita sa dayagram. Ang kabuuhan para sa isang taon ay 7,000.00 x 12 buwan = PhP. 84,000.

Buwanang Gastusin

Bagay	Ilang Beses kada Buwan	Halaga	Kabuuhan
Pagkain	30	100	3,000.00
Kuryente	1	250	250.00
Gastusing panmbahay	1	500	500.00
Random' na gastusin	1	3,000	3,000.00
			-
KABUUHANG BUWANANG GASTOS			6,750.00
		Bilang ng Buwan	12
KABUUHANG TAUNANG GASTOS			81,000.00

Ngayon, mayroon tayong mga gastusing nangyayari ng taunan – bayad sa skul, dagdag na pang bili ng bigas at pataba (idagdag ang mga ito gaya ng makikita sa ibaba.) Ito ay may kabuuhan PhP. 37,500.00 kada taon.

Taunang Gastusin

Bagay	Beses Bawat Taon	Halaga	Kabuuhan
Matrikula sa Pebrero	1	8,000	8,000.00
Matrikula sa Mayo	1	10,000	10,000.00
Dagdag na Bigas	3	1,500	4,500.00
Gastos mula sa kita	1	15,000	15,000.00
KABUUHANG TAUNANG GASTOS			37,500.00

Ngayon ay kwentahin natin ang ‘random’ na gastusin. Ating planuhin ang isang kakila-kilabot na taon – lahat ng pagbola ng ‘dice’ ay 6. Ngunit kung hindi natin makakuha ang 6, may extrang pera tayong maaaring magamit. (Magagamit lamang ito sa dulo ng taon hindi bago magsimula ang taon) Kaya kung 6 ang lalabas ay pararamihin natin ito ng PhP. 500.00 ulit kaya ito’y PhP. 3,000.00 kada buwan o PhP. 36,000.00 kada taon.

Ngayon, ang ating buwanang gastos para sa isang taon ay PhP. 81,000.00 at ang dagdag na taunang gastos ay 37,500.00. Ang kabuuhan nito ay PhP. 118,500.00. Kaya, mayroon lamang sobrang PhP. 6,500.00. Maaari gastusin o itabi ito. (Mamaya ay ating pag-uusapan paano maiging gamitin ang sobrang pera na ito.) Sa bawat buwan, kung hindi makakuha o lalabas ang '6' sa 'dice' ay magkakaroon pa ng dagdag na sobrang pera.

KINITA	BUWANANG GASTOS	IBA PANG TAUNANG GASTOS	NATITIRA / SOBRA
125,000.00	- 81,000.00	- 37,500.00	6,500.00

Ngayon, sa pareho ninyong grupo, gumawa ng katulad na plano para sa inyong pera. Ang iba sa inyo ay mayroon na lamang na mababang kita dahil inyo nang ibinenta ang inyong ani ng mas maaga. Ang iba sa inyo ay may utang na, na kailangang bayaran. Ang mga ito ay dapat na isama.

Ipamigay ang Talaan ng Kalahok: Ang Laro sa Pagbabadyet na 'Planner,' isang kopya bawat grupo.



Kung sila ay handa na, ibigay na sa kanila ang karagdagang PhP. 125,000.00.

Para mapabilis tayo sa pagkakataong ito ay isa na lamang ang magpapagulong ng 'dice' at bawat isa ay tatanggap ng parehong 'random' na gastusin.

Sundan ang parehong pagbubuod ng laro sa loob ng isang taon. Sa katapusan ng laro, kwentahin kung magkano mayroon ang bawat isa.

PAGMUMUNI-MUNI SA MALAKING GRUPO



- Ang inyong grupo ba ay nagplanong gamitin ang natitira o sobrang pera? Pakipaliwanag nga po kung bakit at bakit hindi.
- Anong kakaibang bagay ang iyong ginawa sa ikalawang taon kumpara sa unang taon?
Palabasin ang mga katugunang ito kung hindi nabanggit ang mga ito ng mga grupo:
 - *Hindi namili ng kahit ano mula sa merkado*
 - *Magsimulang kwentahin ang mga kinakailangan at itabi ito bago mamili o mag-shopping*
 - *Mapagtanto na dahil bukas naman sa loob ng isang taon ang merkado, maaari tayong bumili mula sa tindahan kahit sa huling bahagi na ng taon kapag alam na natin ng mas mabuti ang ating 'random' na gastusin.*
- Kumusta ang inyong utang sa taong ito kumpara noong nakaraang taon? Nabawasan ba ito? O nadagdagan ito?
- Gaano kahirap o kadali, sa iyong palagay, ang pagpapalano ng maaga para sa isang taon at maingatan n'yo ang inyong pamilya mula sa pagkakautang? Sa iyo bang palagay ay ito ang mangyayari?
- Paano magiging kakaiba ang sitwasyon kung kayo ay nakapagplano muna mula nang pasimula?

Sa susunod na ilang mga aralin ay ating titingnan ang pagpapalano tungkol sa pera.

Aralin 2: Paggawa ng Pampamilyang Badyet (Unang Bahagi)

Pangunahing Mga Ideya

- Tayo ay nagbabadyet upang magplano paano natin gagamitin nang maigi ang perang bigay ng Diyos sa atin.
- Ang unang hakbang sa pagbabadyet ay ang pagkukwenta ng ating netong kinita
- Kailangan nating mapag-isipan ang pagkakaiba ng mga pangangailangan sa mga nagugustuhan lamang

Gagamiting Mga Materyal

- Tulong sa Pagpapasilita: Poster ng Badyet: Ang Apat na Hakbang sa Pagbabadyet (1)
- Tulong sa Pagpapasilita: Larawang Kard ng mga Pangangailangan at mga Nagugustuhan na Kard (1 set)
- Talaan ang Kalahok: Hakbang 1 sa Pagbabadyet
- Talaan ang Kalahok: Talaan ng mga Pampamilyang Gastusin
- Pisara at pangsulat para sa mga Larawang halimbawa
- Blankong mga Kard

Panimula

TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO

- Kapag natatanggap natin ang ating kinita, ano ang kadalasan nating ginagawa dito?
- Mayroon ba tayong mga buwan na mas marami ang ating pera at may mga buwan na mas kakaunti ang ating pera?
- Paano natin nasisiguro na mayroon tayong sapat na pera para sa buong taon?
- Ano ang ginagawa natin kapag wala na tayong sapat na pera? Ano ang kahihinatnan ng ganitong sitwasyon?
- May mga pagkakataon ba na wala kang sapat para sa mga mahahalagang pangangailangan?
- Sa iyong pakiramdam ay iyo bang nagagamit ang pera sa kung ano ang nais ng Diyos dito?

Isa sa mga problem na ating nakakaharap kapag tayo’y may pera ay ang ugaling nais natin gumastos ng higit at kapag tayo ay wala na ay nagugutom tayo o kailangan na nating manghiram o mangutang. *[Isang araw na milyonaryo ang katawagan natin dito bagaman sa ingles natin ito binabanggit – 1day millionaire! – dagdag ng nagsalin]* Alam nating lahat na may mga pamilyang kumakain nang maayos pagkatapos nilang umani at pagkatapos ay kinakailangan ng bumili ng bigas bago pa dumating ang sunod na anihan dahil ubos na ito.

Isa pang problema ay kadalasan ay wala tayong pera para sa mga importanteng gastusin tulad ng pang-skul, o di kaya ay gumawa tayo ng hindi matalinong desisyon tungkol sa pera. Halimbawa, tayo ay bumili ng marami at mamahaling mga damit pagkatapos ng anihan dahil marami tayong pera, at pagkatapos ay maghihirap o magtitiis tayo sa huli. Hindi ito pagiging matalinong tagapamahala ng pera ng Diyos.

Badyet

TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO

Panuto para sa Pasiliteyor: Tulong sa Pagpapasilita – Ipaskil ang Poster ng Badyet sa isang lugar na nakikita ng lahat.

Katulad ng ating nilaro kanina, ang ‘Badyet’ ay isang plano paano mo gagamitin ang iyong pera. Ang layunin ng badyet ay ang masiguro na iyong magamit nang maigi ang pera na ibinigay sa iyo ng Diyos upang ikaw ay magkakaroon nang sapat na pera na magpupuno ng pangangailangan ng iyong pamilya para sa loob ng isang



taon. Mayroong apat na pangunahing mga hakbang na ating titingnan na may kaugnayan sa paggawa ng badyet.

1. Kumpyutin ang Netong Kita.
2. Kumpyutin ang Kinakailangan.
3. Kumpyutin kung may Matitira mula sa Netong Kita.
4. At Gamitin ng Maigi ang Natitira o Sobra.

Ngayon ay magsisimula tayo sa pagkokumpyut ng ating netong kita.

A: Kumpyutin “Kabuuhanang Kita”

TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO

Panuto para sa Pasiliteytor: Ipamahagi ang Talaan ng Kalahok – Hakbang 1 sa Pagbabadyet.



Ang unang hakbang sa pagdedebelop ng badyet ay ang malaman kung magkano ang ating tinatanggap na pera sa loob ng isang taon. Kung ikaw ay may matatag na trabaho na nagbibigay sa iyo ng sweldo o ‘Love Gift’ kung tawaging natin ito para sa tinatanggap ng mga pastor o/at mga manggagawa, hindi na ito mahirap malaman. Ngunit, kung ikaw ay may maliit na negosyo o ikaw ay nagsasaka, maari itong maging kumplikado. Ating titingnan nang malapitan paano kumpyutin ang kita ng isang nagsasaka o nagnenegosyo maya-maya. Sa ngayon, ay maaari tayong manghula ayon sa ating pinakamahasag na pag-eestimeyt.

- Ano ang mga posibleng pinagmumulan ng kinikita ng mga tao sa iyong komunidad?
 - Pangunahing ani – bigas o mais; at iba pang uri ng inaani – tulad ng mga gulay
 - Pag-aalaga ng mga hayop
 - Arawang hanap-buhay bilang trabahador
 - Pagbebenta/Pagnenegosyo
 - Pag-aalok ng serbisyo tulad ng paglalaba, paglilinis ng bahay, o pag-aalaga sa mga bata, pang hihilot o pagmamasahé sa katawan

INDIBIDWAL NA AKTIBIDAD

Panuto para sa Pasiliteytor: Iguhit sa pisara ang halimbawang tsart # 1 na nasa ibaba. Siguruhing nauunawaang maigi ng lahat ang nilalaman ng tsart na ito.

Kita	Beses sa Isang Taon	Halaga	Kabuuhan
Inaning Bigas	2	50,000.00	100,000.00
Pagbebenta ng malamig na inumin	500 bote	15	7,500.00
KABUUHANG KITA			107,500.00

Tsart # 1

Ipatapos sa lahat ng kalahok ang tsart # 1 sa kanilang talaan ayon sa kanilang kinikita. Ipaalala sa kanila na atin lamang hinahanap ang mga bagay na nagbibigay sa ating ng pera o kita. Halimbawa: Hindi na natin isasama ang mga manok na ating inaalaan at ang itlog na ibinibigay nito kung hindi naman natin ito ibinibenta at sa halip ay ating kinakain. Ngunit kung ating binibenta ang mga manok at itlog nito, kailangan nating isama ito sa ating kinikita.

Tandaan na kailangan nating isama ang lahat ng bagay o paraan na nagbibigay sa atin ng kita. Halimbawa na lamang ay kung ikaw ay nagsasaka ng bigas o mais, o nagtatrabaho ka ng arawan o nag-aalaga ka ng baboy; o, nagbebenta ka ng inuming malamig, o celfon load o di kaya ay nag-aalaga ka ng mga bata upang kumita.

Subukang kwentahin ang halaga na iyong kinikita sa bawat isa. Maaring makatulong na iyong isipin ang iyong mga kinita noong nakaraang taon. Isulat ang kabuuhan ng iyong natanggap na pera, hindi lang ang iyong tinubo.

Tandaang isama ang lahat na magiging kikitang PERA na iyong matatanggap sa susunod na 12 buwan. Siguruhin na kung ikaw ay nagpaplanong mag-alaga ng baboy, halimbawa, ibenta ito, at mag-alaga pa ng higit na mas marami, isama ang lahat ng dami ng baboy na iyong pinaplanong alagaan at ibenta sa susunod na taon.

IBAHAGI SA KAPAREHA

- Iyo bang inaasahan na makakatanggap ka ng parehong halaga ng pera gaya noong isang taon? Mas marami ba? O mas kakaunti?
- Kung mas marami, bakit? Ano ang pagkakaiba na lilikha ng karagdagang kita?
- Kung kakaunti, bakit? Ano ang mga pagbabago na magdadala ng mas kakaunti na kita?

B: Kumpyutin ang mga “Bawas sa Kita”

TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO

Ang susunod ay kailangan naman nating kwentahin ang mga bawas sa ating kinita. Dito ay kailangan mong tantyahin magkano ang iyong ginastos upang magawa ang mga aktibidad upang ikaw ay kumita. Ating iisa-isahin ito, maya-maya, pero sa ngayon ay ating tatantyahin lang muna. Tandaan na ilakip ang lahat ng gastos para sa loob ng isang taon, hindi lamang sa isang ikot lamang ng negosyo.

Panuto para sa Pasiliteytor: Iguhit sa pisara ang halimbawang ito na nasa ibaba at talakayin ito sa lahat.

Gastos	Beses sa Isang Taon	Halaga	Kabuuhan
Inaning Bigas	2	10,000	20,000.00
Pagbebenta ng malamig na inumin	500 na bote sa isang taon	10	5,000.00
KABUUHANG BAWAS MULA SA KINITA			25,000.00

Tsart # 2

- Anong mga gastusin ang maaaring isama sa ating pagtantiya sa pagtanim ng palay? May mga gastos ba sa pagbebenta ng malamig na inumin?
 - Pagbiyahe nito
 - Puhunan
 - yelo
- Ano ang ugnayan sa pagitan ng tsart 1 sa tsart 2?
 - Ang kategorya ng mga kita ay tulad ng mga kategorya sa gastos.
 - Asahan na ang bilang ng beses sa isang taon ay pareho

INDIBIDWAL NA AKTIBIDAD

Panuto para sa Pasiliteytor: Ngayon, ipatapos sa bawat kalahok ang tsart 2 sa kanilang talaan ayon sa kanilang kinikita. Ipaalala sa kanila na isama ang lahat ng gastos para sa isang taon.

C: Kumpyutin ang iyong Netong Kita

TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO

Sa katapusan ay ating kukwentahin ang ating netong kita.

Panuto para sa Pasiliteytor: Iguhit sa pisara ang halimbawa na nasa ibaba upang makumpleto ang seksyon na ito. Ipakita ang kaugnayan sa pagitan ng tsart 1, 2, and 3.

KABUUHANG KITA	BAWAS SA KITA	NETONG KITA
107,500.00	25,000.00	82,500.00

Tsart # 3

INDIBIDWAL NA AKTIBIDAD

Kumpletuhin ang tsart # 3. Alamin ang inyong ‘Kabuuhang Kita,’ ibawas dito ang ‘Bawas na Kita,’ at inyong makakuha ang inyong ‘Netong Kita.’

Pag-unawa sa Personal na Gastos



TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO (Gamitin ang Tulong sa Pagpapasilita: Larawang Kard ng mga Kailangan at mga Nais)

Ang ikalawang hakbang sa paggawa ng badyet ay ang pagkilala sa mga gastos. Mahalaga na ating maunawaan ang pagkaka-iba sa pagitan ng mga bagay na nais at mga bagay na ating kailangan.

Panuto para sa Pasiliteytor: Hilingin ang mga grupo na mag-isip ng iba’t-ibang mga bagay na ating kinakailangan na gastusin o bilhin. Kung ikaw (pasiliteytor) ay may kard ng bagay na kanilang nabangkit, ilagay ito sa iyong harapan. Kung hindi nila ito mabanggit o makabanggit sila ng iba, iguhit o isulat ang ideya sa blangkong kard. Tandaan na isaalang-alang ang sumusunod na mga erya.

- Ano ang ilang mga bagay na ating pinag-gagastusan?
 - Pagkain
 - Mga Ginagamit – tulad ng kuryente, tubig, at gas
 - Gastusing pang kalusugan
 - Pang-skul – uniporme, aklat at iba pang kaugnay na gastusin
 - Damit
 - Gastusing pang transportasyon, hal., gasolina o diesel, pagpapagawa ng motorsiklo, jeep, bus, tricycle.
 - Bawas sa Kita – perang nagagastos upang makuha ang iyong kita
 - Ikapu

Kapag kanila na itong natapos, at kung mayroon ka pang natitirang kard na may larawan, itanong sa kalahok kung ito ay isang bagay na paglaanan ng tao ng pera upang bilhin o hindi pag-aaksayahan ng pera sa inyong komunidad.

Hilingin ang grupo na ihelera ang mga kard sa dalawang linya – Linya ng mga Kailangan at linya ng Nais. Ang “Kailangan” ay mga bagay na ating kinakailangan upang mabuhay o magkaroon ng mapagkakakitaan o upang maipagkaloob ang pinakamababa o kakaunting pangangailangan ng pamilya. Ang “Nais” naman ay ang mga bagay ibig mo lamang magkaroon.

Pahintulutan silang paghiwalayin ang mga kard at pagkatapos ay talakayin ang kanilang desisyon. Pakasiguruhin na ang lahat ng mga kard na nasa linya ng “Kailangan” ay mahalaga sa kanilang buhay—na kung wala ang mga ito ay mamamatay sila. Kasama sa mga ito ay ang pagkain, butil, pag-aaral, at iba pa. Ang mga “Nais” ay mga bagay na nagpapagaan o nagbibigay ng kaginhawahan sa buhay, ngunit maaaring mabuhay kahit wala nito, tulad ng bagong bubungan.

Ang mga larawang kard ay nakalista sa ibaba. Pakitala na ang mga kailangan (K) at nais (N) ay maaring magka-iba sa ibang lugar. May suhestiyong ginawa sa ibaba.

pagkain ng hayop (K)	gas (K/N)	aklat pang-skul (K)
karaniwang pagkain (K)	masarap na pagkain (W)	bayad pang-skul (K)
bisikleta (N)	gamot (K)	binhi sa pagtatanim (K)
damit (K/N)	motorsiklo (N)	kagamitan (K)
pampalamig na inumin (N)	dyaryo (N)	TV (N)
kuryente (K/N)	bagong prituhang (N)	uniporme (K)
bintilador (N)	lampara (K)	aparador (N)
pridyeder (W)	radyo (N)	tubig (K)

Mahalaga na maunawaan ang pagkakaiba ng mga bagay na ating nais sa mga bagay na ating kailangan. Kapag tayo ay nagbabadyet ay ating sinisimulang kalkulahin ang presyo ng mga bagay na kailangan at pagkatapos ay ating makikita kung may sosobra na pera na maaari magamit upang mabili ang mga bagay na nais natin.

Itabi ang talaan ng lahat na nagastos na mga pera

TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO

Upang matulungan tayo sa pagkakalkula ng ating gastusin, na siyang sunod na hakbang sa pagbabadyet ay kailangan nating magtabi ng talaan ng lahat ng ating pinaggastusan. Upang perpektong makuha ito ay kailangan nating gawin ito sa isa o dalawang buwan para mabigyan tayo ng tumpak na larawan kung saan at paano natin ginastos ang ating pera. At maaari kang magulat sa magiging resulta. Minsan ang mga maliliit na gastusin ngunit madalas na bilhin, tulad ng merienda para sa mga bata ay sa katotohanan ay nagdadagdag ng higit na malaking halaga sa ating ginastos sa loob ng isang buwan, lalo na kung taunan itong kukwentahin.

- Kung gagastos tayo ng PhP. 50.00, tatlong beses sa isang linggo sa isang kapehan, ito ay may kabuuhanang 7,800.00 sa isang taon.
- Kung bibili naman tayo na mga matatamis na pagkain sa halagang PhP. 50 sa isang araw, ito ay may kabuuhanang PhP. 18,250 sa loob ng isang taon.
- Kung bibili naman tayo ng kape, o gatas na may tsaa, o iba pang malalamig na inumin sa halagang PhP. 250.00 kada araw, ito ay may kabuuhanang PhP. 91,250.00 kada taon.

Hindi lamang makakatulong sa ating sa pagbabadyet ang pagkakaroon ng talaan ng ating pinaggagastusan, ito ay makakatulong din na ating makita ang mga bagay na maaaring ating sinasayang ang ating pera nang hindi natin napagtatanto.

Hakbang na Pagkilos

Panuto para sa Pasiliteytor: Ipamahagi ang Talaan ng Kalahok – Talaan ng mga Gastusing Pampamilya

Maaari mong gamitin ang talaang ito upang magkaroon ka ng listahan ng bawat iyong pinaggagastusan at nang iyong pamilya sa susunod na linggo o higit pa.



Aralin 3: Paggawa ng Pampamilyang Badyet (Ikalawang Bahagi)

Pangunahing Mga Ideya

- Ang ikalawang hakbang sa paggawa ng badyet ay ang pagkokumpanyut ng ating personal na mga pangangailangan para sa buong taon
- Pagkatapos ay atin namang kokumpanyutin ang matitira sa ating kinita kapag ibinawas na ang halaga ng mga kinakailangan

Gagamiting Mga Materyal

- Tulong sa Pagpapasilita: Poster ng Badyet (1)
- Talaan ng Kalahok – Hakbang 2 at 3 sa Pagbabadyet (1 para sa bawat kalahok)
- Malaking Papel o Pisara para sa paglalagyan o susulatan ng mga halimbawa at pangsulat
- Markers o pang-sulat

Panimula

TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO

Panuto para sa Pasiliteytor: Ilagay o idikit ang Tulong sa Pagpapasilita – Poster ng Badyet sa isang lugar na makikita ng bawat isa sa buong panahon na tinatalakay ang aralin.

- Kumusta ang paglilista ng lahat ng iyong gastusin sa isang buwan o isang taon?
- Mayroon ka bang ikinagulat sa mga ito?

Ngayon ay ating talakayin ang ika-2 at ika-3 hakbang sa pagbabadyet na pang pamilya.

Hakbang 2: Kwentahin ang Iyong Pangangailangan

TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO

Kapag mayroon na tayong naitabing listahan ng ating mga pinaggastusan sa loob ng isang buwan ay maaari na tayong gumawa ng badyet. Kung wala ito ay maaari lang nating estimahin ang mga gastusing nagawa. Ating unang titingnan ang ating mga kailangan.

- Ano ang ating mga pangangailangan upang mabuhay at mamuhay ng sapat ang ating pamilya?

Panuto para sa Pasiliteytor: Isulat ang resulta sa malaking papel o sa pisara. Siguruhin na ang lahat ng nakalista ay pangangailangan at hindi lamang isang bagay na nais ng isa o nilang magkaroon.

Gaya ng ating nilaro kanina, tandaan na ang ibang gastusin ay binabayaran ng buwanan, habang ang iba naman ay binabayaran ng ilang mga buwan (hal., bayaring pang-skul, bayaring pang-kalusugan, pagbili ng butil o binhing pananim). Tandaang isipin ang mga sumusunod na mga bagay o erya:

- Pagkain
- Mga Ginagamit – kasama rito ang kuryente, tubig, gaas o LPG at iba pa
- Gastusing pang-kalusugan
- Pang eskwelahan – uniporme, mga aklat at iba pang gastusing pang eskwelahan
- Damit

- Gastusing pang-transportasyon, e.g., gasolina, langis, pagpapagawa ng sasakyan, taxi, bus, traysikel at tulad nito.
- Ikapu

Ngayon, hatiin ang mga nasa listahan sa dalawang (2) uri:

- Normal na Buwanang Gastusin – Ito ang mga bagay na ating binabayaran o binibili buwan-buwan o nang madalas
- Iba pang Gastusin – Ito ang mga bagay naman na ating lamang binabayaran o binibili sa ilang mga buwan sa loob ng isang taon.

Panuto para sa Pasiliteytor: Iguhit ang dalawang (2) halimbawang tsart sa ibaba at talakayin ito.

“NORMAL” o KARANIWANG BUWANANG GASTOS

Bagay	Ilang Beses kada Buwan	Halaga	Kabuuhang Halaga
Pagkain (para sa 5 Tao)	30	100	3,000.00
Kuryente	1	200	200.00
Tubig	1	150	150.00
Ikapu	4	150	600.00
Dagdag na gastusing pang bahay, hal. panglinis at abubot	4	100	400.00
Matrikula ng 2 anak sa pribadong skul	1	250	250.00
Transportasyon/diesel	30	5.0	150.00
sub-total ng ISANG BUWANG Gastusin			4,750.00
Magkumpyut ng 20 porsyento para sa Samut-saring Gastusin			950.00
KABUUHANG HALAGA NG PANG ISANG BUWANG GASTOS			5,700.00
Paramihin ng 12 beses para sa TAUNANG KABUUHAN			68,400.00

Tsart # 4

Itala na sa ilalim ng bawat tsart ay may karagdagang porsyento para sa “Samut-saring” gastusin o “Miscellaneous” sa Ingles.

- Sa iyong palagay, bakit tayo nagdadagdag ng 10% o 20%?
 - *Kahit na sinisikap nating hulaan ang eksaktong halaga, higit na madali na ating ilagay ang maliit na maliit na halaga o kalimutan ang ilang uri ng mga gastusin. Ang ilang mga gastusin ay ganap na hindi inaasahan. Upang masiguro na ang ating badyet ay makatotohanan, kailangan natin maglaan ng extrang halaga para sa hindi inaasahang gastusin. Isang paraan ay ang magdagdag ng porsyento (gaya ng 10%). Isa pang paraan ay ang magdagdag ng eksaktong halaga, Tulad ng Php. 500 o higit pa kada buwan. Tanging sa pag-lalaan ng isang halaga para sa di-inaasahang gastusin na ating masisiguro na tayo ay nasa badyet. Kung ang perang nakalaan dito ay di nagalaw sa dulo ng taon, tsaka mo lang ito maaaring magamit para sa isang bagay na espesyal na nais mo o mas mabuting idagdag ito sa iyong ipon.*

IBA PANG GASTUSIN

Bagay	Beses sa Isang Taon	Halaga	Kabuuhang Halaga
Uniporme	1	1,500.00	1,500.00
Aklat pang-eskul	1	750.00	750.00
Damit / Sapatos	2	750.00	1,500.00
pagkukumpuning pambahay	1	1,250.00	1,250.00
Kabuuhan para sa ISANG TAON			5,000.00
Magkumpyut ng 10 porsyento para sa Samut-saring Gastusin			500.00
KABUUHANG HALAGA PANG ISANG TAON			5,500.00
			<i>Tsart # 5</i>

KASANAYANG INDIBIDWAL

Panuto para sa Pasiliteytor: Ipamigay ang Talaan ng Kalahok: Hakbang sa Pagbabadyet 2 at 3. Kung marami sa kalahok ay hindi makabasa, hilingin ang mga kalahok na humanap ng kapareha o bumuo ng grupo na may 3 miyembro at pagtulongang gawin ito. Ang mga nakakabasa ang s'yang magsulat para sa kasamahan.



Gamit ang listahan ng ating mga pangangailangan ay atin ngayong kumpletuhin ang tsart ng "Normal" o Karaniwang Buwanang Gastusin (Tsart # 4) at ang tsart ng Iba Pang Gastusin (Tsart # 5) na makikita sa inyong Talaan ng Kalahok, for your family.

Tandaan ang lahat ng uri o klase ng buwanang gastusin. At kung mayroon pang wala pa sa tsart, idagdag ito.

Kapag iyo nang natapos ito, ibahagi sa iba ang iyong plano at humingi ng payo mula sa kanila. Maaaring may maisip silang iyo namang nakalimutan.

Hakbang 3. Kumpyutin ang Pagkaka-iba

TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO

Ngayon na atin nang nalalaman magkano ang ating kinikita sa bawat taon at magkano ang kailangan natin upang mabuhay, oras na upang ating kumpyutin ang pagkaka-iba nito. At ito ang hakbang 3 sa pagbabadyet.

Sa ating halimbawa:

Netong Kinita	Karaniwang Gastos	Iba Pang Gastos	NATITIRA
82,500.00	68,400.00	5,500.00	8,600.00

Tsart # 6

Sa inyong talaan, ibawas ang dalawang gastusin ('normal' o karaniwan at Iba pang gastos') mula sa NETONG Kita gamit ang tsart # 6.

- Mayroon bang natira o sobrang pera o ang naging balanse ay kulang pa?

Kulang na Balanse

Kung ang iyong kinita ay KULANG pa sa iyong gastos, ikaw ay may kulang na balance sa dulo ng pagkokumpyut. Ang ibig sabihin lamang nito ay gumastos ka ng higit sa iyong kinita at ito'y isang malaking problema. Pakasiguruhin na ang lahat ng iyong inilista bilang "Kailangan" ay pawang at tunay na kinakailangan talaga. Mayroon ba sa iyong listahan na "Kailangan," na hindi mo naman talaga kailangang magkaroon [sa ngayon, at darating na panahon na lumaki ang kita ay maaari mong makuha ito - mula sa nagsalin]? Mayroon ba sa iyong listahan na maaari mong isakripisyo sa loob ng isang taon na wala nito?

At kung wala kang maaaring isakripisyo mula sa iyong listahan ng “Kailangan” ngunit ikaw naman ay may negatibo o kulang na balance sa dulo, ang isa pang maaari mong magawa ay ang maghanap ng karagdagang mapagkukunan ng kita upang mapunan ang lahat ng pangangailangan.

Ang pangungutang ay dapat lamang isa-alang-alang sa sitwasyong pang-emergency lamang o ang inutang ay gagamitin para sa isang gawain na magdadala ng kita.

Aralin 4: Pang-unawa Paano Gamitin ang Pera

Pangunahing Mga Ideya

- Ang pera ay magagamit sa maraming paraan
- Ang pagtatabi/pag-iipon o pag-iimpok ay mahalaga dahil makakatulong mailayo o maiiwas tayo sa di-inaasahang gastos
- Ang pamumuhunan o ang “pag-iinvest” ay mahalaga dahil ito ay makakatulong sa atin na magkaroon ng higit na maraming pera sa hinaharap
- Ang PAGBIBIGAY ay mahalaga dahil ito ay pagsunod sa Diyos at sa Kanyang kaluwalhatian

Gagamiting Mga Materyal

- Tulong sa Pagpapasilita: Paraan sa Paggamit ng Pera - “Ubusin”, “Itago”, “Invest” a “Ibigay” (1 set)
- Tulong sa Pagpapasilita: Mayaman at Mahirap na Larong mga Kard. (at buto ng ‘beans’ bilang pera kung walang perang papel)
- Talaan ng Kalahok: Alituntunin sa Laro ng Mayaman at Mahirap (1 kada kalahok)
- Blankong kard (20 piraso kada maliliit na mga grupo)
- Pang-sulat (1 kada maliliit na mga grupo)

Panimula

TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO

- Ano ang iba't ibang mga bagay na maaari mong gawin sa pera?

Ubusin, Itago, ‘Invest,’ Ibigay

TALAKAYAN SA MALILIIT NA MGA GRUPO

Panuto para sa Pasiliteytor: Hatiin ang mga kalahok sa grupo na may 3 miyembro. Bigyan ang bawat grupo ng 20 blankong kard at hilingin silang magsulat ng isang ideya kada kard sa iba't-ibang mga bagay na maaari nilang gawin sa pera. Sabihan silang magsikat at subukang mag-isip ng iba't-ibang mga bagay na maaari nila gawin sa pera tulad ng “pagbili ng damit,” “pagbili ng mga masasarap na pagkain,” “itago sa bangko ito,” “bumili ng lupa,” “bumili ng kalabaw o baka,” “bumili ng mga produkto upang ibenta,” “pagbibigay sa mahihirap,” (huwag lang basta magsulat, tulad ng “pagbili ng kanin,” “pagbili ng karot,” “pagbili ng kamatis,” “pagbili ng karne”...). Hayaan ang mga grupo na kanilang hawakan ang kanilang mga kard hanggang sa talakayin ito sa malaking grupo.



TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO – Tulong sa Pagpapasilita: Paraan sa Paggamit ng Pera

Mayroong apat na paraan sa paggamit ng pera.

Halimbawa, kapag inani na ng isang magsasaka ang kanyang pananim na bigas o mais, may apat na bagay na maaari s'yang gawin sa kanyang inaning bigas o mais.

1. **“Ubusin”** – Ibig sabihin nito ay maaaring kanyang kainin ang mga ito. Wala na ito sa panghinaharap at hindi na makakatulong ito kumita ng pera sa panghinaharap.
2. **“Itago”** – Itago ito para kainin sa mga darating na araw. Ito ay nang ating itinabi ang mga ito o nag-iimpok tayo ng pera para sa panghinaharap – ito ay magagamit sa mga sumusunod na mga panahon.
3. **“Invest”** – Itabi ito para maging binhi sa susunod na taon. Ito ay tulad nang ating paggamit ng ating pera upang higit na kumita ng marami sa panghinaharap.
4. **“Ibigay”** – Ipamigay ang ibang mais sa ibang tao. Ito ay nang ating ipinamigay ang ating pera, maaaring sa ibang tao o sa simbahan bilang ikapu at handog.

Panuto para sa Pasiliteytor: Ilagay o ipaskil ang bawat leybel (Ubusin, Itago, 'Invest,' at Ibigay) sa sahig. Hingin silang ilagay ang mga kard nila sa ilalim ng isa sa mga leybel. Siguruhin ring kanilang nailagay ang kanilang kard sa tamang leybel at kanila ring tamang nauunawaan ito. Pagkatapos ay linawin ang mga ito:

Kapag ating inubos ang isang bagay, wala ng matitira — wala na tayong magagamit pa sa susunod.
Kapag ating itinago ang isang bagay, ating itinatago ito para sa sunod na pagkakataon upang ubusin.
Kapag ating ininvest ang isang bagay, ating ginagamit ang ating pera sa paraang ito ay lalago upang tayo ay magkaroon ng maraming pera sa panghinaharap.
Kapag ating ibinigay ang isang bagay, ating pinupunan ang pangangailangan ng iba sa ating pagsunod sa Diyos.

- Ano ang ilang halimbawa ng mga paraan na ating ma-invest ang ating pera?

Panuto para sa Pasiliteytor: Hilingin ang mga kalahok na kanilang dagdagan ng 5 pang mga ideya paano mai-invest ang ating pera.

Laro ng Mayaman at Mahirap



LARO PARA SA MALAKING GRUPO – Gamitin ang Talaan ng Kalahok: Panuntunan sa Laro ng Laro ng Mayaman at Mahirap; Tulong sa Pagpapasilita: Kard sa Laro ng mayaman at mahirap.

Upang matulungan tayo na maunawaan ng mas mabuti ang mga ideyang ito at ang mga ipekto nito, tayo ay maglaro.

Panuto para sa Pasiliteytor: Hatiin ang mga kalahok sa grupo na may 2 o 3 miyembro. At kung kakaunti o mababa pa sa 8 kalahok, maaari silang maglaro nang nag-iisa. Ipamahagi ang panuntunan ng laro, Talaan ng Kalahok 4.1. Repasuhin ang panuntunan ng laro.



1. Bigyan ang bawat grupo ng tig-10 na kard na pera (o butil) na may pareparehong halaga.
2. Bigyan ang mga grupo ng ilang minuto upang magpasya paano gamitin ang kanilang pera.
3. Puntahan ang bawat grupo at kunin sa kanila ang kard ng pera ayon sa kung papaano nila piniling mabuhay, at gawin ang mga sumusunod:
 - a. Ibigay sa mga grupo ang mga gamit pang-bahay na kard at/o 'investment'/pamumuhunan na kard kung sila naman ay bumili nito.
 - b. Balasahin ang kard na may nakasulat na kalusugan at karamdaman. Habang nakataob ito, hingin silang pumili ng kard.
 - c. Kung sila'y nakakuha ng kard na may nakasulat na karamdaman, kailangan nilang magbayad ng 2 kard ng pera. Kung hindi sila makakabayad kaagad ay mawawalan sila ng 3 kard sa susunod na kanilang tatanggapin ang kanilang kita.
4. Kapag nakatapos na ang lahat ng mga grupo, bigyan sila ng bagong 10 kard ng pera para sa susunod na ikot, dagdag pa ang extrang kard na pera mula sa pamumuhunang ginawa o natapos na pag-aaral. Bawasan naman ng 3 kard na pera ang grupong nakakuha ng kard na may nakasulat na karamdaman na hindi agad nakabayad.

Maglaro ng ilang ikot.

Ipa-alala sa grupo ang tungkol sa pag-iinvest o pamumuhunan kung walang sinuman ang nag-invest.

Pagkatapos ng ilang ikot, at kung kanilang inubos ang kanilang pera sa bawat ikot, tulungan silang mag-isip ng ipekto kung sila ay mag-iipon o magtatabi ng pera na kanilang ipupuhunan.

Maglaro pa ng ilang ikot na ang mga kalahok ay nag-iipon at nag-iinvest o namumuhunan.

PAGMUMUNI-MUNI SA MALAKING GRUPO

- Ano ang nangyari sa larong ito?
- Ano ang iyong naging pakiramdam habang naglalaro?
- Paano ka nagdesisyon sa kung ano ang gagawin?
- Mayroon ka bang sapat na pera upang iyong magawa ang iyong nais gawin sa bawat pagkakataon?
- Paano natin maii-ugnay ang larong ito sa reyalidad ng buhay?
- Kapag ang mahihirap ay may sobrang pera, ano sa iyong palagay ang kanilang kina-ugaliang ginagawa rito?
- Paano kahirap para sa isang mahirap para mag-invest?
- Bakit mahalaga para sa mahihirap na mag-invest?
- Ano ang ating magagawa upang maging madali sa mahihirap na mag-invest?

Maaari bang makapag-ipon o makapag-invest ang mga mahihirap? Buod:

- Mahirap para sa mahihirap na gumawa ng 'investment' o makapag-ipon, ngunit kung sila'y handang gumawa ng ilang pagsasakripisyo at mapabuti ang kanilang buhay ay magagawa ito.
- Isa sa pinakamalaking patibong para sa mahihirap ay ang mga nagpapa-utang. Upang maiwasan itong mangyari, kailangan ng isang mahirap na maging handa sa pananalapi para sa mga malalaking kaganapan sa buhay tulad ng kasalan, libing, karamdaman, at iba pa.
- Kadalasan kapag may pera na ang mahihirap ay bumibili sila agad ng mga bagay tulad ng TV o dagdag na pagkain. Totoong walang masama sa mga bagay na ito, ngunit hindi rin ito ang pinakamahusay na mapagpipilian. Kung ang mahihirap ay mag-iinvest lamang sa halip na gastusin ito ay malaki ang pagkakataon na mapabuti ang kanilang buhay sa hinaharap.
- Di tulad sa larong ito, kadalasan ay hindi ginagamit ng mga mahihirap ang kanilang pera ng mabuti at maigi. Maraming mahihirap ang magsasabi sa atin na wala silang sapat na pera upang mag-ipon ngunit mayroon silang sapat na pera pang-bili ng alak, at iba pa.

KASAMA ANG ISANG KAPAREHA

Talakayin:

- Gaano karami sa inyong pera ang inyong nauubos, naitatago, nai-invest, o naipamimigay?
- Sa iyo bang palagay, tama ba ang mga halagang ito? Sapat ba ang inyong ini-invest? Sapat ba ang inyong itinatabi? Sapat ba ang inyong binibigay sa Diyos/simbahan at mahihirap?
- Paano ka higit na makakapag-iinvest?

Gabay para sa mga kalahok: Panuntunan para sa Laro ng Mayaman at Mahirap

Kita

Ang bawat grupo ay tatanggap ng kanilang kita na 10 kard ng pera (o butil) sa bawat ikot

Gastos

Ang bawat grupo ay magpapasya paano nila nais gamitin ang kanilang pera. Hindi kailangan gamitin ang lahat ng iyong kard ng pera kada ikot.

- Pagkain - 3 beses sa isang araw 5
 - Karne 7
 - Mataas na uri ng pagkain 10
- Kuryente 2
- Pag-aaral ng mga bata 1 - kada bata (may 3 anak)
- Gamit pang-bahay
 - Palikuran 5 Bagong Sofa 2
 - Bisikleta 2 Pagpapagawa ng bubong 5
 - TV 3 celfon 1

Kard ng Karamdaman

Kung ikaw ay may sakit, ikaw ay dapat magbayad ng 2 kard na pera para sa nawalang kita at pambili ng gamot. Kung hindi makakabayad agad ay mawawalan ka ng 3 kard na pera mula sa iyong kikitain sa susunod na ikot (2 kard para sa gamot at 1 sa ipinatong o dagdag ng nagpa-utang.)

'Investment' o Pamumuhunan

Sa bawat pag-ikot ng laro ay maaari kayong pumili na mag-invest. Ang bawat investment o pamumuhunan ay nagkakahalaga ng 3 kard ng pera. Para sa bawat 'investment' na ginawa na 3 kard ng pera ay makakatanggap kayo ng dagdag na 1 kard ng pera sa bawat ikot ng laro na kayo ay nag-iinvest. Sa anumang oras ay maaaring ibenta ang inyong 'investment,' pero 2 kard ng pera lamang ang inyong matatanggap sa pagbebenta ng inyong investment.

Pag-aaral

Para sa bawat anak na makakakumpleto ng tatlong ikot ng pag-aaral ay makakatanggap kayo ng dagdag na 3 kard ng pera sa bawat ikot.

Aralin 5: Paggawa ng Pampamilyang Badyet (Ikatlong bahagi)

Pangunahing Mga Ideya

Mayroong 5 bagay na ating maaaring gawin sa sobrang pera o natirang pera matapos nating ibawas ang gastos mula sa netong kita:

- Pag-iipon
- Pag-iinvest o pamumuhunan
- Pag-bibigay
- Pag-gastos sa mga 'Nais' na bagay
- Espisipikong pag-iipunang mabili o makuha

Gagamiting Mga Materyal

- Tulong sa Pagpapasilita: Poster ng Badyet (1)
- Tulong sa Pagpapasilita: 5 Paraan sa Paggamit ng Pera
- Gabay para sa Kalahok: Hakbang 4 sa Pagbabadyet (1 kada kalahok)
- Pisara/Malaking Papel at Pangsulat
- Kailangan ng mga kalahok ang kanilang kumpletong kopya ng Hakbang Steps 1-3 ng Pagbabadyet; Tsart 1-6.
 - Ang mga ito ay makikita sa Talaan ng Kalahok 2.1; at 3.1
- Ipasiliteyt na magkaroon ng kumpletong kopya ng mga Halimbawa dito sa Gabay para sa Pasiliteytor ng Hakbang 1-4; Tsart 1-7

Panimula

TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO



Panuto para sa Pasiliteytor: Ilagay ang Tulong sa Pagpapasilita, Aralin 2: Poster ng Badyet sa lugar na makikita ng lahat upang maging sanggunian ng bawat isa habang tinatalakay ang aralin.

- Sa inyong komunidad, paano tipikal na ginagamit ng mga tao ang kanilang sobrang kinitang pera?

Atin ngayong titingnan ang ika-4 na hakbang sa pagbabadyet: Pagpapasya paano maiging gamitin ang anumang natitirang pera.

5 Paraan sa Paggamit ng Pera

TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO

Hindi lahat ay magkakaroon ng negatibong balance o kulang pa ang pera kapag tayo ay nagbadyet mula sa hakbang 1 hanggang 3. Kung hindi negatibo ang inyong balance, maaari na kayong gumawa ng plano paano gagamiting ang extra o lumalabas na sobrang pera. At mayroong 5 iba't-ibang bagay na inyong magagawa sa inyong positibong balance o dahil may sobrang pera.



Panuto para sa Pasiliteytor: Ipaskil o ipakita ang mga larawan ng Tulong sa Pagpapasilita Aralin 5: **5 Paraan sa Paggamit ng Pera**, minsan, habang iyong tinatalakay ang bawat isa rito. Ikonekta ito sa larong ginawa sa nakaraang aralin kung kinakailangan.

1. Pagtatabi/Pag-iipon/Pag-iimpok

Natatandaan n'yo ba ang kwento ni Jose sa Bibliya?

- Meron bang pwedeng magsalaysay ng kwento ni Jose paano s'ya nakarating sa Ehipto at ano ang nangyari doon na may kaugnayan sa pagtatabi/pag-iipon/pag-iimpok?

[Ipabasa ito sa isang kalahok – suhestiyong ng nagsalin]

Si Jose ay Ibinenta na maging alipin sa Ehipto. At pagkatapos na siya'y pagbintangan nang hindi tutuo ay naipakulong pa rin siya. Isang araw ay nanaginip ang Paraon na hindi niya maunawaan, ni hindi niya maalala. Lahat na nang kanyang mga tauhang matatalino ay hindi masabi kung ano ang kanyang napanaginipan, lalo na ang ibig sabihin nito. Naalala ng tagapag-pangasiwa ng pagkain ng hari na nang siya'y nakulong ay naipaliwanag sa kanya ni Joseph ang kanyang napanaginipan sa tulong ng Diyos. Isinugo si Jose sa harapan ni Paraon at sa tulong ng Diyos ay kanyang nasabi at naipaliwanag ang ibig sabihin ng kanyang napanaginipan. Sa panaginip ay mayroong 7 matatabang guya ang 7 payat na mga guya. Kinain ng mga payat na guya ang matatabang guya na unang lumabas sa panaginip. Ngunit matapos kainin ng mga payat na guya ang matatabang guya ay walang makapagsabi o makakapansin na kinain ang mga ito ng mga payat na guya dahil walang nagbago sa kanilang laki. Pareho ang nangyari sa mga tangkay ng butil na inani. Ipinaliwanag ni Joseph na ang ibig sabihin ng panaginip ay magkakaroon ng 7 taong kasaganaan at pagkatapos ay papasok ang 7 taon tag-gutom. Kanyang pinayuhan ang Paraon na magtabi ng pagkain mula sa 7 taong kasaganaan para sa susunod na 7 taong tag-gutom. Pinakinggan ng Paraon ang kaniyang payo at nailigtas ang buong bansa ng Ehipto at palibot na lugar mula sa panahon ng taggutom.

Katulad ng panahon ni Jose, tayo rin ay haharap sa magandang at masamang panahon sa ating buhay. At maaari na tila бага na lahat ng panahon ay masama, ngunit kung tayo ay may natirang pera pagkatapos nating mabayaran ang mga kinakailangan, hindi ito magiging masamang panahon — kaya panahon na para mag-tabi, mag-ipon o mag-impok. Sa ating buhay ay ating mararanasan ang lahat ng klase ng panahon na tayo ay nangailangan ng pera, tulad ng — karamdaman, hindi makapagtanim sa tamang panahon, kasal, libing, at kung ano-ano pa. Tulad ng ipinakita ng Diyos kay Jose, kailangan nating mag-tabi o mag-ipon kapag tayo ay may extrang pera upang tayo ay maging handa para sa mga labis na masamang panahon. Kahit na maliit lamang ang ating naitabi sa matagal na panahon, maiipon pa rin ito at dadami pa rin. Kung ikaw ay manghihirap sa panahon ng biglang pangangailangan, mas lalo kang mahihirapang maka-alis mula sa kahirapan.

Kung ikaw ay may extrang pera, ang isa sa mga unang dapat mong gawin ay ang magtabi kahit ng maliit na halaga para sa di-inaasahang gastusing medikal, at iba pa.

2. Pag-iinvest

Isa pang paraan paano natin magamit ang ating sobrang pera ay gamitin ito o gastusin ito sa isang bagay na makakatulong sa atin na higit na kumita sa hinaharap. Naranasan natin ito nang tayo ay naglaro sa nakaraang aralin. Kung tayo ay mamumuhunan, malaki ang posibilidad na tayo ay kumita pa ng higit na pera. Kung sa ating badyet ay nagtabi na tayo ng pera para sa pagtatanim sa susunod na taon, maaari pa natin itong dagdagan kung may sapat tayong pera na maaaring maging puhunan para sa mga dagdag na maaring mapagkakakitaan tulad ng pag-aalaga ng mga hayop (manok, itik, at kambing o kalabaw at baka, kung kakayaning ng extrang pera), o mamuhunan para sa isang palaisdaan, hardin ng mga gulay o namumungang mga puno. Maingat na mag-isip ng mga bagay na iyong magagawa upang mapataas pa ang iyong kinikita. Kung ikaw ay nagsimula sa isang maliit na mapagkakakitaan, sa susunod na taon ay magkakaroon ka ng extrang pera na iyong magagamit para sa mas malaking mapagkakakitaan. Dito ka magsisimulang maka-alis sa kahirapan habang iyong pinamumuhunan ang iyong pera upang sa bawat bagong taon ay may kakayahan ka nang kumita ng mas malaki kaysa sa iyong kinita sa nakaraang taon.

- Ano ang ilang kaparaanan na iyong magamit ang iyong pera na puhunan?

3. Pagbibigay

Ang Biblia ay nagsasabi sa atin na ang Diyos ay magbibigay, gamit ang kaparehong panukat na ating ginamit, sa ating pagbibigay (**Lucas 6:38** *“Magbigay kayo at kayo’y bibigyan din; hustong takal, siksik, liglig, at umaapaw pa ang ibibigay sa inyo. Sapagkat ang panukat na ginagamit ninyo sa iba ay siya ring gagamiting panukat sa inyo.”*). Kung tayo ay mapagbigay, ang Diyos ay magiging mapagbigay sa Kanyang pagpapala sa atin ngunit kung tayo ay magbibigay lamang ng maliit ay ating pinipigilang ang pagpapala ng Diyos sa atin [*Ngunit huwag kalimutan na ang Diyos ay naging mapagbigay na sa atin at kaya tayo nagbibigay ay dahil una na tayong nakatanggap mula sa Kanya. Huwag nating pagkamalian na sa atin nakadepende ang pagbibigay ng Diyos sa atin. Ang higit na masarap na damdamin at pag-iisip na nalalaman nating tayo’y sumusunod sa Diyos kaya tayo ay nagbibigay – kumento ng nagsalin*]. Kaya kailangan nating magsimulang mag-ikapu at maging tapat sa pagbibigay nito at dapat din tayong magsimulang maghanap ng ibang tao o proyekto na ating mapapagbigyan ng ating pera.

- Ano ang iyong higit na hinahanap? Ang pagkakataon na makatanggap ng regalo o pagkakataong makapagbigay ng regalo?
- Kung ating pinaniniwalaan ang **Lucas 6:38**, ano ngayon ang ating dapat na maging prayoridad? Pagtanggap o pagbibigay?

4. Paggastos sa mga ‘Nais’

Syempre naman, kung mayroon tayong extrang pera na maaari nating magamit ay pwede natin itong gamitin para sa mga bagay na ating nais. Kailangan mo lamang maging maingat na pag-aralan ang listahan ng iyong mga ninanais at makapag-pasya kung alin sa mga ito ang pinakamahalaga para sa iyo. Dahil hindi dapat tayo matukso na maging tulad ng ibang pamilya kaya nais nating bilhin ang anumang bagay, ngunit, sa halip ay maisip natin kung ano ang magbibigay karangalan sa Diyos. Ang pagpapakumpuni ng bahay o pagtatayo ng palikuran, (kung wala) ay kahanga-hangang mga proyekto. Ganun pa man, kailangan nating maging maingat na hindi tayo gumastos ng malaking pera sa mga bagay tulad ng TV’s at motorsiklo o kotse, maliban na lamang na mayroon tayong nakahangdang pera para dito. Kaysa bumili tayo ng mga bagay na para sa ating kasiyahan o kaghinhawahan, mas mabuting ating ipamuhunan ito na magpapalaki pa ng ating kita sa susunod na taon. At habang lumalaki ang iyong kita ay maaari mo nang magamit ang iyong pera sa mga bagay na ito. At dahil ang ating badyet na unang ginawa ay isinasa-alang-alang lamang ang pinakamaliit o ‘minimum’ na ating kailangan upang mabuhay, ay maaari mo ring taasan ng bahagya ang iyong badyet upang gumaan din ang iyong pamumuhay na maaari ka ring lumabas at makakain ng masarap-sarap at makapagkape, o iba pang iyong pinapangarap maranasan.

5. Espisipikong Pag-iipon

Kanina ay ating nabanggit na dapat tayong nagtatabi o nag-iipon para sa mga biglaang pangangailangan at di-inaasahang mga gastos. Ang “Espisipikong Pag-iipon” naman ay nangangahulugang pag-iimpok para sa isang proyekto, tulad ng pagtatayo ng bahay o pagbili ng motorsiklo o kotse. Ang mga bagay na ito ay maaaring mangailangan ng higit sa isang taon upang maka-ipon para sa mga ito. Higit na mainam na pasensyosong mag-iimpok para sa ganitong mga gastusin kaysa mangutang upang mabili ang mga ito. Maaari kang mag-ipon taon-taon o buwan-buwan para sa mga gastusing ito. Isa pang paraan upang makapag-ipon para sa mga ito ay ang pamumuhunan at ang kikitain dito ang gagamitin para sa espesyal na mga proyekto. Halimbawa na lamang, ay ang pag-iinvest sa ilang mga puno at kapag magulang na ito at pwede ng putulin at ipagbili ay magkakaroon ka ng pera na iyong magagamit sa pagpapaganda ng iyong bahay o pang-bili ng kotse. Kailangan lamang maging pasensyoso hanggang magkaroon na tayo ng pera.

- Ano ang ilan sa mga mas malalaking gastos ang iyong pinag-iipunan sa ngayon?

Hakbang 4: Maiging Paggamit sa Natitirang Pera

TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO

Atin nang naihanda ang hakbang 1, 2, at 3 sa pagbabadyet. Ngayon naman ay ating kikilalanin paano nating gagamitin ang natitira, sobra o extrang pera.

Sa Aralin 3, ating natapos gawin ang unang bahagi ng ating pagbabadyet. At mayroon tayong natirang **PhP. 9,190.00**. Ngayon ay makakasimula na tayo sa paggawa ng plano para sa ating gagawin sa **PhP. 9,190.00**.

Panuto para sa Pasiliteytor: Iguhit ang tsart sa pisara o malaking papel:

ERYA SA PAGBABADYET	HALAGA
Pag-iipon	1,000.00
Pag-iinvest	2,500.00
Pagbibigay	1,000.00
Paglalaan sa mga Nais	1,500.00
Espesipikong Pag-iipon	2,500 + 100 = 2600.00
KABUUHAN	8,600.00

Halimbawang Tsart 7

Ipaliwanang – kung tayo ay nagpasya na magtabi ng PhP. 1,000.00, mamuhunan ng PhP. 2,500.00, Mamigay ng PhP. 1,000.00, gumastos sa nais ng PhP. 1,500.00, at maglaan ng PhP. 2,500.00 para sa espisipikong pag-iipon para sa motorsiklo, at kung ating isusuma-total ang mga ito ay mayroon tayong kabuuhanang PhP. 8500.00. Ibig sabihin nito ay mayroon pa tayong natitirang PhP. 100.00. Tayo’y magpanggap na tayo ay nagpasya na idagdag ito para sa espisipikong pag-iipon para sa motorsiklo.

Ngayon, gumawa tayo ng plano para sa ating sariling pera. Tingnan ang balance na mayroon ka sa Aralin 3. Isulat ito sa ilalim. Isulat ang mga halaga na ibig mo para sa bawat isang erya. Pagsama-samahin ang mga ito. Kung ang kabuuhan ay malaki kaysa sa balanseng natirang halaga, bawasan ng halagang ibang erya at kung mas mababa naman ang kabuuhan, maaari ka namang magdagdag sa ibang erya.

EHERSISYO PARA SA BAWAT ISA

Panuto para sa Pasiliteytor: Ipamigay ang Talaan ng Kalahok: Hakbang sa Pagbabadyet 4. Imbitahan ang mga kalahok na kanilang kumpletuhin ang kanilang sariling tsart at kalkulasyon.



Kapag iyo nang nakumpleto ang iyong badyet, ipakita ito sa iba at magtanong kung mayroon silang suhestyon para sa iyo.

PAG-UULAT

Panuto para sa Pasiliteytor: Sa iyong pagrerepasu ng iyong final na badyet, ipamalas ang iyong inihandang halimbawa at himukin ang mga kalahok na kanilang ayusin ang kanilang bersyong o sundan nila ang Talaan ng Kalahok.

Ating repasuhin ang lahat na mga hakbang:

Hakbang 1: Kumpyutin ang Netong Kita. (2.1)

Kabuuhanang Kita (Tsart # 1) – Bawas sa Kinita (Tsart # 2) = Netong Kita (Tsart # 3)

Hakbang 2: Kwentahin ang mga Pangangailangan. (3)

‘Normal’ na Buwanang Gastos (Tsart 4) at Iba pang Gastos (Tsart # 5)

(Huwag kakalimutang isama ang ‘miscellaneous’ o Samut-saring Gastos expenses)



Hakbang 3: Kumpyutin ang Pag-kakaiba nito (Netong Kita – Halaga ng Pangangailangan). (3)

Netong Kita – ‘Normal’ na Gastos – Iba pang Gastos = Kabuuhan (*Tsart # 6*)

Hakbang 4: Paggamit ng Maigi sa natitirang pera. (5)

Ginawang mga Pangako (*Tsart # 7*)

Ang susunod na ating pag-aaral ay ang isang paraan paano nating matulungan ang ating sarili na maging tapat sa ating badyet.

Aralin 6: Pamamahala ng Ating Pera

Pangunahing Mga Ideya

- Kailangan magkaroon ng sistema upang mapanatili ang sarili sa pagtalima sa badyet
- Ang pagkakaroon ng sobre para sa bawat gastusin ay isang magandang paraan sa pamamahala ng ating pera
- Ang mag-asawa ay kinakailangang maging kumited sa pagtalima sa badyet

Gagamiting Mga Materyal

- Tulong sa Pagpapasilita: Leybel para sa Gastusin (1 set)
- Tulong sa Pagpapasilita: Halimbawa ng mga sobre, lagyan ang mga ito ng leybel bago ituro ang modyul na ito (1 set)
- Sobreng walang leybel (10 kada kalahok)
- Laruang Perang papel na may halagang PhP. 12,500.00. Siguruhin lamang na maaari itong hati-hatiin sa maliliit na halaga. Maaari mo ring gamitin ang perang kard mula sa aralin 1, extrang PhP. 50.00 na perang kard ay inihanda na sa Tulong sa Pagpapasilita 6 (kunin ang 5 kopya mula sa pahina 7)
- Tagapagpapasilita – kumpletong kopya ng halimbawang hakbang 1-4 sa pagbabadyet (mula sa mga nakaraang aralin)
- Kalahok – ang kumpletong kopya ng kanilang mga Hakbang 1-4 na Badyet (nakumpleto ito sa mga nakalipas na aralin)

Panimula

Ang unang hakbang sa pagiging mabuti at tapat na katiwala tungkol sa pera ay ang paggawa ng badyet. Ganun pa man ay hindi ito sapat — kailangan natin tumalima sa ating ginawang badyet. Sa kasawiang palad ay mas madaling gumawa ng badyet kaysa tumalima rito. Ngunit, sa pagkakaroon ng pagpipigil sa sarili at disiplina *[na sa pabirong paraan ay sasabihin ng karamihan na wala sila nito – ‘pagpipigil sa sarili at disiplina,’ kaya kailangang magpasya ang lahat na pipigilan at didisiplinahin ang sarili – komento ng nagsalin]* ay magiging posible ito.

- Paano mo pinamamahalaan ang iyong pera sa kasalukuyan? Ano ang iyong ginagamit upang iyong masubaybayan ang mga iba’t-ibang mga bagay na kailangang lagyan ng badyet?

Sa araling ito ay ating titingnang ang isang madaling paraan upang ating mapamahalaan ang ating pera gamit ang Sistema ng pagkakaroon ng Sobre para sa pagbabadyet.

Ang unang hakbang ay pagpapasya ng magkabiyaq na sila’y magiging kumited sa kanilang ginawang badyet. Kung isa lamang ang magiging kumited dito ay kaagad-agad na madidiskubre na hindi ito gagana o magiging matagumpay. Magkasama sa harapan ng Diyos, magkumit na inyong pagsisikapang pamahalaan ang perang ipinagkatiwala sa inyo ng Diyos nang maigi at kayo’y tatalima sa plano o badyet na kayo ring ang gumawa.

Sistema ng Pagkakaroon ng Sobreng may Leybel

TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO – Gamit ang Tulong sa Pagpapasilita: Leybel ng Gastos at halimbawa ng mga sobre.

Panuto para sa Pasiliteytor: Gawing handa ang Sistemang ito ng pagkakaroon ng sobre sa buong pagtatalakay nang mga seksyon a) hanggang d) na nasa ibaba.

Ang pinakamahasag at pinakamadaling paraan sa pamamahala ng iyong pera ay ang pagkakaroon ng Sistema ng pagsosobre ng iyong badyet. Gamit ang sistemang ito, hahatiin natin ang ating pera ayon sa ating badyet at

pagkatapos ay ilalagay natin ito sa sobre. Pagkatapos ay maaari na nating gamitin ang perang inilagay sa sobre ayon sa pinaglaanan nito. Sa ating paggawa nito ay ating sinisigurado na hindi tayo lalagpas o gagastos ng higit dahil tayo ay limitado lamang nang kung ano ang ating inilagay sa loob ng sobre. Upang higit natin itong maunawaan nang may kalinawan, tingnan natin ang isang sobre bilang halimbawa.



Panuto para sa Pasiliteytor: Ilagay ang mga leybel na mula sa Tulong sa Pagpapasilita 6: Leybel ng mga Gastos sa sahig o lamesa at sumangguni rito habang ang mga ito’y tinatalakay. Ipaliwanag na ating tatalakayin maya-maya ang tungkol sa leybel para sa pang-pamilyang pondo, at ito’y naiiba at hindi ito isang gastos.

Bawas sa Kita	‘Normal’ o Karaniwan na Buwanang Gastos	Iba pang Gastos	Pondo ng Pamilya
---------------	---	-----------------	------------------

Sa ating Badyet, natatandaan mo ba na mayroon tayong 3 hiwa-hiwalay na seksyon ng gastusin.

1. Bawas sa Kita
2. ‘Normal’ o Karaniwan na Buwanang Gastos
3. Iba pang mga Gastos

Para sa bawat isang uri ng Gastos, maaari tayong gumawa ng isang sobre para sa bawat uri ng gastos. Kailangan natin ng isang sobre para sa ‘Bawas sa Kita,’ isa para sa ‘Buwanang Gastos,’ at kada isa para sa iba pang mga di-palagiang gastos (tulad ng gastos sa pag-aaral, pagpapagawa ng sira sa bahay, pagbili ng damit, at samut-saring gastusin.)



Panuto para sa Pasiliteytor: Ilagay ang mga inihandang sobre na mula sa aralin 6, Halimbawa A – ang sobre ng 6 na unang kategorya ng mga gastos sa harap ng mga kalahok. Ipaliwanag na iyo nang naihanda ang mga sobre para sa mga gastos ayon sa halimbawang badyet na ating nadebelop sa mga nakalipas na aralin.

Ngayon ay hingin sa grupo na kanilang ayusin ang mga sobre sa ilalim ng tamang leybel na iyo nang unang inilagay na mula sa 6 na mga leybel ng Gastusin.

- Sa ilalim ng anong leybel dapat natin ilagay ang mga sumusunod na mga sobre?

Bawas sa Kita	‘Normal’ na Buwanang Gastos	Iba pang Gastos
Bawas sa Kita PhP. 25,000.00 kada taon	Buwanang Gastos PhP. 5,700.00 kada buwan	Pagpapagawa PhP. 1,250.00 kada taon
		Samut-Saring Gastos PhP. 500.00 Kada taon
		Pang-skul PhP. 2,250.00 kada taon
		Damit PhP. 1,500.00 Kada Taon

- Saan mo inilagay ang 2 samut-saring Gastos na mula sa iyong Badyet?
 - Ang taunang samut-saring gastos ay may sariling sobre na may leybel sa ilalim ng ‘Iba pang Gastos’
 - Ang buwanang samut-saring gastos ay nakasama sa halaga ng kabuuang gastos.

Ngayon ay ating puntahan paano gamitin ang sistemang ito.

a) Magdebelop ng Pondong pang Pamilya

Sa anumang oras na iyong tanggapin o kitain ang pera, kailangan mong ilagay muna ito sa isang espesyal na lagayan. Ang lagayang ito ay tinatawag na Pondo ng pang pamilya.

Panuto para sa Pasiliteytor: Ilagay ang mga inihandang perang papel, na nagkakahalaga ng PhP. 12,500, sa loob o ilalim ng Leybel na Pondong pang Pamilya.

Depende kung taga-saan ka, maaari kang gumamit ng sobre, o isang nasususiang kahon, o magbukas ng isang 'account' sa bangko, o sa isang ligtas na paraan upang iyong mapagtaguan ng iyong pera.

b) Maglaan para sa iyong 'normal' na buwanang mga gastos

Sa unang araw ng bawat buwan, (kung taunan ang kinikita) kunin ang pera mula sa Pondo ng pang Pamilya at ilagay ang tamang halaga sa sobre ng Buwanang Gastos kada buwan.

Ang iba ay kanilang hinihiwalay-walay na ang buwanang gastos sa sobre ayon sa gastusin, tulad ng pagkakaroon ng sobre para sa pagkain, kuryente, tubig at iba pang gastusing bahay.



Panuto para sa Pasiliteytor: Kunin ang sobre ng kabuuang buwanang gastos (PhP. 5,700.00 kada buwan) at ilagay ito sa sobrang inihanda na mula sa aralin 6 Tulong sa Pagpapasilita: Halimbawa B: Ang dagdag na 5 buwanang gastos gaya ng makikita sa ibaba, sa ilalim ng 'normal' na buwanang gastos. Pagkatapos ay hingin ang grupo na kanilang punan ang kada buwanang sobre gamit ang pera mula sa Pondong pang Pamilya.

Ang kabuuhan ba ng mga ito ay tulad ng orihinal na kabuuang buwanang gastos?

Bawas sa Kita	'Normal' na Buwanang Gastos	Iba pang Gastos
Bawas sa Kita PhP. 25,000.00 kada taon	Natitirang buwanang gastos PhP. 1,500.00 kada buwan	Pagpapagawa ng sira PhP. 1,250.00 kada taon
Damit PhP. 1,500.00 kada taon	Skul PhP. 250.00 Kada buwan	Samut-saring Gastos PhP. 500.00 kada taon
	Ikapu PhP. 600.00 Kada buwan	Pang-skul na Gastos PhP. 2,250.00 Kada taon
	Pagkain PhP. 3,000.00 kada buwan	
	Kuryente't Tubig PhP. 350.00	

c) Maglaan para sa iyong iba pang taunang gastos

Ang sobre ng "kada taon" ay kailangan malalaman minsan sa isang taon. Ito ay dapat kapag iyo nang nakuha o tinanggap na ang iyong pinakamalaking kita sa isang taon, halimbawa, pagkatapos mong maibenta ang iyong inaning bigas. Pagkatapos na pagkatapos ay kaagad-agad mong ilagay ang pera sa sobre.

Panuto para sa Pasiliteytor: ipaliwanag na sa halimbawang ito ay pagkatapos ng anihan o bentahan ng inani. Hingin sa grupo na kanilang lagyan ang "kada-taong" sobre gamit ang pera mula sa Pondong pang Pamilya.

d) Paggastos o paggamit ng pera

1. Gastusin ang pera na mula sa mga sobre LAMANG

Huwag hawakan ang Pondong Pang-pamilya muli hanggang di-natatapos ang buwan. Gumastos lamang ng mula sa mga sobre.

Halimbawa, kung kailangan mo ng pera para sa kuryente, buksan ang sobre ng pang-buwanang pang-bayad para sa yutilidad at iyon lamang ang gastusin. Kapag may wala ng pera sa sobrang ito, hindi ka dapat gagastos ng higit sa bagay na ito. Kailangan mo nang maghintay ng susunod ng buwan para magkaroon muli ng badyet.

Ang tanging eksepsyon ay sa panahon ng biglang pangangailangan, tulad ng pagpunta sa doktor at pagbili ng gamot. Dahil dito ay maaari kang kumuha ng konti mula sa samut-saring gastusin na sobre upang mapunan ang pangangailangan para sa biglang pangangailangan. Huwag na huwag gamitin ang samut-saring gastusin pondo para sa personal na kasiyahan tulad ng pagbili ng bagong damit. Gamitin lamang ito para sa “kailangan.” Kailangan nating maging disiplinado at maghintay na tayo ay magkaroon ng pera upang makabili ng anumang ibig natin. Maaari kang makakain ng masarap na pagkain sa unang araw ng buwan kapag mayroon ng bagong pera sa sobre, ngunit ordinaryong kanin na lamang sa natitirang mga araw. *[Isang araw na milyonaryo ang tawag natin dito sa tagalog, bagaman ito ay galing sa Ingles na katagang “one day millionaire.” Huwag din nating pahintulatang maging kaisipan ang pananaw na sa dulo ng buwan tayo magsaya sa anumang matitira, sa halip ay ipunin ang matitira sa badyet – pananaw ng nagsalin]*

Kailangan nating maging maingat na huwag kumuha ng extrang pera mula sa Pondo ng pang Pamilya. Hindi ito sobrang pera. Mayroong plano para sa LAHAT ng perang ito. Kung tayo ay kukuha ng extrang pera mula sa Pondo ng Pang-pamilya, hindi ito sasapat para sa loob ng isang taon. Kung gusto natin ng pera para sa anumang extra, kailangan nating maghanap ng paraan upang kumita ng extrang pera. Ngunit hindi natin dapat bilhin ang anumang bagay hanggang hindi natin kinita ang extrang pera para rito.

2. Ilaan ang anumang natirang pera ng maigi

Kung magkakaroon ng sobra, maari ka ring maghanda ng mga sobre para sa mga bagay na pinaplanong bilhin o pinaglalaanan tulad ng pag-iimpok, pamumuhunan o pagbibigay nito sa simbahan o sa ibang tao.



Panuto para sa Pasiliteytor: Ilagay ang sobre para sa natitirang “sobra” (Tulong sa Pagpapasilita – Halimbawa C). Imbitahan ang grupo na punan ito ng mga natitirang pera mula sa Pondo ng pang Pamilya.

Pag-tatabi / pag-iipon PhP. 1,000.00 kada taon	Pamumuhunan PhP. 2,500.00 kada taon	Pagbibigay PhP. 1,000.00 kada taon	Pangangailangan PhP. 1,500.00 kada taon	Espisipikong Pinag- iipunan PhP. 2,600.00 kada taon
---	---	--	---	--

Sa halimbawang ito, maaaring hindi sasapat ang pera upang malagyan ang lahat ng sobre ng pare-parehong halaga. Ganun pa man, ang espisipikong pinag-iipunan sa halimbawang ito ay para sa motorsiklo na magagamit para sa pagnenegosyo ay inyong mairerekumenda na kanilang iprayoridad kaysa sa ibang sobre.

Ito na ang katapusan ng ating halimbawa para sa pamamahala ng ating pang tahananang gastusin.

Paglalapad

TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO

Paano naman ang tungkol sa bawas sa kita?

- Sa inyong palagay, bakit hindi natin ito tinatakay ng detalye dito?
 - Kinakailangang ihiwalay ito ng kumpleto mula sa pang bahay na gastusin

Ang inyong 'normal' na buwanang gastos at ang iba pang gastos ay kinalkula ayon sa bawas sa kita na ibinigay na dito gamit na ang inyong "Netong Kita."

Kung sino man ang responsible sa negosyo o pinagtatrabahuhan ay kailangang siguruhin na ang bawas sa kita ay inilaan na BAGO ilagay ang anumang pera sa Pondo ng pang Pamilya.

Maaari mong gamitin ang parehong sobre sa pagpapalano at pamamahala ng bawas sa kita; ngunit dapat itong ihiwalay mula sa 'Normal' at Iba pang pang-bahay na gastusin.

MAIKLING PAGSUSULIT SA MALILIIT NA MGA GRUPO

Panuto para sa Pasiliteytor: Imbitahan ang mga kalahok na bumuo ng maliliit na mga grupo na may 3 miyembro, at manatili sa lugar na kanilang nakikita ang halimbawa. Mayroong 7 tanong sa pagsusulit na ito ayon sa halimbawa.

Mga tanong:

- 1: Mula sa anong sobre ka kukuha upang makabili ng pagkain?
- 2: Mula sa anong sobre ka kukuha ng pang-bayad para sa mga bayaring pang-skul?
- 3: Sa halimbawang ito, mula sa anong sobre ka kukuha upang may magastos ka kung ikaw ay lalabas at iinom ng softdrink o kape kasama ang mga kaibigan?
- 4: Katatapos mo palang makumpleto ang dalawang araw na pagtatrabaho ng extra sa gitna ng buwan. Saan mo ilalagay ang iyong kinita?
- 5: Ang iyong anak ay nagkasakit ng di-inaasahan at kailangang bumili ng gamot para sa 2 linggo; mula sa anong sobre ka kukuha ng pera?
- 6: Paano mo pupunan ang iyong taunang gastos kung maliliit na halaga lamang ang iyong kinikita sa ilang buwan sa isang taon?
- 7: Anong ang iyong gagawin sa perang di mo nagamit dahil napanatili mo ang iyong sarili na gumastos lamang sa loob ng iyong buwanang badyet at may mga natira mula sa sarit-saring gastos?

Sagot:

- 1: Mula sa 'Normal' na Buwanang Gastos, sobre ng para sa Pagkain
- 2: Mula sa Iba Pang Gastos, Sobre ng Bayaring Pang-skul
- 3: Mula sa 'Normal' na Buwanang Gastos, Sobre para sa Natitirang Pera
- 4: Sa Pondo ng Pang-pamilya (basta naalis na ang bawas sa kita)
- 5: Depende sa laki ng halaga, ito ay maaaring kunin mula sa
 - a) 'Normal' na Buwanang Gastos, Sobre para sa Natitirang Pera (dahil ang inyong badyet ay hindi naglalaan ng ilang samut-saring gastos kada buwan) o sa
 - b) Iba Pang Gastos, Sobre ng Samut-saring Taunang Gastos.
- 6: Lagi mo unang punan ang sobre ng iyong buwanang gastos, at pagkatapos ay ang iyong taunang gastos. Kung iyo nang narrating ang panahon na nakumpleto mo na ang iyong taunang gastos, dito ka pa lang makakapag simulang maglaan para sa "Maingat na Paggastos ng Natitirang Pera.
- 7: Iyong ilaan ito una sa sobre ng 'Iba Pang Gastos' na kategorya na hindi pa napupunan. Kung kumpleto na ito para sa taon, maari ka nang maglaan sa erya ng "Maingat ng Paggastos sa Natitirang Pera" na dapat ay ayon din sa iyong badyet.

PAGMUMUNI-MUNI SA MALAKING GRUPO

- Maaari mo bang ilarawan paano naiiba ang sistemang ito mula sa iyong kasalukuyang sistema? *Ano o alin sa mga ito ang magiging hamon para sa iyo?*
- Papaano mapapadali ng sistemang ito ang mga bagay para sa iyo at iyong pamilya?
- Sa iyong palagay, paano makakatulong ang sistemang ito na ating maparangalan ang Diyos?

Hakbang na Pagkilos

Ngayon ay maaari mo ng maihanda ang Sistema ng Pag-sosobre para sa iyong pamilya. Magsimula sa pag-aaral ng iyong badyet. Maghanda ng isang sobre para sa iyong 'normal' na buwanang gastos. Tapos ay maghanda ng isang sobre para iyong iba pang taunang gastos. Kung mayroon sobra o extra, maghanda ng is pang sobre para sa paggastos ng Natitirang Pera.

Kung ibig mo naman, ay maaari mong hati-hatiin ang iyong 'normal' na buwanang gastos gaya ng ating halimbawa.

Sa katapusan, maari ka ring maghanda ng mga sobre para sa Bawas sa Kita, lalo na kung alam mo na kung ano-ano ang mga ito.

Subukang mamuhay ng ilang buwan ayon sa iyong badyet sa pamamagitan ng paggastos lamang sa kung ano ang nasa sobre. Kung iyong mapapanatili ang iyong sarili sa sistemang ito, maari ka na ring makapagsimula sa pagbili ng mga bagay na nasa iyong listahan ng mga 'nais.'.

Aralin 7: Tayo Ba Ay Kumikita?

****PARA SA MGA LUGAR NA MAY MIYEMBRONG NASA AGRIKULTURA LAMANG**

Pangunahing Mga Ideya

- Kailangan nating kwentahin magkano ang ating kikitain
- Dapat tayong magplano ano ang dapat gawin kung maliit lamang ang kinikita o walang kinikita
- Kailangan nating magkaroon ng listahan

Gagamiting Mga Materyal

- Tulong sa Pagpapasilita: Larawan ng bukid na may maraming pananim
- Talaan ng Kalahok: Pagkakalkula ng Kita
- Pisara at pang-sulat

Panimula

TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO

Atin nang natutunan paano magbadyet para sa ating pamilya at paano natin pamahalaan ang ating pera para sa ating personal na gastusin.

Ngayon naman ay ating itutuon ang ating pokus sa gastusing pang-negosyo. Kailangan itong isaalang-alang nang hiwalay.

Maraming taong nagtatrabaho ng maigi, ngunit maliit lamang ang kinikita. Kailangan nating maglaan ng panahon upang makalkula ang kita upang ating masiguro na ating maiging pagtatrabaho ay mahusay tayong nababayaran.



Panuto para sa Pasiliteytor: Hawakan at ipakita ang larawan mula sa Tulong sa Pagpapasilita 7: Bukid na may maraming pananim. Tanungin ang grupo:

- Ito ba ay isang matagumpay na negosyo? Kung oo, bakit at kung hindi naman ay bakit din?
- Posible po ba na ating masabi mula sa larawang ito na ang bukirin ito ay kumikita ng pera?
- Ano ang ating kinakailangan upang ating malaman kung ito nga ay kumikita?

Hindi dahil ang isang bukirin ay may maraming mga pananim ay nangangahulugan na ito ay kumikita. At ang pagtingin sa perang napagbilhan ng mga pananim ay hindi rin magsasabi sa atin kung gaano ito kumikita.

Kailangan nating gumawa ng simpleng kalkulasyon at pagtatabi ng mga resibo at listahan ng lahat na may kinalaman sa pananim upang makita kung ang negosyo ay matagumpay. Upang malaman kung ang bukirin o pananim ay kumikita, may dalawang pangkaraniwang bagay na kailangan nating malaman.

1. Magkano ang ating napagbentahan mula sa pananim?
2. Magkano ang nagastos sa pagtatanim, pagpapalaki at pag-aani ng mga pananim?

Sa pamamagitan ng pagkakalkula sa dalawang nabanggit na bagay sa itaas ay ating malalaman kung tayo ay kumita o hindi.

Panuto para sa Pasiliteytor: Ipamahagi ang Talaan ng Kalahok: Pagkakalkula ng Kita (4 na pahina). Para sa natitirang bahagi ng aralin, basahin at gawin ang talaan gaya ng pagsasalarawan sa ibaba. Isulat ang unang halimbawa sa pisara at sama-samang gawin ito ng dahan-dahan.



Halimbawa 1: Gulayang Negosyo ni Anna

TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO

Ating tingnan ang negosyo ni Anna upang tayo'y matulungang maunawaan ito ng higit na malinaw.

Si Anna ay may maraming karanasan sa pagtatanim ng mga gulay dahil sa kanyang kinalakihan sa taniman ng kanyang pamilya sa mahabang panahon. At ngayon ay nagsisimula siya ng kanyang sariling negosyo ng mga gulay. Dinala ni Anna ang kanyang unang inaning mga gulay sa palengke at kanyang naibenta ito sa halagang PhP. 1,250.00. Masayang-masaya siya sapagkat mukhang marami siyang pera.

- Sa inyo bang palagay ay matagumpay ang naging negosyo ni Anna?
 - *Maliban na malaman ni Anan kung siya'y kumita o hindi ay hindi niya malalaman kung naging matagumpay ang kanyang naging negosyo at kung kanyang ipagpapatuloy pa ito.*

Ngayon ay ating tingnan ang kanyang listahan upang makita kung siya nga ay naging matagumpay.

Gastos – Listahan ng mga kailangan	Halaga
- Binhi	PhP. 300.00
- Abono o pataba	PhP. 250.00
- Mga Kagamitan	PhP. 200.00
- Upa sa Palengke	PhP. 100.00
- Plastik na mga bag at sisidlan	PhP. 150.00
- Pamasaha	PhP. 50.00
Bakuuhang Gastos	PhP. 1,050.00
Kita – Estimeyt	Halaga
Kabuuhang Benta	PhP. 1,250.00

KABUUHANG BENTA	- KABUUHANG GASTOS	= KITA
PhP. 1,250.00	- PhP. 1,050.00	= PhP. 200.00

Gaya ng ating makikita, si Anna ay kumita – ngunit PhP. 200.00 lamang.

Panahon at Oras

- Maliban sa malaman natin kung magkano ang kinita ni Anna, sa iyong palagay, ano pa ang isang bagay na kailangang tingnan ni Anna upang makita kung s'ya'y masaya sa kanyang naging negosyo?
 - *Ang haba ng panahon o oras na kanyang ginugol sa kanyang negosyo. (Mga kalahok, isulat ang kanilang sagot sa kanilang talaan)*

Minsan ang isang negosyo na may maliit na kita ay masasabing matagumpay kung ang panahong iginugol upang kumita ay konti lamang. Ganun pa man, kung maraming panahon o oras at lakas ang ibinuhos sa negosyo ngunit ang negosyo ay nagbigay lamang ng maliit na kita, kailangan pag-isipan ang negosyong pinasok.

Ang unang anihan ng pagtatanim ni Anna ay pagkatapos ng 4 na buwan. At inilista ni Anna ang haba ng panahon o oras na kanyang pagtatrabaho araw-araw. Nang nagsisimula pa si Anna sa kanyang negosyo, kanyang inisip na hindi kailangang gumugol ng maraming panahon araw-araw sa pag-aalaga ng kanyang mga pananim. Ganun pa man, sa taong ito, ang taglamig na mga buwan ay kalimitang tuyo kaya kailangan ni Anna na gumugol ng dagdag na oras upang masigurong natutubigan ang mga pananim. Ang pagtatanim at pag-aani ay mas mahaba kasya sa inaasahan at kailangan n'ya pang hingin ang tulong ng kanyang anak na babae.

Kwinenta ni Anna ang kanyang estimatong na kalahatang panahon o oras na kanyang ginugol sa kanyang negosyo mula sa kanyang pagtatanim hanggang sa pagbebenta ng mga pananim, isama pa rito ang pagbibiyahang papuntang palengke.

Pagpapalago ng tanim (bilang ng buwan):	4
Dami ng oras kada buwan:	12.5
Kabuuhan (Oras/buwan x bilang ng buwan)	50
Kita / bilang ng oras	PhP 4.00

Lahat ito gumugol ng 12.5 na oras kada buwan. Lahat-lahat ang kahabaan ng panahong naigugol at 50 oras sa buong panahon ng pagtatanim hanggang sa pagbebenta nito. Ang PhP. 200.00 ay ating hahatiin sa 50 oras kaya ito ay nagkakahalaga ng PhP. 4.00 kada oras. Ngayon ay mas malinaw na ating nakikita na ang PhP. 4 ay napakaliit para sa lahat ng trabaho na kanyang inilagay sa kanyang negosyo. *[Ngunit maaari itong isipin ng iba na mas mabuti na ito kasya sa walang ginawa. Tandaan na hindi natin intensyon na siraan ng loob ang may ganitong pananaw. Tama po na mas maigi ito kasya sa wala, ngunit ang ating pinahahalagahan dito ay dahil naroon na ang pagsisikat ay may ginagawa naman, mas makakabuti na pag-igihin pa ito para sa higit na kikitain – komento ng nagsalin]*

Kailangan ni ng isang plano paano niya magpapalaki ang kanyang kita sa susunod na pananim. Kailangan niyang subukang magbawas sa gastusin. Maaari ay gumamit siya ng organic o sariling pataba o di kaya ay mula sa kanyang inani siya magpapalago ng kanyang sunod na itatanim. Kung hindi mapapababa ni Anna ang kanyang gastusin sa pagtatanim, baka higit na magiging kapaki-pakinabang sa kanya na sumubok ng ibang negosyo.

Sa kasawiang palad, maraming negosyong tulad ng gulayan ni Anna. Maigi tayong nagtatrabaho ngunit hindi natin na pagtatanto na maliit lamang ang ating kinikita.

Halimbawa 2: Ang Babuyan ng Pablo

TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO

Maaari nating gamitin ang parehong talaan gaya ng kay Anna upang ating makalkula kung tayo ay kumikita. Bago natin tingnan ang ating sariling negosyo ay ating tingnan ang dalawa pang mga negosyo.

Panuto para sa Pasiliteytor: Tingnan ang blangkong talaan para sa Babuyan ni Pablo mula sa Talaan ng Kalahok. Pag-usapan ang bawat hakbang. Siguruhing kanilang nauunawaan na ang kabuuhan Make sure they understand that the subtotals involved for both expenses and income.



Si Pablo ay nag-aalaga ng mga baboy. Siya ay nag-aalaga ng mga baboy sa maraming taon na at nais n'yang masiguro kung s'ya'y talagang kumikita mula rito. At sa huling anim na buwan ay itinatibi niya ang lahat ng listahan ng kanyang mga ginastos sa pangangalaga ng mga baboy. Ngayon ay kanya nang ibinenta ang mga baboy at nais niyang makwenta kung siya'y kumita sa kanyang pagnenegosyo ng mga baboy.

Kumpletuhin ang talaan ni Pablo.

- Kumita ba sa Pablo?

Hakbang 1. Pangalan o Uri ng Negosyo	Babuyan ni Pablo
Hakbang 2. Tagal o Haba ng Negosyo	100 Araw
Hakbang 3. Gastos – Listahan ng mga kailangan	Halaga
Presyo ng 2 biik ng may 10kilo ang bigat	PhP. 2,000.00
Pagkain ng 2 baboy (3 sako ng feeds)	PhP. 2,500.00
Vitamina at inyeksyon (kahit wala kung alaga)	2
Kabuuhang Gastos	PhP. 4,600.00
Hakbang 4. Kita – Estimatey	Halaga
Kabuuhang Benta	PhP. 14,000.00

Tala: Pagkukwenta ng Kita: [Halaga / kilo] x [bigat ng baboy] x 2 [baboy] (87.5 x 80 x 2 = 14,000)

Pinagbentahan	- Gastos	= Kita
PhP. 14,000.00	PhP. 4,600.00	PhP. 9,400.00

Panahon o Oras na Ginugol	
Pagpapalaki (bilang ng araw)	100
Kita kada araw	PhP. 94.00

Halimbawa 3: Tindahan ng Damit ni Juan

KASAMA ANG ISANG KAPARTNER

Tulad ni Pablo, nais din ni Juan na masiguro ang kanyang tindahan ng mga damit ay maayos na kumikita. Kanyang itinabi ang listahan nang pumasok at lumabas na pera sa nakalipas na anim na buwan ngunit higit siyang naguluhan. Hindi siya buong-buong sigurado kung ano dapat ang kanyang ililista at ang hindi na kailangan ilista.

Panuto para sa Pasiliteytor: Hatiin ang mga kalahok sa magkakapareha. Hayaan silang magtrabaho ng magkasama upang punan ang talaan.



Sundan ang mga hakbang na ito upang matulungan si Juan na makwenta ang kanyang kinita:

Hakbang 1: Guhitan sa gitna ang anumang bagay na hindi kasali sa negosyo ng mga panindang damit.

Hakbang 2: Isa-isahin ang nasa listahan at kilalanin ang anumang kita na kanyang kinita mula sa panindang damit – ilagay ang mga ito sa seksyon ng kita sa talaan.

Hakbang 3: Pasadahan itong lahat at kilalanin ang lahat ng gastos. Ilagay naman ang mga ginastos sa seksyon ng Gastos sa talaan.

Hakbang 4: Gaya ng inyong ginawa sa talaan ni Pablo, gamitin at kwentahin ang gastos mula sa kita upang malaman kung kumita nga si Juan.

Listahan ni Juan

Pagbili ng damit na ibebenta	PhP. 25,000	Pinagbentahan ng Damit	PHP. 30,000
Bayad pang-skul	PhP. 15,000	Pagkain ng Pamilya	PhP. 2,500
Bag na Pang-skul	PhP. 2,000	Pinagbentahan ng Damit	PhP. 25,000
Upa sa tindahan	PhP. 5,000	Regalong binili	PhP. 15,000
Pinagbentahan ng damit	PhP. 20,000		

Hakbang 1. Pangalan o Uri ng Negosyo	Damitan ni Juan
Hakbang 2. Haba o Tagal ng Negosyo	6 na buwan
Hakbang 3. Gastos – Listahan ng kailangan	Halaga
Pagbili ng damit na ibebenta	PhP. 25,000.00
Upa sa Tindahan	PhP. 5,000.00
Kabuuhang Gastos	PhP. 30,000.00
Hakbang 4. Kita – Estimeyt	Halaga
Pinagbentahan ng damit	PhP. 20,000.00
Pinagbentahan ng damit	PhP. 30,000.00
Pinagbentahan ng damit	PhP. 25,000.00
Income Total	PhP. 75,000.00

Napagbentahan	- Gastos	= Kita
PhP. 75,000.00	PhP. 30,000.00	PhP. 45,000.00

Panahon o Oras na Ginugol

Haba o Tagal ng Negosyo (buwan)	6
Kita / kada buwan ($45,000 / 6 = 7,500$)	PhP. 7,500.00
Kita / bilang ng buwan / 30 araw ($7,500 / 30 = 250$)	PhP. 250.00

Pagkukwenta ng Puhunan

PANG-ISANG PAGSASANAY

Kailangan nating maglaan ng sapat na panahon at oras upang ating masiguro na ang ating negosyo ay tulad ng kay Pablo at hindi ng tulad ng kay Anna. Ating tingnan ang huling blanking tsart sa inyong talaan.

Unang Hakbang: Magpasya kung aling negosyo ang ating gagamitin sa pagkakalkula ng ating tutubuin. Huwag ilagay ang lahat ng kaparaanan na ikaw ay kikita (Hal., pagtitinda ng bigas, pagtitinda ng gulay, manok, baboy.). Kailangan mong pumili ng isang uri ng mapagkakakitaan para sa isang tsart.

Panuto para sa Pasiliteytor: Pakasiguruhin na ang bawat isa ay nakapili ng isang uri ng negosyo.

Ikalawang Hakbang: Magpasya patungkol sa haba ng panahon na iyong magagamit. Halimbawa, si Anna ay gumugol ng 4 na buwan dahil ito ang haba ng panahon mula ng nagtanim s'ya ng gulay hanggang kanyang naipagbili ang mga ito. Si Pablo naman ay gumugol ng 6 na buwan dahil ganito kahaba ang kailangan sa pagpapalaki ng baboy. Kung ikaw naman ay nagtatanim ng palay o bigas, isipin kung ilang buwan ang hihintayin hanggang sa maibenta ang mga pananim. Kung ikaw naman ay mananahi o nagtitinda ng pagkain, maaari kang gumugol ng isang lingo o isang buwan.

Panuto para sa Pasiliteytor: Hayaang magawa ng bawat kalahok muna ang unang dalawang hakbang bago magpatuloy sa ika-3 at ika-4 na mga hakbang.



PAGBIBIGAY NG MGA NALALAMAN SA MALAKING GRUPO

Hakbang 3: Alamin ang mga kaakibat na gastusin sa negosyong ito. Bago natin ito makuha, kailangan natin munang isipin kung ano-ano ang ating kailangan upang masimulan ang negosyong ito. Ang pagsisikap na isipin ang lahat ng bagay ay hindi madali at madaling ating makalimutan ang ilang mga bagay. Upang matulungan tayo sa Gawain ito, mayroon akong babasahing halimbawa para sa inyo: *[o ipabasa ito sa isang kalahok – suhestyon ng nagsalin]*

Si Lily ay magnenegosyo ng manukan. Nagkaroon ng listahan si Lily ng lahat ng kanyang kakailangan para sa negosyong ito sa pamamagitan ng pag-iisip ng buong araw kung ano ang kakailanganin ng mga nagnenegosyo ng manukan. Maraming katanungan ang kanyang itinanong sa kanyang sarili. Halimbawa, paggising n'ya ng umaga at si Lily ay pupunta sa kanyang manukan. Saan ito? Malapit lang ba ito sa kanyang bahay? Ito ba ay malayo, at paano s'ya makakarating doon? Kailangan n'ya bang umupa ng lugar? Pagkatapos ay kanyang inisip ang kanyang sarili na naroon na sa manukan. Ano ang aking unang gagawin? Pakaka-inin ko ang mga manok. Nang ano? Saan s'ya kukuha ng ipapakain rito? Magkano naman kaya ito? Ano pa ang kailangan ng mga manok upang maging masisigla, malulusog, at malalaki? Kailangan n'ya bang kumuha ng magtatrabaho sa kanya para sa negosyong ito? Pagkatapos ng kanyang ginawa, si Lily ay nagkaroon ng listahan ng maraming mga bagay na kanyang kakailanganin para sa negosyong naisip.

Panuto para sa Pasiliteytor: Bilang isang malaking grupo, ating ilista ang mga bagay na kakailanganin ng isang negosyo.

Ang bawat negosyo ay iba't-iba kaya dapat maging maingat nap aka-isipin ang mga kakailanganin para sa iyong negosyo.

PANG-ISAHANG PAGSASANAY

Gumawa ng kumpletong listahan ng iyong maiisip na iyong kakailanganin para sa iyong magiging negosyo. Subukang gumawa kasama ang ilang kaparehong negosyong papasukin at sama-samang isipin ang magiging halagang kakailanganin ng negosyong ito.

Ngayon ay kailangan nating estimahin ang halaga ng mga bagay. Isa-isahin ang lahat ng iyong kakailanganin at lagyan ang bawat isa ng eksakto o estimadong presyo. Kung hindi kayang malaman ang eksaktong halaga, subukan na lamang na estimahin ito.

Inyo ring mapapansin na may ilang mga bagay na iyong kakailanganin sa bawat panahon na ginagawa ang negosyo at mayroon namang mga bagay na kailangan sa pagsisimula ng negosyo. Kung nakabili ka na ng mga kagamitan at mayroon ka ng lupa na kakailanganin para sa negosyo, hindi na kailangan pang isama ang halaga nito sa listahan ng kailangan.

Ang susunod na hakbang ay ang pagsasama-sama ng mga halaga ng kakailanganing mga bagay. Isulat ang Kabuuang Halaga ng Kailangan sa talaan.

Kalkulahin ang Kikitain

Hakbang 4: Kalkulahin magkano ang iyong kikitain. Para sa maraming negosyo ay hindi ito mahirap dahil ating ibinibenta ang ating produkto ng minsan lamang, katulad na lang ng pagbebenta ng inaning play o bigas, kaya madali nating malaman kung magkano ang ating nakuhang pera. Sikaping estimahin ang halaga na iyong nakuha sa iyong pinagbentahan. Isulat ang Kabuuang Kita sa tsart. Tandaan na atin lamang tinitingnan ang benta ayon sa panahon na ating inilista para sa negosyong pinasok.



Kung hindi mo naman ibinibenta ang iyong produkto, tulad ng bigas, at sa halip ay iyong itatabi ilang para sa pangpamilyang kunsumo, subukang estimahin kung magkano ito kung iyo itong bibilhin para sa iyong pamilya. Halimbawa, kung ikaw ay umani ng 500kilong bigas at hindi mo naman ito gagamitin para sa iyong pamilya, ikaw ngayon ay bibili ng bigas sa halagang PhP. 50.00 kada kilo, kaya para makalkula ang kikitain, kwentahin ito ng ganito, $500\text{kilos} \times \text{PhP. } 50.00 = \text{PhP. } 25,000.00$. Mahalaga na ating makalkula ito o ang kita dahil kung malulugi lang tayo sa pagtanim ay mas mabuti pang bumili na lamang tayo ng bigay sa halip na magtanim.

Hakbang 5: Ngayon ay atin ng malalaman kung an gating negosyo ay kumite o hindi. Gamitin ang kabuuhan sa pagkalkula.

- Kumita ba ang iyong negosyo?

KAHALAGAHANG NG PAGLILISTA

Sa susunod na ikaw ay magsisimulang magtanim o bumili ng mga hayop, mahusay na iyong ilista ang lahat ng ito upang makwenta sa huli kung ikaw ba talaga ay kumikita o hindi. Minsan an gating mga ginawang estimeyt ay mali, kaya mabuti kung ating nailista ang lahat. Kung ikaw ay nalito, ang mahalaga ay iyong nailista ang lahat, at pagkatapos ay humiling ng tulong sa iba upang makalkula ang mga ito.

GAGAWING MGA HAKBANG

Kung marami kang negosyo, magiging maganda na ulit-ulitin ang pagsasanay na ito sa iyo pang ibang mga negosyo.

Hilingin ang isa sa iyong miyembro ng pamilya o isang kaibigan upang suriin ang iyong mga ginawang estimate at tulungan kang gumawa ng mga malikhaing paraan upang mapataas ang kikitain.

Aralin 8: Ang Halaga at Kahihinatnan ng Utang o Pangungutang

Pangunahing Mga Ideya

- Maraming mabibigat na bunga ang pangungutang, hindi lamang sa pinansyal
- Kailangan kong kwentahin ang magkano ang patong na idadagdag sa aking utangin
- Kailangan kong maunawaan ang mga uri ng utang
- Ang pangungutang ay maaaring maging kapaki-pakinabang; kailangan ko ring masiguro na kaya kong bayaran ito mula sa aking negosyo o kinikita

Gagamiting Mga Materyal

- Gabay ng Kalahok: Opsyon A o B (*magpa-imprenta lamang ng mas naaayon sa inyong konteksto; 1 kada maliit na grupo*)
 - Opsyon A: ay para sa may mga miyembrong nasa Agrikultura: kasama rito ang pagbebenta ng mga pananim na mas maaga; at hindi kasama rito ang pangungutang na may compounding na tubo
 - Opsyon B: ay para sa mga miyembrong nasa urban na kalalagayan (at di pagsasaka ang pangunahing hanap-buhay): Kasama rito ang pangungutang na may compounding na tubo; hindi naman kasama rito ang pagbebenta ng pananim bago pa ito anihin
- Lahat ng kalahok ay kailangang may pang-sulat at papel
- Pang kwenta o celfon
- Pisara o malaking papel at pang-sulat upang maipakita ang halimbawa

TALA: ANG SEKSYON PARA LAMANG SA RURAL AT/O URBAN NA MIYEMBRO AY MAKIKITA

Panimula

TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO

- Bakit nagkaka-utang ang mga tao?
- Bakit bumibili ang mga tao gamit ang perang inutang?
- Ano ang benipisyo ng pangungutang?
- Ano-ano ang mga problemang naka-akibat sa pangungutang?
 - *Maaaring di magtatagal ay magkakaroon tayo ng malaking pagkaka-utang sa isang tao.*
 - *Ang utang ay maaaring maging isang pabigat na magdadala sa atin sa huli na wala tayong sapat na pera sa panghinaharap.*
 - *Ang pangungutang ay humihimok sa atin na gumastos ng pera higit sa kung ano ang mayroon tayo.*
 - *Madalas ay bigo tayong isaalang-alang ang kahihinatnan ng tubong ipinatong sa ating inutang.*
- Mayroon ba kayong nakikilala na kanyang nagamit ng maigi ang pangungutang?
- Mayroon po ba kayong kilala na ngayon ay nagdurusa dahil sa pangungutang?

Napakarami nang niidulot ng utang o pangungutang – pagkabalisa, pag-aalala, hidwaan sa pagsasamang mag-asawa, di-makatulog sa gabi, at iba pa. Sa araling ito, tayo ay tututok lamang sa kahihinatnang dulot ng utang o pangungutang. Ganun pa man ay hindi dapat nating isipin na ito lamang ang mga tanging kahihinatnan nito.

Pagkukwenta ng Tubong Ipinapatong sa Utang

TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO

Panuto para sa Pasiliteytor: Isulat sa pisara at ipakita sa harap ng mga kalahok ang mga halimbawa na makikita sa mga kahon.

Upang tayo ay makapagsimula, Dapat nating malaman paano kwentahin ang tubo na ipinapatong sa utang, na ito ang dagdag na pera na ating binabayad sa ating inutang na halaga.

Kung gagamit tayo ng papel at pang sulat:

Kunin ang halagang inutang, halimbawa, PhP. 5,000.00. Tanggalin ang dalawang 0, halimbawa, PhP. 5,000.00 = 50.00 at imultiplay ito gamit ang tubo na ipinapatong, halimbawa, 6% ($50 \times 6 = 300$). Kaya ang tubo ay PhP. 300.00

$$\begin{aligned} 5000 &= 50 \\ 50 \times 6 &= 300 \text{ ang tubo} \end{aligned}$$

Kung gagamit tayo ng calculator o celfon:

Itype ang halaga ng inutang. Hatiin ito sa 100. Imultiplay ito gamit ang tubong ipinapatong sa inutang. Hal., PhP. 5,000.00 / 100 = 50 * 6 = PhP. 300.00

$$\begin{aligned} 5000 / 100 &= 50 \\ 50 \times 6 &= 300 \text{ ang tubo} \end{aligned}$$

Sa halimbawang ito, PhP. 300 ang karagdagang ibabayad sa halaga na iyong hinihiram o inutang.

MAG-ISA O KASAMA ANG KAPAREHA

Sanayin ang mga halimbawang ito sa isang papel:

Panuto para sa Pasiliteytor: Isulat ang mga sumusunod na halaga ng tubo na ipinapatong sa halagang inutang. Kapag halos tapos na ang mga kalahok sa kanilang pagkukwenta, idagdag ang mga sagot.

8 % na tubo para sa	PhP. 25,000.00	=	PhP. 2,000.00
4 % na tubo para sa	PhP. 3,500.00	=	PhP. 140.00
12 % na tubo para sa	PhP. 50,000.00	=	PhP. 6,000.00
10 % na tubo para sa	PhP. 10,000.00	=	PhP. 1,000.00
6 % na tubo para sa	PhP. 20,000.00	=	PhP. 1,200.00

Ang bawat utang ay may nakatakda na abang panahon. Dagdag pa sa pagkakalkula ng pangkaraniwang tubo na ipinapatong, kailangan mo ring isaalang-alang ang uri ng utang na iniaalok o iyong pinapasok at kung gaano katagal itong babayaran.

Dalawang uri ng Utang

HALIMBAWA PARA SA MALAKING GRUPO

Mayroon dalawang pangkaraniwang uri ng Utang.

Uri 1: babayaran mo ang tubo sa buwan itinakda kasama ng halagang hiniram o inutang. Ang tawag dito ay ang Simpleng Tubo. Ito ang uri na inyong kikalkula kanina.

Uri 2: Babayaran mo ang tubo sa bawat buwan kasama ng bahagi ng halagang inutang. Ang tawag dito ay "Compounding" na Tubo.

Panuto para sa Pasiliteytor: Ipakita sa harap ng lahat ng mga kalahok ang halimbawang nasa ibaba, habang ikinukumpara ang dalawang uri ng utang.

Halimbawa: 10 % na tubo kada buwan para sa PhP. 15,000.00 sa loob ng 4 na buwan:

Uri 1: Ang halaga ng tubo ay kinuha ayon sa tubong ipinapatong mula sa halagang inuutang at pararamihin ito ayon sa dami ng buwan (Simpleng Tubo)

Kung kakalkulahin lamang ang tubo mula sa halagang hiniram at pararamihin ito sa dami ng buwang babayaran, ang kabuuhan ng tubo ay PhP. 6,000.00

- 10 % na tubo para sa PhP. 15,000.00 = PhP. 1,500.00
- PhP. 1,500.00 x 4 = PhP. 6,000.00 kabuuhan ng tubo
- **Ang Kabuuhan ng Halaga na dapat bayaran ay**
PhP. 6,000.00 + PhP. 15,000.00 (halagang inutang) = PhP. 21,000.00

Simpleng Tubo (10%)

10 % na tubo para sa PhP. 15,000.00 = PhP. 1,500.00
PhP. 1,500.00 x 4 = PhP. 6,000.00 kabuuhan ng tubo
PhP. 15,000.00 + PhP. 6,000.00 = PhP. 21,000.00
kabuuhan ng babayaran

Uri 2: Tubo sa bawat buwanang halagang natitira (Compounding o Nadadagdagang Tubo)

- 10 % na tubo sa PhP. 15,000.00 = PhP. 1,500.00
- Unang Buwang tubo = PhP. 1,500.00
- Kabuuhan ng dulo ng unang buwan = PhP. 16,500.00 (PhP. 1,500.00 na tubo + PhP. 15,000.00 na utang)
- Ikalawang Buwang tubo = PhP. 1,650.00
- Kabuuhan ng dulo ng ikalawang buwan = PhP. 18,150.00 (PhP. 1,650.00 na tubo + PhP. 16,500.00 kabuuhan ng unang buwan)
- Ikatlong buwang tubo = PhP. 1,815.00
- Kabuuhan ng dulo ng ika-3 buwan = PhP. 19,965.00 (PhP. 1,815.00 na tubo + PhP. 18,150.00 kabuuhan ng ika-2 buwan)
- Ika-4 na buwang tubo = PhP. 1,996.50
- **Kabuuhan ng dulo ng ika-4 na buwan = PhP. 21,961.50** (PhP. 1,996.50 na tubo + PhP. 19,965.00 kabuuhan ng ika-3 buwan)

Compounding o Nadadagdagang Tubo (10%)

Pasimulang Utang	PhP. 15,000.00
Tubo	PhP. <u>1,500.00</u>
Dulo ng unang buwan	PhP. 16,500.00
Tubo	PhP. <u>1,650.00</u>
Dulo ng ika-2 buwan	PhP. 18,150.00
Tubo	PhP. <u>1,815.00</u>
Dulo ng ika-3 buwan	PhP. 19,965.00
Tubo	PhP. <u>1,996.50</u>
Dulo ng ika-4 na buwan	PhP. 21,961.50

Ikumpara ang panghuling halaga ng unang uri (Simpleng Tubo) sa halaga ng ikalawang uri (Compounding na tubo).

Sa unang halimbawa, Ang kabuuhan ng dapat bayaran ay PhP. 21,000.00, habang sa ikalawang halimbawa, ang kabuuhan ay PhP. 21,961.50.

Gaya ng inyong makikita, sa ikalawang halimbawa, na may compounding na tubo, mas higit na tubo ang iyong babayaran. Paka-isipin, paano kung ang utang na ito ay tatagal ng isang taon sa halip na 4 na buwan lamang.

- Ang kabuuhan sa Simpleng Tubo pagkatapos ng isang taon ay = PhP. 33,000.00
- Ang kabuuhan sa Compounding na Tubo pagkatapos ng isang taon ay = PhP. 47,100.00!

Kailan man posible, huwag na huwag papasok sa pautang na may compounding na tubo, ngunit kung talagang kinakailangan, humingi ng tulong sa iba upang tulungan kang kalkulahan ang magiging tubo nito at magiging epekto nito.

Simpleng Tubo

MAG-ISA O KASAMA ANG KAPAREHA

Sanayin ang sarili sa pagkalkula nitong mga simpleng tubo na nasa ibaba:

Panuto para sa Pasiliteytor: Isulat ang mga halimbawa na nasa ibaba. Kapag halos matatapos na ang mga kalahok sa kanilang pagkalkula, idagdag na ang mga sagot dito.

- Ano ang kabuuang tubo para sa bawat isang halimbawa?

7 % na tubo para sa	PhP. 3,000.00 para sa	3 buwan	PhP. 210.00 x 3	=	PhP. 630.00
6 % na tubo para sa	PhP. 2,000.00 para sa	10 buwan	PhP. 120.00 x 10	=	PhP. 1,200.00
12 % na tubo para sa	PhP. 5,000.00 para sa	2 buwan	PhP. 600.00 x 2	=	PhP. 1,200.00
10 % na tubo para sa	PhP. 2,500.00 para sa	8 buwan	PhP. 250.00 x 8	=	PhP. 2,000.00
8 % na tubo para sa	PhP. 4,000.00 para sa	6 buwan	PhP. 320.00 x 6	=	PhP. 1,920.00

Compounding na Tubo – PARA SA URBAN NA LUGAR LAMANG

PAGSASANAY PARA SA MALAKING GRUPO

Ang Compounding na patubo ay kapag ikaw ay magbabayad ng tubo mula sa halagang hiniram at dagdag pa rito ang tubo sa kada buwan.

Kung ating isusulat ito, ating kukwentahin ang porsyento ng tubo mula sa halagang inutang, tapos ay ating idadagdag ito sa halagang hiniram upang kunin muli ang porsyentong tubo mula sa halagang inutang na may kasamang unang tubo nito, at magpapatuloy sa pagkukwento nito para sa mga susunod na buwan hanggang matapos ang haba o dami ng buwang napagkasunduan babayaran ang inutang.

Ating muling suriin ang halimbawa.

Gamit ang isang calculator upang kalkulahan ang compounding na tubo

Maaari mo ring kwentahin ang compounding na tubo gamit ang mga sumusunod na numero.

Panuto para sa Pasiliteytor: Isulat ang mga numero sa pisara na mula sa kahon upang makita ng lahat ang katumbas nitong numero na maaaring sundan. Tanungin sila kung ano ang katumbas ng 13 % at 4 %.

Upang makalkula, isulat o itayp ang halagang inutang at imultiplay ito gamit ang mga numerong nagpapakita paano kahuha ang halaga ng porsyento.

Pagkatapos ay imultiplay ito sa kaparehong numero para sa bawat buwan ng kahabaan ng pagkaka-utang.

Ito ay magbibigay sa iyo ng kabuuang halaga na dapat bayaran.

Pagkatapos ay ibawas dito ang halagang inutang upang Makita ang kabuuang halaga ng tubong ipinatong sa inutang.

4 % =	_____
5 % =	1.05
6 % =	1.06
7 % =	1.07
8 % =	1.08
9 % =	1.09
10 % =	1.10
11 % =	1.11
12 % =	1.12
13 % =	_____

Panuto para sa Pasiliteytor: Isulat ang mga sumusunod na halimbawa sa pisara.

Halimbawa, Kung nais mong kalkulahan ang tubo sa inutang na PhP. 200,000 na may tubong 8% para sa loob ng 3 buwan, ganito mo ito kakalkulahin:

- PhP. $200,000.00 \times 1.08 \times 1.08 \times 1.08 = \text{PhP. } 251,942.00$ (kabuuhan halaga na babayaran)
- PhP. $251,942.00 - \text{PhP. } 200,000.00 = \text{PhP. } 51,942.00$ (kabuuhan tubo)

PAGSASANAY SA MALILIIT NG GRUPO

Ngayon, iyong kwentahin ang kaparehang inutang na halaga sa Simpleng Tubo, ngunit gamit ang Compounding na Tubo.

- Ano ang kabuuhan tubo para sa bawat halimbawa?

Sagot sa Compounding na Tubo

Porsyento ng Tubo	Halagang Inutang	# Buwan	Kabuuhan Babayaran	Halagang Inutang	Kabuuhan Tubo
7%	PhP. 3,000.00	3 buwan	PhP. 3,675.00	PhP. 3,000.00	PhP. 675.00
6%	PhP. 2,000.00	10 buwan	PhP. 3,582.00	PhP. 2,000.00	PhP. 1,582.00
12%	PhP. 5,000.00	2 buwan	PhP. 6,272.00	PhP. 5,000.00	PhP. 1,272.00
10%	PhP. 2,500.00	8 buwan	PhP. 4,872.00	PhP. 2,500.00	PhP. 2,372.00
8%	PhP. 4,000.00	6 buwan	PhP. 6,347.00	PhP. 4,000.00	PhP. 2,347.00

Panuto para sa Pasiliteyor: *Hindi mahalaga na kanilang makuha ang tamang sagot sa lahat ng pagkakataon. Ang higit na mahalaga ay kanilang matutunan na ang 'compounding na Tubo' ay nangangahulugang lumalala ang kanilang pagkaka-utang sa bawat buwang lumilipas.*

- Gaano kalaki ang pagkakaiba ng sagot sa 'Simpleng Tubo'? Alin-alin ang may malaking pagkaka-iba?
 - Ito ay mas mataas
 - Ang mga Utang na may mahabang panahong inilaan upang mabayaran ang may malaking pagkakaiba

Kung ikaw ay papasok sa pangungutang na "compounding ang tubo" na ipapatong, sikaping itong mabayaran sa mas maikling panahon lamang kung posible.

Ang Pagbebenta ng Pananim na Mas Maaga na uri ng Pangungutang – PARA SA MGA MIYEMBRONG NASA AGRICULTURA LAMANG

PAGSASANAY PARA SA MALAKING GRUPO

Maraming pangungutang ay hindi 'cash' o pera at sa halip ay ibinibenta ng isang magsasaka ang kanyang produkto bago pa man ito anihin o nang mas maaga. Upang ating makalkula ang halagang utangin o halaga ng maaaring ibenta ng maaga ang pananim ay kailangan nating estimahin magkano ang aktwal na presyo ng bentahan sa merkado. Isa lamang ang ating masisiguro rito, na ang taong bibili ng produkto ng mas maaga ay kikitita ng malaki. Ang presyo na kanilang iaalok sa iyo ay LABIS na mas mababa kaysa sa kanilang inaasahan ng presyo sa merkado.

Halimbawa: Maiibenta mo ang 1,000 kilong ng kape ng mas maaga sa halagang PhP. 75.00 kada kilo sa halip na ibenta ito sa tamang panahon ng anihan sa presyong PhP. 100.00 kada kilo.

Halaga ng Utang

- Perang maagang nakuha = PhP. $75.00 \times 1,000\text{kilos} = \text{PhP. } 75,000.00$
- Perang dapat kitain sa panahon ng anihan = PhP. $100.00 \times 1,000\text{kilos} = \text{PhP. } 100,000.00$
- Halaga ng Pangungutang/Pagbebenta ng mas maaga = PhP. 25,000.00

Tingnan pa natin ang isa pang halimbawa ng sama-sama: Nagbenta ka ng 2,000kilos ng kape ng mas maaga sa halagang PhP. 70.00 sa halip na ibenta ito sa tamang panahon ng anihaan sa presyong PhP. 100.00 kada kilo.

Halaga ng Utang

- Perang maagang nakuha = PhP. 70.00 x 2,000kilos = PhP. 140,000.00
- Perang dapat kitain sa panahon ng anihaan = PhP. 100.00 x 2,000kilos = PhP. 200,000.00
- Halaga ng Pangungutang/Pagbebeenta ng mas maaga = PhP. 60,000.00

Kung kinakailangan ibenta ng mas maaga ang iyong pananim, pakasiguruhin na makukuha mo ang pinakamataas o pinakamalapit sa tamang presyo sa merkado, at sikapin maihinto ang ganitong kalakalan o kasanayan sa lalong madaling panahon.

Pagkukumpara sa Uri ng Halaga ng Utang o Pagkaka-utang

Mayroon iba't-ibang uri ng pagkaka-utang na maaaring kang pumasok. At dito sa ating panghuling bahagi ng pagsasanay ay ating titingnan ang ilan sa iba't-ibang mga opsyon.

PAGSASANAY SA MALILIIT NA MGA GRUPO

Panuto para sa Pasiliteytor: Bumuo ng mga grupo na mayroon 3-4 na miyembro; siguruhin na ang bawat grupo ay may isang may kakayahang magkalkula. Ipamahagi ang Gabay ng Kalahok Aralin 8: Opsyon A o Opsyon B.



Kunwari'y kailangan mong humiram ng pera. Sa inyong grupo, magpasya kayo aling opsyon ang magiging maganda para sa inyo.

Kailangan mo ng PhP. 25,000.00 upang bumili ng pataba at dagdag na bigas. Ano ang inyong pipiliin:

1. Ibenta ng maaga ang inyong pananim. Maaari mong ibenta ang iyong aanihing (1,200kilos) sa halagang PhP. 75.00 kada kilo sa halip na PhP. 100.00 kada kilo pag-anihaan na.

$$\text{Posibleng Kita} = 1200\text{kilos} \times \text{PhP. } 100.00 = \text{PhP. } 120,000.00$$

$$\text{Halagang Kinita} = 1200\text{kilos} \times \text{PhP. } 75.00 = \text{PhP. } 90,000.00$$

$$\text{Halaga ng Utang} = \text{PhP. } 120,000.00 - \text{PhP. } 90,000.00 = \text{PhP. } 30,000.00$$
2. Nangutang ka ng PhP. 25,000.00 sa 5 buwan na may 10 % tubo na Compounding.

$$\text{Kabuuang Babayaran PhP. } 25,000.00 \times 1.1 \times 1.1 \times 1.1 \times 1.1 \times 1.1 = \text{PhP. } 40,262.75$$

$$\text{Halaga ng Utang} = \text{Halagang babayaran} - \text{Halagang inutang} =$$

$$\text{PhP. } 40,262.75 - \text{PhP. } 25,000.00 = \text{PhP. } 15,262.75$$
3. Nangutang ka ng PhP. 25,000.00 sa 5 buwan na may 10 % na Simpleng tubo.

$$\text{Halaga ng Utang} = \text{PhP. } 25,000.00 \times 10 \% \times 5 = \text{PhP. } 15,000.00$$
4. Nangutang ka ng PhP. 25,000.00 at sumang-ayon kang ibabalik ito ng PhP. 40,000.00 sa katapusan ng ika-5 buwan.

$$\text{Halaga ng Utang} = \text{PhP. } 40,000.00 - \text{PhP. } 25,000.00 = \text{PhP. } 15,000.00$$

Pag-uulat

- Aling opsyon ang pinili ng inyong grupo? Ipaliwanag
- Paano ito magagamit ng iyong pamilya o ng ibang pamilya sa inyong komunidad?
- Mayroon pa bang ibang uri ng utang na mayroon sa inyong lugar?

Panuto para sa Pasiliteyor: Humiling sa mga kalahok ng ibang halimbawa ng mga “Kasunduan sa Pangungutang” at ang tubong kalakip nito. Sama-sama ay inyong kalkulahan ang Halaga ng Utang ayon sa halimbawang ibinahagi.

Kailan Tayo Dapat Mangutang o Nangungutang?

TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO

Ang Biblia ay hindi gaanong maliwanag na sinabi kung kailan dapat mangutang at kailang hindi dapat mangutang. Ganun pa man, ang Biblia ay may maraming patnubay na makakatulong sa atin upang makapag-isip ng mabuti at magpasya kung may karunungan ba ang pangungutang o wala.

Basahin natin ang mga sumusunod na mga talata. Ayon sa mga talatang ito, ano ang iyong maipapayo sa isang tao patungkol sa paggamit o paggastos ng pera?

- **Lucas 12:15** “At sinabi niya sa kanilang lahat, “Mag-ingat kayo sa lahat ng uri ng kasakiman; sapagkat ang buhay ng tao ay wala sa dami ng kanyang kayamanan.””
- **Mangangaral 4:7-8** “7 Mayroon pang ibang mga bagay sa mundong ito na nakita kong walang kabuluhan: 8 ang isang taong nag-iisa sa buhay, walang kaibigan ni kamag-anak ngunit walang tigil sa pagtatrabaho. Wala siyang kasiyahan. Ni hindi niya itinatanong sa sarili kung kanino mauuwi ang kanyang pinagpaguran. Ito man ay walang kabuluhan, isang miserableng pamumuhay.”
- **Kawikaan 21:17** “Ang taong maluhog at mahilig sa alak ay di yayaman, bagkus sa hiras siya’y masasadlak.”
- **Santiago 4:3** “At humingi man kayo, wala rin kayong natatanggap dahil hindi tama ang inyong layunin. Humihingi kayo upang mapagbigyan ang inyong kalayawan.”
- **Roma 13:8** “Huwag kayong magkaroon ng sagutin kaninuman, maliban na kayo’y magmahalan sa isa’t isa, sapagkat ang nagmamahal sa kapwa ay nakatupad na sa kautusan.”
- **Kawikaan 22:7** “Ang mahirap ay nasa kapangyarihan ng mayaman, ang nangangailangan ay alipin ng nagpapahiram.”

Maliwanag na tayo ay binibigay ng babala ng Biblia na ating huwag hanapin ang kalayawan ng mundo. Tayo ay pina-aalalahanan na ang buhay ay hindi tungkol sa kung ano ang meron tayo. Higit na mas mabuti na tayo ay mamuhay ng simple kaysa magkaroon ng maraming bagay ngunit baon naman sa pagkaka-utang. Kailang nating bantayan ang ating puso laban sa katakawan at kaimbutan.

- Kailan hindi dapat nangungutang?
 - Ang pangungutang ay hindi dapat ginagamit upang bumili ng mga bagay na pang kalayawan o pagkakaroon ng kumportableng buhay, tulad ng motorsiklo, kotse, T.V., o celfon. Kapag tayo ay mangungutang upang mabili ang mga ito, ay ating ginagawa ang mga bagay sa maling pagkakasunod-sunod. Tayo ay nagnanais ng mga bagay na magaganda, ngunit hindi naman tayo handa na unang magtrabaho muna. Ito ay katakawan. Ang pagkakaroon ng bagong motorsiklo o kotse o bahay ay hindi masasamang mga bagay, ngunit dapat tayong matutong maghintay hanggang tayo ay magkaroon ng pera upang magamit na pang bili ng mga ito. Kapag tayo ay nangutang, kailangan nating magbayad ng tubo at ipailalim tayo sa kapamahalaan ng ibang tao. [Masama ba ang mangutang upang magkasasakyan o magkabahay lalo na kung sa ‘Pag-ibig’ ito huhulugan? Kung sa iyong pangkasalukuyang kinikita o tinatanggap ay kakayanin mong maghulugan – MANALANGIN ng husto bago magpasya kung papasok sa ganitong kalagayan o kasunduan. Ako ay naniniwalang ayaw ng Diyos na masira ang iyong pangalan dahil sa di-pagbabayad at bibigyan naman tayo ng Diyos ng talino tungkol dito. Akin ring iminumungkahi na humingi ng napakaring payo lalo na sa mga mahuhusay sa pinansyal na pag-aanalisa bago tuluyang

pasukin ito – paalala ng nagsalin] Hinihimuk tayo ng Biblia na huwag tayo magkaroon ng utang ng kahit ano kaninuman (Roma 13:8, Kawikaan 22:7 – tingnan sa itaas).

- Paano magiging kapakinabangan ang pangungutang?
 - *Kung ito ay magpapahintulot na mamuhunan o mag-invest sa isang negosyo na magdadala sa atin ng higit na mas maraming pera.*

Kailang nating gamitin ang pangungutang ng may katalinuhan, dahil ito naman ay may kakayahang makatulong kaninuman. Kailangan lamang nating maging maingat:

1. na ating mababayaran ang ating pagkaka-utang, kahit na ang ating negosyo ay hindi nagiging matagumpay gaya ng inaasahan.
2. na tayo ay mangungutang sa mga tao/establishimento na hindi nagpapataw ng malaking tubo, dahil kung magkaganito, ang nag-pautang lamang ang makakakuha ng kita sa lahat ng iyong pinagpaguran.
3. na ating masisiguro paano natin mababayaran ang inutang (hindi lamang ang tubo ng inutang) bago pa magpasya kung ang pangungutang ay may kakayahang maging kapaki-pakinabang.

Sa maraming lugar, mayroon lamang maliit ng pagkakataon na magkaroon ng patas o makatuwirang tubo, kaya magpaka-ingat nang mabuti bago magpasya ng magnegosyo gamit ang perang ipapangutang.

Lagi ka dapat gagawa ng maingat ng plano sa iyong negosyo na nagpapakita ng kakayahan nito na makabayad ng utang bago pumasok sa pangungutang na gagamitin naman sa negosyo. Kailangan mong malaman magkano ay iyong kikitain at ibawas dito ang halagang inutang at ang tubong ipinatong dito. Sa ibang salita, ang isa sa iyong gastusin sa iyong plano negosyo ay ang halaga ng utang o inutang.

Kumikita ka pa ba ng sapat nap era upang ito ay maging karapat-dapat ng iyong panahon at lakas?

HAKBANG NA GAGAWIN

KASAMA ANG ISANG KAPAREHA

Manalangin at humiling sa Diyos na tulungan ka na huwag magkaroon ng pagnanasa sa mga bagay na wala ka *[at wala kang pambili na extrang pera - mula sa nagsalin]* ang hindi kailangan *[o maaari kang mabuhay ng wala ito- mula sa nagsalin]*. Maging mapagpasalamat sa kung ano na ang ibinigay sa iyo ng Diyos.

Aralin 9: Paano Makakalabas sa Utang o sa Pangungutang

Pangunahing mga Ideya

Makakalabas tayo sa utang kung:

- tayo ay magsisisi sa ating pagkakamali at magpapasya na magbago
- ating isasakripisyo ang mga naisin ngayon upang tayo ay magkaroon ng kalayaan
- ating ibebenta ang mga di kailangang mga bagay
- tayo ay magiging malikhaing at gagawa ng plano na may maliit na mga pagbabagong gagawin upang mabayaran ang mga natitirang utang
- tayo ay mananalangin para sa tulong ng Diyos at ating Asahan ito

Gagamiting mga Materyal

- Gabay sa Kalahok: Paano Makalabas sa Utang o Pangungutang
- Malaking papel o pisara at panulat para sa pagpapakita ng halimbawa
- 10 buto ng gulay, o maliliit na bato

Panimula

EHERSISYO PARA SA MALAKING GRUPO

- Karamihan ba, o di karamihan, o tanging kakaunti lamang sa iyong komunidad ay may utang sa anumang buwan ng taong ito?
- Karamihan ba, o di karamihan, o tanging kakaunti lamang sa iyong miyembro o kapatiran ay may utang sa anumang buwan ng taong ito?
- Sa inyong palagay, posible ba na mawala ang lahat ng pagkaka-utang? Bakit at bakit hindi?
- Paano mo mairerekumenda sa isang tao na sila'y kailangang lumabas sa pagkaka-utang?

Maraming tao na ang nasa ilalim ng pagkaka-utang AT KAILANGAN MAKATAGPO NG DAAN PALABAS DITO.

Paano makalabas mula sa Pagkaka-utang o Pangungutang

TALAKAYAN SA MALAKING GRUPO

1. Pagsisihan ang iyong pagkakamali at magpasya na magbago.

Kilalanin na hindi mo nabibigyan karangalan ang Diyos kapag ang iyong kasanayan sa paggastos ay hindi mo maayos na kontrolado. Ang Diyos ay maawain sa bawat isa na nagpapahayag ng kanilang kasalanan at nagbabago ng kanyang mga gawi. Ganito ang sinasabi ng **Kawikaan 28:13**, "*Ang nagkukubli ng kanyang sala ay hindi mapapabuti, ngunit kahahabagan ng Diyos ang nagbabalik-loob at nagsisisi.*"

Kapag tayo ay nagsisi, kailangan din nating magpasya at ikumit na hindi na tayo papasok sa hindi naaangkop na mga pagkaka-utang.

Kasama ang kapareha

- Magbahagi ng iyong karanasan ng isang pagkakataon na iyong naranasan ang kahabagan o awa ng Diyos; o nang ikaw ay nagsisisi tungkol sa isang bagay at iyong naranasan ang kapayapaan at kalayaan mula sa Diyos bilang bunga nito.
- Mag-isip ng isang halimbawa sa iyong buhay, na ikaw ay nagpasya na gawin ang isang bagay. Mahirap ba ito o madali naman? Ano ang nangyari Pagkalipas ng ilang panahon?
- Pakiramdam mo ba ay iyong kakayanin na magkumit sa parehong kaparaanan na hindi ka na papasok pa sa anumang pagkaka-utang?

2. Isakripisyo ngayon ang iyong mga nais upang makamit ang kalayaan.



Dapat kang maaaring mamuhay ng simple sa kasalukuyan at sa ilang panahon. Suriin nang maayos ang iyong malakihang pinamimili. HUWAG BILHIN ANG ANUMANG BAGAY NA HINDI MO NAMAN KAILANGAN. Huwag ding matukso na iyong ipagbili ang iyong ani ng maaga sa anihan, maging ang iyong mga paninda ng mas mabababang halaga dahil lamang sa iyong kagustuhang magkaroon agad ng pera. Mamuhay nang maayos ayon sa iyong badyet at gumawa ng mas maraming pagsasakripisyo habang posible upang iyong maibenta ang iyong ani o ang iyong mga paninda sa tama at buong halaga nito. Sa ganitong paraan, ang iyong kikitain sa susunod na taon ay magiging higit na mas mataas at magkakaroon ka ng extrang pera o extrang mga bagay.

3. Ibenta ang ilang mga bagay na hindi naman mahalaga.

Iyo bang ginamit ang perang hiniram mo upang bumili ng isang bagay na maaari kang mabuhay kahit wala nito? Mayroon bang ilang mga bagay sa iyong tahanan na maaari mong maibenta upang makalabas ka sa pagkaka-utang? HUWAG MONG IBENTA ang anumang bagay na makakatulong sa iyo na madagdagan pa ang iyong kita, maliban na lamang na ang dagdag na bayad sa halagang hiniram ay mas mataas pa kaysa sa iyong kinikita mula rito.

Kasama ng isang kapareha:



- Manalangin ng magkasama.
 - Hilingin sa Diyos na ingatan ang iyong puso at tulongan kang huwag magkaroon ng pagnanasa sa mga bagay na hindi mo naman talaga kailangan [*sa ngayon*].
 - Hilingin sa Diyos na ipakita sa iyo kung mayroon mang mga bagay sa iyong bahay na hindi naman mahahalaga na kayo ay magkaroon.
 - Hilingin sa Diyos na bigyan ka ng pagkamalikhain at karunungan upang planuhin paano kaagad-agad mababayaran ang iyong pagkaka-utang.

4. Maging malikhaing at gumawa ng plano nang may mga maliliit na pagbabago upang mabayaran ang pangkasalukuyang mga pagkaka-utang.



Maaari tayong magplano nang maaga gamit ang ating badyet, upang mabayaran ang lahat ng ating pagkaka-utang sa ilang panahon sa pamamagitan ng pagkilala sa mga bagay kung saan natin maaaring mapababa pa ang maibabawas sa ating kita at/o sa ating gastusing pang tahanan.

- Ano ang ilang mga malikhaing paraan ang iyong napansin sa iyong sariling pamilya o sa iba na kanilang ginawa upang mabababa ang gastusing pang tahanan?
 - *Halimbawa: pagbili ng hindi gaanong matamis na biskwit o asukal kada linggo; magtanim ng mga gulay sa inyong lupa; paggastos ng mas mababa sa mga parti o paglabas; paggamit ng pang publikong sasakyan sa halip ng paggamit ng saliring sasakyan papasok ng trabaho o eskwelahan;*
- Ano ang ilang mga erya na iyong napansin na malikhaing ginawa ng mga Negosyante upang kanilang mapababa ang kanilang mga gastusin?
 - *Halimbawa: gumagawa ng sariling pataba o abuno sa halip na bumili ng mga ito; o paggamit ng mas murang pataba o abuno pansamantala; o/at paggamit ng pang publikong sasakyan sa halip ng paggamit ng sariling sasakyan sa pagdadala ng mga produkto sa merkado [bagaman madalas ay mas mura ang paggamit ng sariling sasakyan sa pagdadala ng produkto sa merkado – kaya kung saan makakamura ang suhestyon dito – mula sa nagsalin.*

Ngayon ay atin namang tingnan ang isang halimbawa paano tayo makapagplano ng maagap upang ating mabayaran ang mga pangkasalukuyang pagkaka-utang.

PAGDEDEMO PARA SA MALAKING GRUPO

Panuto para sa Pasiliteytor: Isulat sa harap ng mga kalahok ang mga halimbawa, gaya ng makikita sa mga kahon sa ibaba. Kung posible ay iguhit na rin ang mga kahon katabi ng isa't-isa upang maging makadali ang pagkukumpara.

Maria at Juan

Sila ay baon sa utang. Sa kada taon ay kumikita sila ng PhP. 97,500.00 mula sa kanilang pananim, ngunit kailangan nilang magbayad ng PhP. 15,000.00 para sa kanilang utang sa loob ng limang buwan at idagdag pa rito ay ang interest nito na nagkakahalaga ng PhP. 7,500.00. At ganito ang nangyayari sa bawat taon na dumaraan, 5 buwan bago dumating ang panahon ng anihan ay kailangan nilang mangutang ng PhP. 15,000.00 upang kanyang mapakain ang kanyang pamilya hanggang dumating ang anihan.

Ang itsura nito ay ganito:

Pangkasalukuyang Ikot ng Pangungutang		Halaga
Kinikita kada Taon	PhP.	97,500.00
(-) Pagbabayad ng Utang	PhP.	15,000.00
(-) Dagdag na Tubo sa Inutang	PhP.	7,500.00
(-) Pang Tahanan na Gastos	PhP.	90,000.00
(=) Kabuuang Sobra/Kailangan	PhP. -	15,000.00

Tinulungan ni Dorcas sina Maria at Juan. Kanyang tinulungan si Maria na gumawa ng badyet at paka-isipin paano ginagastos ang kanilang pera. Ayon sa kanilang badyet, inimungkahi ni Dorcas na kanilang munang bawasan ang kanilang badyet sa pagkain ng PhP. 500.00 sa kanilang buwanang badyet (PhP. 6,000.00/taon). Ito ay isang pagsasakripisyo ngunit kung sila'y magtatanin ng gulay at pakainin ang kanilang mga alagang manok na kakaiba sa kanilang nakasanayan, ay magiging possible ang pagbabawas sa kanilang badyet para sa pagkain. Dahil ang inimungkahing bawas ay PhP. 16.60 sa kada araw ay sumang-ayon dito si Maria. Pinaalalahanan din ni Dorcas ang mag-asawa na may mga pagsasakripisyo kailangang gawin ngunit ito ay mahalaga upang sila ay makalaya o makalabas sa pagkakautang.

Ganito ang magiging itsura nito:

Sa Unang Taon	Pera	Halaga
Kinikita kada Taon	PhP.	97,500.00
(-) Pagbabayad ng Utang	PhP.	15,000.00
(-) Dagdag na Tubo sa Inutang	PhP.	7,500.00
(-) Binawasang pang Tahananang Gastos	PhP.	84,000.00
(-++-) Kabuuang Gastos kada Taon	PhP.	106,500.00
(=) Kabuuang Sobra/Kailangan	-	9,000.00

At kapag tapos ng mabayaran ang pagkakautang, ganito ang larawan nito:

Ikalawang Taon	Pera	Halaga
Kinikita kada Taon	PhP.	97,500.00
(-) Pagbabayad ng Utang (huling taon)	PhP.	9,000.00
(-) Dagdag na Tubo sa Inutang	PhP.	3,600.00
(-) Binawasang pang Tahananang Gastos	PhP.	84,000.00
(-++-) Kabuuang Gastos kada Taon	PhP.	96,600.00
(=) Kabuuang Sobra/Kailangan		900.00

HINDI NA KAILANGAN PANG MANGUTANG. Sa pagkatapos ng ikalawang taon ay Malaya na o nakalabas sa pagkaka-utang sina Maria at Juan. Hindi na nila kailangang mangutang pa.

Ang higit na maganda rito ay mayroon na silang sobrang pera na kanilang maaaring magamit sap ag-iinvest o pagbili ng ibang extrang mga bagay. At kahit na muling taasan o ibalik nila ang kanilang pang tahananang gastos ay may roon pa rin sila ng PhP. 20,000.00 na kanilang magagamit sa pag-iinvest. Kung kanilang maiging ipangpupuhunan ito ay lalong lalaki ang kanilang pera sa darating na mga taon.

Ganito ang larawan nito:

Ikatlong Taon	Pera	Halaga
Kinikita kada Taon	PhP.	97,500.00
(-) Pangungutang (di na kailangan)	PhP.	
(-) Dagdag na Tubo sa Inutang	PhP.	
(-) Binawasang pang Tahananang Gastos	PhP.	90,000.00
(=) Kabuuang Sobra	PhP.	7,500.00

- Paano tinulungan ni Dorcas ang kanyang kaibigang sina Maria at Juan?
 - *Kanya siyang tinulungang malaman kung saan sila maaaring gumawa ng maliit na pagbabago o pagbabawas ng gastos – at ito ay nagkakahala lamang ng PhP. 15.00 kada araw*
- Ano ang ating matututunan mula kay Dorcas at Maria (at Juan)?
 - *Ang pagbabawas sa gastusin sa maliit na kaparaan ay tunay na makakatulong na mabawasan ang ating pagkakautang sa ilang panahon*
 - *Maaari tayong makalabas o makalaya sa utang sa pamamagitan ng pagpapalano sa ating badyet at ang maagap na pagsasakripisyo kahit sa maliliit na mga bagay na ating maaaring maisip*
 - *Ang paghingi ng tulong sa isang tao na ating pinagkakatiwalaan upang repasuhin ang ating badyet upang makalabas sa pagkakautang ay maaaring maging isang mabuting bagay para sa atin.*

Panuto para sa Pasiliteytor: Pakasiguruhin na maliwanag na nauunawaan ng lahat na kalahok paano kwentahin ang magiging resulta ng mga simpleng pagbabago o pagbabawas sa badyet upang makalabas sa pagkaka-utang. Ipamahagi ang Gabay sa Kalahok: Paano makalaya o makalabas sa pagkaka-utang o pangungutang. Repasuhin ang halimbawa at bigyan diin ang mga sumusunod na hakbang:



Hakbang 1: Kwentahin ang iyong kinikita (Kabuuang netong kinita)

Hakbang 2: Ibawas ang Utang (Bayad sa Utang)

Hakbang 3: Ibawas ang tubo ng Utang (Bayad sa Tubo ng Inutang)

Hakbang 4: Ibawas ang pang tahananang gastos (Pangkaraniwan at buwanang gastos dagdag pa ang iba pang gastusin)

Hakbang 5: Kwentahin ang Kabuuan

Kung ang iyong pangangailangan ay mas malaki kaysa kung ano ang meron ka, ang kalabisang ito mula sa dalawang ito ay magreresulta sa UTANG.

Ulitin ito sa bawat taon.

TANDAAN – kung ikaw ay nagpapasilita sa iyong miyembro, hindi kinakailangan na maunawaan ng bawat miyembro paano gawin ang pagkukwenta sa mga ito. Ganun pa man, kung ikaw ay isa sa mga MTs o Master Facilitators na nagtuturo sa mga Pasiliteytor na mga pastor, makakatulong na gumawa ng ilang pag-iisayo sa pagkukwenta nito upang madali rin itong maituro sa iba at kanilang madali rin maunawaan ang mga pangunahing ideya rito. Ang dalawang sumusunod na mga halimbawa ay isinama rito para sa pagtuturo sa mga pasiliteytor at hindi para sa pagtuturo sa mga miyembro.

Halimbawa 1: Kabuuhan Kita: PhP. 100,000.00, Utang na PhP. 35,000.00, Tubo na 15%, Gastos na PhP. 100,000.00 + Tubo.

Unang Taon

Kinita	PhP.	100,000.00
Bayad sa Utang	PhP.	35,000.00
Tubo ng Utang	PhP.	5,250.00
Gastos	PhP.	100,000.00
Kabuuhan Gastos	PhP.	140,250.00
Bagong Utang	PhP.	- 40,250.00

Ikalawang Taon

Kinita	PhP.	100,000.00
Bayad sa (lumaking) Utang	PhP.	40,250.00
Tubo ng Utang	PhP.	6,037.50
Gastos	PhP.	100,000.00
Kabuuhan Gastos	PhP.	146,287.50
(Lumaking) Bagong Utang	PhP.	- 46,287.50

Ang pagnungutang ay patuloy na lalaki sa bawat taong lumilipas. Ganun pa man, inyong isipin na sila ay tumanggap ng payo na kanilang bawasan ang kanilang gastos ng (PhP. 10,000.00 kada taon) at dagdagan naman ang kanilang kita ng PhP. 6,000.00.

Unang Taon

(Pinalaking) Kinita	PhP.	106,000.00
Bayad sa Utang	PhP.	35,000.00
Tubo ng Utang	PhP.	5,250.00
(Pinaliit na) Gastos	PhP.	90,000.00
Kabuuhan Gastos	PhP.	130,250.00
Bagong Utang	PhP.	- 24,250.00

Ikalawang Utang

(Pinalaking) Kinita	PhP.	106,000.00
Bayad sa (lumiit na) Utang	PhP.	24,250.00
Tubo ng (lumiit na) Utang	PhP.	3,637.50
(Pinaliit na) Gastos	PhP.	90,000.00
Kabuuhan Gastos	PhP.	117,887.50
Bagong Utang	PhP.	- 11,887.50

Ikatlong Taon

(Pinalaking) Kinita	PhP.	106,000.00
Bayad sa (lumiit na) Utang	PhP.	11,887.50
Tubo ng (lumiit na) Utang	PhP.	1,783.13
(Pinaliit na) Gastos	PhP.	90,000.00
Kabuuhan Gastos	PhP.	103,670.63
Bagong Kabuuhang/Sobra	PhP.	2,329.38

Atin pang tingnan ang isa pang halimbawa. Ang Kabuuang Kita ay PhP. 150,000.00, Utang na PhP. 60,000.00, Tubo na 20%, Gastos na PhP. 140,000.00 + Tubo

Unang Taon

Kinita	PhP.	150,000.00
Bayad sa Utang	PhP.	60,000.00
Tubo ng Utang	PhP.	12,000.00
Gastos	PhP.	140,000.00
Kabuuang Gastos	PhP.	212,000.00
Bagong Utang	PhP.	- 62,000.00

Ikalawang Taon

Kinita	PhP.	150,000.00
Bayad sa (lumaking) Utang	PhP.	62,000.00
Tubo ng (lumaking) Utang	PhP.	12,400.00
Gastos	PhP.	140,000.00
Kabuuang Gastos	PhP.	214,400.00
Bagong Utang	PhP.	- 64,400.00

Ang utang ay unti-unting lumalaki kada taon. Ganun pa man, ating isipin na sila ay tumanggap ng payo na kanilang bawasan ang kanilang gastos ng (PhP. 10,000.00 kada taon) at kanilang taasan ang kanilang kita ng PhP. 10,000.00.

Unang Taon

(Pinalaking) Kinita	PhP.	160,000.00
Bayad sa Utang	PhP.	60,000.00
Tubo ng Utang	PhP.	12,000.00
(Pinaliit na) Gastos	PhP.	130,000.00
Kabuuang Gastos (lumiit)	PhP.	202,000.00
Bagong Utang (bumaba)	PhP.	- 42,000.00

Ikalawang Taon

(Pinalaking) Kinita	PhP.	160,000.00
Bayad sa Utang	PhP.	42,000.00
Tubo ng Utang	PhP.	8,400.00
(Pinaliit na) Gastos	PhP.	130,000.00
Kabuuang Gastos (lumiit)	PhP.	180,400.00
Bagong Utang (bumaba)	PhP.	- 20,400.00

Dito ay ating makikita na pagkatapos ng dalawang taon, na sa halip na tumaas pa ang dapat utangin (PhP. 64,400.00) ay bumaba ito at naging PhP. 20,400.00. Magkanong tubo pa ang ipapatong kung ang uutangin ay PhP. 64,400.00 (PhP. 64,400.00 X 20% = PhP. 12,880.00). Pero dahil sa mga pagbabago, (PhP. 20,400.00 X 20% = PhP. 4,080.00), PhP. 8,800.00 na lamang ang dapat bayaran. Hindi ba ito malaking kabawasan. Atin pang ipagpatuloy ito.

Ikatlong Taon

(Pinalaking) Kinita	PhP.	160,000.00
Bayad sa Utang	PhP.	20,400.00
Tubo ng Utang	PhP.	4,080.00
(Pinaliit na) Gastos	PhP.	130,000.00
Kabuuang Gastos (lumiit)	PhP.	154,480.00
Wala ng Utang / Sobra	PhP.	5,520.00

PARA SA MGA LUGAR NA AGRIKULTURA ANG HANAPBUHAY NG MGA MIYEMBRO LAMANG – Talakayin:

Sa mga lugar na ang tanging utang na magagawa ay ang pagbebenta ng pananim bago pa ito anihin, kailangan mong maghanap ng isang tao na iyong tunay na pinagkakatiwalaan at gumawa kasama nila. Pumili ng mas maliit na lupain at ito ang ibenta upang magkaroon ng pera upang may makain. At pagdating ng anihan ay iyong anihin ang higit na mas malaking lupain at huwag mabawasan ng kikitain mula rito. O di kaya ay magtanim ng iba pang pananim na iyong mas maagang maaani, tulad ng mais. Bagaman ito ay nangangahulugan ng higit na trabaho, ngunit sa ganitong paraan ay hindi na kailangan pang ibenta ang pananim bago pa man ito anihin. Maging malikhain, sa halip ng pangungutang o pagbebenta ng wala sa panahon.

(Kung ikaw naman ay nasa lugar na hindi possible na makakuha ng buwanang utang, mag-isip ng iba pang kaparaanan paano matulungan sila na mabawasan ang halaga na kanilang mawawala dahil sa tubo na ipinapatong sa inutang kada taon.)

5. Manalangin para sa tulong ng Diyos at Asahan ito

TALAKAYAN PARA SA MALAKING GRUPO

Ang huling hakbang upang makalabas sa utang o pangungutang ay ang pagtingin sa Diyos para sa Kanyang tulong. Opo, kailangan nating mamuhay ayon sa Kanyang kalooban kung ating inaasahan ang Kanyang tulong sa atin.

Pakinggan ang kwentong ito:

Minsan isang araw, lumapit ang isang tao sa kanyang kapitbahay upang tulungan siya sa kanyang utang. Siya ay nangutang ng Php. 125,000.00 na may 10 % na compounding na tubo at makalipas ang 7 buwan, sabi sa kanya na kailangan niyang magbayad ng Php. 300,000.00 Nang kinuwenta ng kanyang kapitbahay ang tubong ipinatong, kanyang nalaman na ang halaga ay maling-mali. Ngunit hindi alam ng tao na nanghiram paano kwentahin ang tubo na ipinatong sa kanya. Lagi na lang siyang napapahamak sa pananalapi sa lahat ng pagkaka-utang. Habang nakikinig ang kanyang kapitbahay sa mga kasawiang naranasan tungkol sa pananalapi at nagtataka rin ito na nagtatanong sa sarili ng mga ganito, “Bakit kaya hindi tinutulungan ng Diyos ang taong ito? Bakit kaya siya lagging nangungutang? Ito ba ay dahil sa panglalamang ng iba sa kanyang kapwa?” At pagkatapos nito ay ikinuwento pa ng taong ito sa kanya ang kanyang karanasan ng siya’y nagpunta sa isang manghuhula na nagsabi sa kanya na mala sang taong ito na kanya namang pinaniwalaan.

Ang Diyos ang nagsabi na S’yay magdadala ng kahirapan sa pananalapi sa mga masuwayin.

- Sa iyong bang palagay ay masunurin sa Diyos ang taong ito?

Ito ay isang kwento na mula sa Biblia:

Nang nagsibalik na ang mga Judio mula sa Babilonia pabalik ng Jerusalem ay kanilang sinimulang gawin ang Templo ng Diyos ayon na rin sa utos ng Diyos, ngunit di nagtagal at sila’y huminto sa paggawa nito. Sinaway ang mga Judio ni Propeta Hagai dahil silang lahat ay namumuhay sa magagarang bahay na gawa sa kahoy (*bakit bahay na kahoy ang sinabi rito?*) habang ang Templo ng Diyos ay nananatiling sira. Kanyang binigyan babala ang mga Judio na kailanman ay hindi sila masisiyahan at pagpapalain hanggang ang Diyos ay hindi kasiya-siya sa kanila.

Basahin ang Haggai 1 at 2:19 ¹“Ang aklat na ito ay naglalaman ng mga pahayag ni Yahweh sa pamamagitan ni Hagai. Noong ikalawang taon ng paghahari ni Haring Dario sa Persia, noong unang araw ng ikaanim na buwan, si Yahweh ay nangusap kay Hagai para kay Zerubabel na gobernador ng Juda, anak ni Sealtiel, at sa pinakapunong pari na si Josue, anak ni Jehozadak. ²Ganito ang ipinapasabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat: “Sinاسب ng mga taong ito na diumano’y hindi pa napapanahon upang itayong muli ang Templo.” ³Dahil dito, sa pamamagitan ni Propeta Hagai ay sinabi ni Yahweh sa sambayanan, ⁴“Tama ba na naninirahan kayo sa mga

magaganda at maaayos na bahay ngunit wasak na wasak naman ang aking Templo? ⁵ Hindi ba ninyo napapansin ang mga nangyayari sa inyo? ⁶ Marami na kayong naihasik ngunit kaunti lamang ang inyong ani. May mga pagkain nga kayo ngunit kakaunti naman at hindi makabusog. May alak nga kayong naiinom ngunit hindi naman sapat upang magbigay kasiyahan. May damit nga kayong naisusuot ngunit giniginaw pa rin kayo sa taglamig. Kumikita nga ang manggagawa ngunit kinukulang pa rin siya. ⁷ Alam ba ninyo kung bakit ganyan ang nangyayari? ⁸ Hindi ako nasisiyahan sa mga ginagawa ninyo. Kaya pumunta kayo sa kagubatan at kumuha ng mga trosong gagamitin sa muling pagtatayo ng Templo upang ako ay masiyahan at doon ay mabigyan ng karangalan.” ⁹ “Umasa kayong aani ng masagana ngunit kayo'y nabigo. At ang kaunting ani na iniwi ninyo ay akin pang isinambulat. Ginawa ko iyan sa inyo sapagkat abalang-abala kayo sa pagpapaganda ng inyong mga bahay samantalang ang Templo na aking tahanan ay pinababayaang ninyong wasak. ¹⁰ Iyan ang dahilan kaya kahit hamog ay hindi kayo napapatakan, at ang inyong mga pananim ay hindi lumalago. ¹¹ Matinding tagtuyot ang ipinararanas ko sa buong lupain: sa mga kabukiran at kaburulan, sa mga inaning butil, sa mga bagong alak sa lahat ng ani, sa lahat ng tao at hayop, at sa lahat ng pinagpaguran ninyo.” ¹² Natakot ang sambayanan kay Yahweh. Kaya't bilang tugon sa ipinasabi nito kay Propeta Hagai, sinunod nina Gobernador Zerubabel na anak ni Sealtiel at ng pinakapunong pari na si Josue, anak ni Jehozadak, gayundin ng buong sambayanang nagbalik mula sa pagkabiha sa Babilonia, ang ipinagagawa sa kanila ni Yahweh na kanilang Diyos. ¹³ Nalugod siya kaya't sa pamamagitan ni Propeta Hagai ay muli niyang ipinasabi sa sambayanan, “Nangangako akong kayo'y aking papatnubayan.” ¹⁴ Simula nga noon, si Yahweh ang nagbigay ng lakas ng loob sa lahat ng nagtatrabaho upang muling itayo ang Templo—hindi lamang ni Zerubabel na gobernador ng Juda at ni Josue na pinakapunong pari, kundi ng buong sambayanang lumaya at nagsibalik mula sa pagkabiha. Sama-sama at tulung-tulong nilang sinimulan ang muling pagtatayo ng Templo ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, ang kanilang Diyos, ¹⁵ noong ikadalawampu't apat na araw ng ikaanim na buwan ng ikalawang taon ng paghahari ni Dario.”

“2:19 Ubos na ba ang mga pagkaing butil sa kamalig? Wala pa bang bunga ang mga puno ng ubas, ng igos, ng granada, at ng olibo? Huwag kayong mabahala sapagkat mula ngayon ay pagpapalain ko na kayo.”

- Ang kahirapan bas a pananalapi ay lagging bunga ng pagiging masuwayin sa Diyos?
 - *Hindi po. Sa katotohanan, si Haring David ay nagreklamo sa Diyos bakit tila бага ay umaasenso ang mga masasama. Ganun pa man, sinabi rin ni Haring David na wala pa siyang nakikita na matuwid na nagutom (Awit 37:25 “Mula pagkabata't ngayong tumanda na, sa tanang buhay ko'y walang nabalita na sa taong tapat, ang Diyos nagpabaya; o ang anak niya'y naging hampaslupa.”).*

Ang mga kahirapan sa pananalapi ay kadalasang paraan ng Diyos upang makuha ang ating atensyon. Kaya kapag tayo ay humaharap sa mga hamon tungkol sa pananalapi ay dapat tayong huminto, suriin ang ating buhay, magsisi kung mayroon mang nagawang mali at manalangin para sa kahabagan ng Diyos. Kung tayo ay magpapatuloy na mamuhay na walang pagsunod sa Diyos, hindi rin dapat nating asahan ang Pagpapala ng Diyos, ni ng Kanyang awa [bagaman ay maaari pa ring ibigay ito ng Diyos sa sinuman kung kanyang pipiliing ibigay ito kahit na sa taong masuwayin – kumento mula sa nagsalin].

HAKBANG NA PAGKILOS

- Magkumit na gagawa ng plano upang mabawasan ang pagkaka-utang kung meron hanggang makalabas o makalaya mula rito.
- Talakayin ang planong gagawin kasama ang buong pamilya at hilingin silang magkumit sa pagtupat ng planong nagawa.
- Manalangin para sa tulong ng Diyos upang makalaya mula sa pagkaka-utang, at asahan ito.

PAGBABALIK TANAW

Tayo ay inuutusan ng Diyos na maging mabuting katiwala tungkol sa pananalapi.

SA MALILIIT NA MGA GRUPO

Gumawa ng listahan na maglalaman ng 10 mga ideya na iyong natutunan mula sa pagsasanay na ito. Alin-alin sa mga ito ang iyo nang nasimulang gawin sa iyong buhay at pamilya? Ano pa ang maaari mong simulang gawin sa iyong sarili at pamilya sa ngayon?

Pag-uulat

Nais ng Diyos na ating ma-enjoy ang buhay na malaya sa pagkaka-utang. Kailan man ay hindi nais ng Diyos na tayo ay maging alipin ng pera o laging mag-alala patungkol sa pera. Kung ating gagamitin ang kasanayan ng mabuting pamamahala sa pera at mananalangin tayo na Kanya tayong bigyan ng pagkamalikhang kakayahan, mararanasan natin ang kalayaang ito.

Manalangin ng sama-sama para sa pagtatapos ng pagsasanay.